MPMMN 3: Together Forever

by pinkyjhewelii

Completed


pastrybug
MR. POPULAR MEETS MISS NOBODY 3:
together FOREVER
PINKYJHEWELII
"Ikaw ang buhay ko. `Pag nawala ka sa `kin, `di ko kakayanin…"
MADE POPULAR BY
wattpad

Table of Contents

1. MPMMN Book 3: Together Forever
2. Chapter 1 ?
3. Chapter 2 ? Sweet
4. Chapter 3 ? Private Life
5. Chapter 4 ? Crush
6. Chapter 5 ? Love
7. Chapter 6 ? Again
8. Chapter 7 ? Bad Mood
9. Chapter 8 ? Text
10. Chapter 9 ? Better Person
11. Chapter 10 ? Twins Debate
12. Chapter 11 ? Kiss Mark
13. Chapter 12 ? Misunderstanding
14. Chapter 13 ? Pervert
15. Chapter 14 ? Shout
16. Chapter 15 ? One Word
17. Chapter 16 ? They're back
18. Chapter 17 ? Huwat?
19. Chapter 18 ? Future
20. Chapter 19 ? Facebook
21. Chapter 20 ? Dying
22. Chapter 21 ? Mess
23. Chapter 22 ? Too Much Sweetness
24. Chapter 23 ? Birthday Party 1
25. Chapter 24 ? Birthday Party 2
26. Chapter 25 ? Divorce?
27. Chapter 26 ? Problem
28. Chapter 27 ? Discipline
29. Chapter 28 ? Guilty
30. Chapter 29 ? Happy Forever

31. Chapter 30 ? Not Now..
32. Chapter 31 ? Europe
33. Chapter 32 ? Stay Strong
34. Chapter 33 ? Surgery
35. Chapter 34 ? Good & Bad News
36. Chapter 35 ? Together, forever
37. Special Chapter
38. Special Chapter II
39. Special Chapter III
40. Special Chapter IV - Part 1
41. Special Chapter IV - Part 2

MPMMN Book 3: Together Forever

Nagsimula sa **SLAVE THINGY.**.

Nag-away..

Nagkulitan..

Nagkatampuhan..

Nagkaasaran..

Nagkasakitan..

Nagpa-kilig sa isa't isa..

at higit sa lahat,

NAGMAHALAN.

At ang pagmamahalang iyon ay nauwi sa isang kasalan.

Confirmed, they are **MARRIED**

They already have **TWINS.**

But what do you think will happen after marriage?

You wanna know what's their life is after marriage?

Magiging mabuting magulang kaya sina Kyle Shin-woo at Chelsea Torres Shin-woo sa kanilang kambal?

Anong klaseng ugali kaya ang mayroon ang kambal?

Kanino kaya sila nagmana?

You really want to know?

Watch out for the KySea's **LIFE AFTER MARRIAGE.**

?

MPMMN 3: Together Forever
Original story by Pinkyjhewelii
Copyright, 2014

Chapter 1 ?

After 5 years..

Chelsea POV

Tik, tok..
Tik, tok..
Tik, tok..

"AAAAAAAHHHHHHHHH!!!!"

Awtomatiko akong napabagon mula sa pagtulog nang marinig ko ang malakas na sigaw ng anak ko.

At nang mapatingin ako sa bandang pinto ng kwarto namin ay nakita ko roon na nakatayo si Chylee. Ang isa sa kambal.

"What happened?" Natatarantang tanong ko.

Tumakbo si Chylee palapit dito sa kama namin. "Nothing Mom. I just wanted to wake you up." Nakangiting sabi nya.

Juskong bata! Halos araw-araw ganyan 'yan. Nakakabingi. Maka-sigaw akala mo wala ng bukas. Hay kanino ba yan nagmana. Psh.

"Chy, wag mo na uulitin yun ha? Bad yun." Sabi ko. *Chy* yung nickname niya and Chylee Hera ang full name nya.

"It's already ten in the morning. I want to go to mall. Please Mommy?" She asked while pouting. Ganyan naman yan, 'pag may hinihiling palaging nagpapa-cute. Kaya diko matiis, e.

Tumingin ako sandali kay Kyle na tulog na tulog pa din dito sa kama namin. May takip kasing unan yung ulo nya tapos naka-dapa sya matulog.

Sunday nga pala ngayon. Family day. Kaya 'tong si Chy, nambubulabog na.

Five years old na ang kambal namin ni Kyle at napalaki naman namin sila ng ayos, kaso kakaiba ugali nila. Grabe lang. Minsan nakakasuko. Kung iisipin mo yung buong tigers, times three ang kakulitan.

Itong si Chylee sobrang ingay, akala mo nakalunok ng megaphone, spoiled brat, pa-sweet, maraming kalokohan, matanong, lahat na yata ng kakulitan nasa kanya.

"MOMMMMYYYY!!!"

Naninigaw na naman ang magaling kong anak. "Yes baby?" Tanong ko.

"I told you already. I want to go to mall." Pangungulit niya.

"Look at your daddy. He's still sleeping." Sabi ko habang nakaturo kay Kyle yung daliri ko.

Ano ang ginawa ng anak ko?

Ayan. Umakyat dito sa kama at tumalon-talon. "DADDDDDDDYYYYYYY!!!!!! AHHHHHHHH!!!!!!"

"FUCK!"

Hala si Kyle nagising na at ang sama ng tingin kay Chylee. Si Chylee naman napatigil sa pagtalon sa kama at kumalong sa'kin.

Natakot yata si Chylee. "Mommy? What is pak?"

Akala ko natakot. Na-curious pala. Pak? Yung FUCK na sigaw ni Kyle yung tinatanong nya. Sinamaan ko ng tingin si Kyle.

"Baby, wala yun."

"No, mommy. Daddy said, pak! What does it mean?"

Eto yung ayoko kay Chylee eh. Napaka-tanong nya. Matalino sya, madali sya maka-absorb ng mga words na naririnig nya. "A-Ah, e-eh, b-baby, yung fuck? That's fuck-fuck! Your daddy wants to have a fuck-fuck! He wants to fly!"

Ang korni ko. Nakakapagsinungaling ako ng wala sa oras. Si Kyle kasi eh. Bakit kailangan pa magmura. Pagtingin ko kay Kyle nagpipigil pa sya ng tawa. Psh.

"Mom, don't make Chy stupid. Fuck is a kind of cuss."

Hala. Andito na pala si Skyler, yung isa sa kambal. Diko man lang namalayan. Basta basta nalang sumusulpot.

"No, Sky. Hindi ko ginagawang stupid si Chy." Sabi ko naman. Kasi yang si Sky, diko alam saan nyan nakuha ang mataas nyang IQ. Grabe sa talino. Hindi sya yung klase ng bata na mauuto mo unlike Chylee. Palibhasa bookworm si Sky. Si Chy, puro laro lang alam.

Si Skyler, mabait na bata, makulit din minsan, protective sya sa kakambal nya, nakuha din nya kay Kyle yung pagiging seryoso at masungit minsan. Pero sweet yan at matanong din tulad ni Chylee.

"Stop that." Awat ni Kyle. "Let's go to mall kids." Sabi nya.

Mukha namang nawala sa isip ni Chy yung *'FUCK"* na narinig nya kay Kyle.

"Yeheeeeyyyy!" Ayun nanakbo na palabas ng kwarto namin yung dalawa. Magpapabihis na yun sa yaya nila. May yaya kasi silang sarili.

"Gummy bear iwasan mo nga magmura!" Naiinis na sabi ko kay Kyle.

"Hindi ko sinasadya. Nakakabingi ang anak mo." Sabi nya.

"Anak mo din yun! Kanino ba nagmana yun!?" Tanong ko.

"Baka sayo baby ko. Tch. Pinakain mo siguro yun ng mega phone."

Sarap din kausap 'tong si Kyle. Nga pala. Siya na ang may hawak ng company nila dito sa Pilipinas. Yung Papa nya nasa abroad inaasikaso ang ibang business nila. Ako? Dakilang housewife. Ayaw ako

pagtrabahuhin ni Kyle, gusto daw nya isa sa'min kahit papaano nakakasama nung kambal sa araw-araw dito sa mansyon.

Dipa kasi pumapasok yung dalawa. Five years old palang kasi. Sabi ni Kyle, tutulong lang ako mag-work sa company kapag pumapasok na yung kambal.

Yung dalawang lolo tuwang tuwa sa apo nila kaya spoiled. Psh. Ayoko nga i-spoil. Kaya ginagawa ko, lagi ko tinatakot 'pag may hinihingi di tulad ni Kyle, isang sabi lang pinagbibigyan agad.

Si Chylee kasi warfreak 'pag hindi nasunod yung gusto. Nagwawala talaga. Pero kahit ganon, takot pa din kay Kyle yun. Sakin hindi. Psh.

"Maligo kana." Sabi ni Kyle.

"Okay." Sagot ko saka kumuha na ng towel. Kailangan namin magbonding every sunday kasi buong week laging wala dito sa mansyon si Kyle. Para hindi lumayo loob nila sa Daddy nila.

Makaligo na nga.

?
Mall

"Mommy I want jollibee." Sabi ni Chylee saka tinuturo yung Jollibee. Namana yata nya sa'kin ang ka-adik-an kay Jollibee.

Naaalala ko pa dati, lagi ako pinapakain ni Kyle ng Jollibee.

"Gummy bear jollibee daw sabi ni Chylee." Sabi ko. Akay nya si Sky, tapos akay ko naman si Chy.

"No. I want Mcdo." Sabi naman ni Sky.

Contrast sila madalas pero sweet naman sila sa isa't isa. Ewan ko ba?

"I want Jollibee!" Sigaw ni Chylee.

Debate na naman yan for sure.

"Mcdo." Seryosong sabi ni Sky. Sabi sa inyo, seryoso yan. Namana kay Kyle. Hindi yan basta basta namamansin.

"Jollibeeeeee!"

Aray ang tenga ko. "Ganito nalang gummy bear, upo muna kami dito sa bench, mag-take out kana lang dun sa jollibee then next sa mcdo." Sabi ko.

"Okay." Sagot ni Kyle saka inalalayan muna kaming umupo.

Ayun na si Kyle pumasok na ng jollibee.

"Hintayin lang natin si Daddy ha? Bibili na sya ng jollibee. Baby Sky, after ni daddy sa jollibee, sa mcdo

naman ha?"

Tumango naman si Sky. Madali kasi yan kausap 'di tulad ni Chy. "Yes Mom."

Hay grabe 'tong dalawa. Para akong nag-anak ng isang buong team ng tigers. Dalawa lang 'to pero nakakasuko minsan.

Napatingin ako sa gawi ni Kyle na papalapit na sa'min dito sa bench dala ang plastic ng jollibee.

"Here's jollibee baby." Sabi ni Kyle kay Chy saka inabot yung plastic.

Nakatitig lang si Chy sa plastic. Di nya kinukuha kay Kyle. "What's wrong baby?" Tanong ko.

"I want Jollibee."

Huh? "Ayan na ang jollibee baby." Sabi ko.

Si Kyle naman ngumiti. "Here's jollibee baby. Look oh... it's jollibee." Sabi ni Kyle habang tinuturo yung printed picture ni Jollibee sa plastic.

"I want jollllliiibeeeee!"

Ano bang nangyayari sa anak ko? Bipolar yata. Namana kay Kyle. "Baby eto na ng---"

"She wants jollibee." Biglang singit ni Sky.

Tumingin naman ako kay Sky. "Eto nga oh, jollibee 'to. Diba Sky?"

Kyle cleared his throat and looked at Chylee. "Baby, ano pang gusto mo? Ayaw mo ng fries? Spaghetti? Burger?"

"I w-want jollibee...

Umiiyak na si Chy. Ano bang sinasabi nitong jollibee? Nakaturo pa sya dun sa jollibee mismo.

"Mom, Dad, Chylee wants Jollibee. That jollibee's statue. That big one at the entrance." Sabi ni Sky.

Ano daw!?

Sabay kaming napatingin ni Kyle sa tinuro ni Sky at doon lang nag-sink-in sa utak ko yung sinasabi nyang statue ni jollibee.

"Si Jollibee!?" Napasigaw ako.

Tumango si Chy. Ohmy! Gusto nya ay yung statue ni Jollibee?

"Okay baby we'll buy that. Let's go." Sabi ni Kyle saka binuhat si Chylee.

"Teka lang Kyle. Sure ka? Hindi naman yan binebenta! Display yan dyan ano kaba?"

"Chylee want that one. I need to buy that for her. Dahil kung hindi, alam mo na."

Oo nga, alam ko na. Magwawala yan dito. Pero di nga? Seryoso talaga si Kyle na bibilhin nya yung statue ni Jollibee? Langya naman kasi. Ba't ba ganyan mga trip ng anak ko!?

Makukunan ako sa mga yan kahit di naman ako buntis. Grabe. Si Kyle talagang sinusunod nyan lagi ang gusto ng kambal. Ako taga-pigil lagi.

"Mom, let's go to mcdo." Sabi ni Sky.

I sighed. "Sige. Let's go."

Sa mcdo nalang muna kami. Bahala na si Kyle makipag-usap dun sa manager ng jollibee. Kung ibebenta ba yung statue na yun. Hays. Saan naman yun ilalagay sa mansyon? Baka mapagkamalang fast food ang mansyon 'pag may nakatayong jollibee dun.

Hay. Anak ko nga naman.

?
Shin-Woo's mansion

KAKAUWI lang namin dito sa mansyon. Grabe. Ilang paperbags at plastic na naman ng toys ang nabili namin. Grabe kasi si Kyle, lahat ng kinukuha ng kambal okay lang sa kanya. Hindi nya nga tinitingnan yung price man lang.

Grabe talaga. Sinusuway ko minsan yung kambal kaso ayaw paawat. Alam kasi nila na maraming pera ang daddy nila.

"Papunta tigers dito." Sabi ni Kyle na hawak ang phone nya. Baka nagtext ang tigers. Gawain na nila yun. Every sunday, pumupunta sila dito para makipagkulitan sa kambal. Tuwang-tuwa kasi sila pero minsan, suko din sila.

"Okay." Sabi ko saka tumingin sa kambal na magka-holding hands. Sweet yang mga yan eh. Mahilig nga lang mag-debate minsan.

"Manang kape." Utos ni Kyle kay manang. Nakaupo kami dito sa salas. Kasama ang kambal na binubuksan na yung mga nabili nilang toys. Sa carpet sila nakaupo. Kami ni Kyle dito sa sofa.

"Gummy bear, baka masobrahan kana sa kape. Kapag gabi, nakakailang kape ka." Puna ko. Madalas na kasi yan mag-kape lalo na 'pag may tinatapos syang report para sa company.

"Kailangan ko yun baby ko." Sabi ni Kyle.

"Masama yun gummy bear. Dapat may limit lang." Sabi ko.

"Tch. Hindi yun masama. Wal---"

"Dad, do you know that caffeine stimulates the central nervous system, alleviating fatigue, increasing wakefulness, and improving concentration and focus? But too much coffee can lead to some unpleasant effects. Like nervousness, insomia, fast hearbeat, etcetera.."

Ako -___-

Kyle -____-

Spell Sky. NOSEBLEED.

Nabanggit ko naman na mataas ang IQ ni Sky. Ganyan sya. Lagi syang may explanation sa lahat. Hindi ka pwedeng makipag-debate sa kanya dahil mano-nosebleed ka ng bongga. Grabe sa talino ang anak ko. Bukod sa likas na matalino, mahilig pa magbasa at manood ng mga educational videos sa internet. Tandaan, 5 years old lang yan pero isip nyan, pang-teenager na.

"Okay. Manang hindi na'ko magkakape!" Sigaw ni Kyle.

Hahaha. Kita mo, wala kasi maisagot si Kyle sa anak nya. Kala nya ha. Minsan nakakatulong din yang si Sky eh.

"Yow!"

Napatingin kaming lahat sa pinto. Sino pa ba?

"Tito tigerssss!" Sigaw ni Chylee saka sumalubong sa tigers. Tito tigers tawag nya kapag lahat sila magkakasama. Haha.

Si Sky naman sumalubong din pero tahimik lang. Hindi yan maingay tulad ni Chy.

Yung kambal close sa lahat pero hindi naman nawawala yung favoritism. Si Chylee super close talaga yan kay James dahil sa ugali, jolly kasi. Si Skyler, baka di kayo maniwala kung sinong pinakagusto nyan sa tigers, no other than -- Lance. Oo tama kayo ng basa. Si Lance Abellano na asawa ni Yumiko Hayashi. Psh. Tanungin mo si Sky bakit si Lance pinakagusto nya? Ang isasagot nyan, *'because he's so cool like Dad.'*

Ganun. Diba nga si Sky, medyo may pagka-masungit at suplado, ganon. Basta. Hirap espilengin minsan ang mga anak namin ni Kyle.

"Yow kidsss!" Sabi ni Luke.

"Stop saying *"Yow".* You're not a rapper." Masungit na sabi ni Sky.

Hahahaha. Lagi nga palang basag yang tigers sa kambal.

"Oo na Sky. Sorrrryyyy poooooo!" Ginaya pa ni Luke yung 'sorry po' ni chichay. Haha.

"HAHAHAHA!!"

Napuntahan sila dito sa salas including, Drei, Jerome, Ken, Kit, Oliver, Lyndon, Luke, at si Cavill.

peepeeeeeppp

Uy ano yun? Busina?

"Sir, jollibee delivery daw po!" Sabi ni manang kay Kyle. Si Kyle ayun lumabas na.

Hulaan nyo? Diba pinabili ni Chy yung statue ni Jollibee? Akalain mong nabili nga ni Kyle? Grabe talaga. Ewan ko lang paano nya napilit yung management. Kaya ayan idedeliver na si Jollibee. Di naman kasi namin maiuwi yun kanina. Kotse lang dala namin.

"Jollliiibbeeee!" Excited na sigaw ni Chylee.

"Yown! Ayos. Makakakain pa nga tayo. Gutom na din ako eh." Sabi ni Jerome.

Ano daw? Akala ba nila pagkain? Haha.

Maya-maya may apat na lalaking buhat buhat na si Jollibee papasok ng mansyon.

"WHAT THE----"

Napatingin ako sa tigers, NGANGA sila. Haha.

"Ampu! Akala ko pagkain na. Langya! Literal na jollibee pala. Si jollibee ang dineliver at hindi pagkain!? Anong trip ng anak nyo Chelsea?" Hindi makapaniwalang tanong ni Jerome.

"Parang di mo pa kilala yang kambal." Sabi ko.

Sa loob ng limang taon andyan ang tigers, tumutulong pa nga yan mag-alaga sa kambal. Naaalala ko pa nung bininyagan ang kambal, ninong silang lahat.

Gusto nyo ba malaman gifts nila?

Next time nalang. Yung iba muna sasabihin ko. Baka malula kayo eh.

Si Jerome, nagpagawa yan ng amusement park para sa kambal. Para sa kambal lang yun. Grabe.

Si Cavill naman isang balikbayan box na puro chocolates na mamahalin. Example, ferrerro, hershey's at kung anu-ano pa. Hanggang ngayon nga di pa nauubos sa dami. Limang taon na nakakaraan. Pero syempre joke lang. Ubos na. Tumagal din yun ng dalawang taon bago naubos ng kambal. Haha.

Si Drei naman collection ng mamahaling toy cars galing States para kay Sky kasi mahilig sya dun tapos kay Chy, iba't ibang klaseng laki ng barbie na imported din galing pang Paris.

Si Oliver naman, niregaluhan nyan ng trip for 50 person sa hongkong disneyland. Ayun, nagpunta kami lahat nun dati. Haha.

Yan muna sa ngayon, nalulula ako sa yaman ng tigers. May mga girlfriends na yang mga tigers pero hindi ko alam kung ilan. Haha. Playboy eh.

Yung iba next time ko na iku-kwento, nakakapagod. Mahaba pa naman ang oras para ikwento ko next time lahat ng happenings for the past five years.

Basta ngayon, sumasakit ang ulo ko sa kambal. Pero mahal na mahal namin ni Kyle ang anak namin. Syempre, genes namin yan.

Hindi ko nga pala nabanggit, ang ganda-ganda ni Chylee at ang gwapo-gwapo ni Skyler. Mana sa'min ni Kyle. Hoho!

"Mommmmmmyyyyyy!"

=_=

Sige na. Nag-e-eskandalo na naman ang anak ko. Bye!

**

A/N: Ngayon, anong masasabi nyo sa kambal? Haha. Wag kayong magmadali okay? May mga susunod pang chapters. Kalma lang :)

Chapter 2 ? Sweet

Chelsea POV

"Moooommmmyyyy!"

Oh ayan na naman ang anak kong pinaglihi ko yata sa megaphone. Maka-sigaw kala mo sobrang layo namin sa isa't isa. Haha.

"Yes baby?" Sabi ko habang papalapit kay Chylee. Andun kasi sya nakatayo sa unang baitang ng hagdan.

"Let's go to my room. Jollibee is there!"

=_=

Dun talaga nya pinadala yung statue ni Jollbee sa kwarto nya. Ano yun? Paggising nya sasabihin nya, *"Sa jollibee, bida ang saya!"* Haha. Natatawa ako sa naiisip ko.

Kakausapin ko nga mamaya ng masinsinan si Kyle. Nagtataka pa din ako pa'no nya napapayag management na ibenta sa kanya yun. Si Chylee kasi spoiled masyado sa Daddy nya.

"Sama kamiii!" Sigaw ng tigers.

"No! I don't want." Sigaw ni Chylee.

"Bakit naman baby?" Tanong ko.

"Kasi mommy baka kunin nila si jollibee. I heard tito Jerome, he wants jollibee."

=_=

"Baby Chylee yung pagkain ang gusto ko! Hindi si Jollibee. Hindi ko naman yan makakain." Katwiran ni Jerome.

Haha. Talaga 'tong anak ko. **"Sige na baby susunod na si Mommy."** Sabi ko tapos tumingin ako sa tigers na nanunuod kay Sky, binubuo kasi ni Sky yung nabili namin sa mall kanina na car. Kailangan pa i-assemble.

"Sky, ako na dyan." Sabi ni Luke.

"No." Mabilis na sagot ni Sky.

"Hindi yan ganyan Sky, dapat gan--"

"Don't be excited. I can do it on my own. I'm not dumb." putol ni Sky sa sinasabi ni Luke.

=_=

Hahahaha. Ano sila sa Sky ko?

"Oo napo Kuya Sky. Matalino ka nga pala. Si Tito kasi bobo." Sabi ni Luke na mukhang ewan. Haha. Basag eh.

"Hahahahahaha. Ge Luke makialam kapa ha? Parang dimo alam ga'no kataas IQ nyang si Sky, nagmana yan sakin." Natatawang sabi ni Drei.

"Hindi po ako nagmana sa'yo tito Drei. I know you're not smart as I am. I haven't see you reading a book, you're always texting with your girlfriend."

O____O

Anong sabi ni Sky?

"Hahahahahahaha."

Ayun nga, basag din si Drei.

"Sobra naman pooooo!" Bata-bataang sabi ni Drei. Haha.

"Guys, taas lang ako. Kayo muna bahala kay Sky." Sabi ko.

"Sige lang Chelsea, mamaya pagbaba mo dito duguan na ang ilong namin dito." Natatawang sabi ni Cavill.

Ngumiti lang ako at umakyat na. Palapit nako sa kwarto ni Chylee. Magkatabi nga pala kwarto nila si Sky, pero may pinto sila sa gitna. Yung para magka-connect. All pink ang kwarto ni Chy, all blue naman kay Sky. Puro manika at laruan kwarto ni Chy, cars, action figures and books naman kay Sky.

Naglalakad pa'ko dito sa hallway ng..

O_____O

Si Jollibee dun pinwesto sa labas ng pinto ni Chylee.

=___=

"Mommyyyyyy! Look. He's really cute." Sabi ni Chy na ngiting-ngiti may kasama pang lundag. Si Kyle andito, inayos si Jollibee. Nakababa na din yung taga-jollibee na nagdala dito.

Tumingin ako kay Kyle. **"Bakit dyan?"**

He smiled at me. **"Yun gusto ng anak natin eh. Alam mo naman kailangan masunod."**

=_=

"Baby Chy, gusto mo sa loob nalang si Jollibee? Kasi 'pag dito sa may pinto mo, magmumukhang fast food chain ang kwarto mo." Totoo naman. Baka pag nakita ko yan, mapagkamalan kong nasa mall ako at nasa jollibee. Haha.

"No. I don't want. I want it here." Nag-puppy eyes pa nga. Pa-cute talaga.

"Hayaan na natin baby ko." Sabi ni Kyle sakin saka ipinulupot ang kamay nya sa waist ko.

"Aarrghhh! Dad don't flirt with Mom in front of me!"

=____=

"I'm not flirting with your Mom. Okay? Daddy is just being sweet to Mom. Is it bad?" Tanong ni Kyle. Bumitaw na sya sakin tapos humarap kay Chy.

Umiling si Chy. **"No Dad."** Inosenteng sagot nya.

Ginulo ni Kyle ang buhok ni Chy. **"Good girl. Are you happy baby?"**

Yumakap bigla si Chy sa binti ni Kyle. Ang liit nya kasi eh. Haha. Tapos nakatayo si Kyle. **"Thank you Dad. I love you. Come here, I want to kiss you!"** Nakapout na sabi ni Chy. Umupo naman si Kyle para maabot sya ni Chy at ayan nga hinalikan sya sa pisngi. Sweet na bata.

Napapangiti ako habang pinapanood sila. For the past five years, mula ng ipanganak ko ang kambal, nakita ko talaga Kyle yung pagiging responsableng ama sa kanila. He's sweet at nakikipaglaro sya sa kambal kahit minsan pagod na sya galing kompanya. At ganito nga, 'pag sunday nilalaan nya talaga oras sa'min.

Masyadong mahabang panahon ang five years. Madami ng nangyari. Natapos kami ng college. Business Management pareho kami ni Kyle. Nauna nga lang sya nag-graduate non sa'kin kasi nung nanganak ako, nag-stop muna ako ng isang sem. Pero ayos naman, at least graduate na.

Naaalala ko pa noon, si Kyle talaga ang nagpupuyat para ipagtimpla yung babies namin ng gatas 'pag nagigising sa madaling araw. Minsan ako ang gumigising, nagagalit sya. Ayaw nyang mapupuyat ako. Kaya sya nagpe-presinta.

Nakakatuwa nga eh. Diko akalaing magiging ganon ka-responsible si Kyle. And ang nakakatuwa lang sa loob ng limang taong lumipas, wala kaming pinag-awayang malaki ni Kyle. May konting tampuhan minsan pero hindi naman naabot sa malaking away.

"MOMMMMMMYYYY!!!!"

O_o

Makasigaw talaga. **"Yes baby?"**

"You're not listening. I said, kiss daddy." Sabi ni Chy

=_=

Tumingin ako kay Kyle. **"Kiss daw."**

Lumapit sa'kin si Kyle tapos hahalikan na'ko sa lips nang..

"AAAAAHHHHHHHHH!!!!!!!"

O_____O

"DAMN IT!!!"

O____O

Paktay. Nagmura na naman si Kyle. Slow motion akong tumingin kay Chy, nararamdaman ko magtatanong na naman yan.

"Mom, what is damn it?"

=__=

Sabi na nga ba eh. Tumingin ako kay Kyle at tiningnan sya ng masama. Aba, parang natatawa pa. Ganyan yang si Kyle, kapag may mga tanong si Chy na out of nowhere, sa halip na tulungan ako tinatawanan pa'ko eh. Psh.

"A-Ah, baby ano.."

"What was that Mom?"

=_=

"Y-Yung damn it? Ano, ah..damit, tama! DAMIT yun baby! Gusto ni daddy ng bagong damit!" Pagsisinungaling ko tapos tumingin ako kay Kyle. **"Diba daddy?"**

"Yes baby, gusto ni daddy ng bagong damit." Pag-sang-ayon ni Kyle.

Psh. Kala ko tatanggi eh. Halata kasing nagpipigil ng tawa.

"Okay mom, dad."

"Pero teka, bakit ba bigla kang sumigaw baby?" Tanong ko.

"Because dad will kiss you on your lips."

=_=

"What's wrong with that baby? You told Mom to kiss me right?" Si Kyle nagtanong.

"Only on cheeks dad." Naka-pout na sabi ni Chy.

Kiss na lang pinagdamot pa ng anak ko. Talaga naman.

"Okay baby." Sabi ni Kyle then lumapit sa'kin at hinalikan ako sa pisngi.

Pero nagulat ako sa bulong ni Kyle.

"Mamaya ka sa'kin sa kwarto baby ko..."

O_____O

Pagtingin ko kay Kyle, ngiting-ngiti. Psh. Ganyan yan, may time na sobrang lambing talaga. Yung gusto nya kami lang sa kwarto namin. Minsan kasi ang kulit ng kambal eh, ginugulo kami.

"HAHAHAHAHAHAHAHA!!!"

O_O

Oh ano yun. Ang lakas ng tawa ng tigers sa baba. **"Baba muna tayo baby?"** Sabi ko kay Chy.

"Yes mom."

Ngumiti ako saka inakay si Chy, kasunod namin si Kyle.

Pagdating namin dito sa salas, si Drei nakahiga sa carpet.

"Oh, nangyari sayo?" Tanong ni Kyle.

"Hahahaha. Kasi captain na-sample-an yan ni Sky ng nakakadugong english. Hahaha." Sabi ni Oliver.

"Sky, what did you do to Tito Drei?" Tanong ni Chy.

"He's insisting to assemble this car. I told him, I can do it. Then he told me he will buy me lot of chocolates. Then I said, eating large amounts of chocolate can do more harm than good, no matter how good it tastes. The most obvious side effect of eating too much chocolate is calories."

=____=

Sabi naman sa kanila, matalino talaga si Sky. Hahaha.

"Hahahaha. Good boy Sky." Sabi ni Kyle saka umupo sa carpet at ginulo buhok ni Sky.

"Captain naman ano ba pinakain nyo dyan kay Sky? Sobrang talino. Gusto ko din kainin kinakain nya para maging matalino din ako." Tanong ni Oliver.

"I am smart because I love reading books and watching educational videos. You can't be smart by watching porn videos."

O_____O

Anong sabi ni Sky? P-Porn? Paano nya nalaman yun?

"Sky, where did you know the word porn?" Seryosong tanong ni Kyle.

"Tito Luke." Sagot ni Sky.

Tumingin si Kyle ng masama kay Luke. Si Luke naman nakataas na kamay, yung parang sinasabi nyang *'suko nako'*

"K-Kasi captain nahuli ako ni Sky na nanunuod ng porn. Ayun tinanong nya kung ano pinapanood ko, bakit daw ayaw ko ipakita sa kanya, sinabi kong porn yun at bawal sa bata."

"DAMN YOU!! Wag na wag nga kayong gagawa ng kabalastugan sa harap ng kambal. Tch." Sigaw ni Kyle.

"Sorry captain!"

"Mommy what is damn you?"

=___=

Itong si Chy kahit kelan talaga. Bakit laging sa'kin nagtatanong? **"A-Ah, baby ask your Daddy."** Sabi ko. Wala na'ko maisasagot eh. Haha.

"Hahahahaha. Baby Chy damn you is..a-ah, mali ka ng rinig. It's banyo. Your daddy wants to go to banyo! Oha! Oha! " Tuwang tuwang sabi ni Oliver.

=___=

"Chy, damn you is a kind of cuss. That's bad so don't speak that word."

=___=

Si Sky pahamak talaga.

"That's enough." Sabi ni Kyle. **"Let's play."**

"Yeheyyy! Play, play!" Sigaw ni Chy.

"Tara kids!" Sigaw ni Jerome.

Ang natira nalang nga pala na tiger dito ay sina Jerome, Luke, Oliver at Drei. Nag-uwian na siguro yung iba, mga businessman na din kasi ang tigers. Di lang halata sa kanila kasi maloloko. Haha.

Ayun naglaro na sila. Parang mga bata ang tigers. Pati si Kyle na ngayon ay ginagawang kabayo ni Chy. Haha. Ang cute nila tingnan. Ako nakaupo lang dito sa sofa, pini-picturan ko sila. Ang cute talaga eh.

I never imagine for having a family like this. Super blessed talaga ako. Bukod sa swerte na'ko sa mga anak ko na lumaking matalino at mabait, swerte pa'ko sa asawa ko na si Kyle. Sya na yata ang best husband in the whole world.

That's why I loved him that much.

--

Kinagabihan..

"Baby ko.." Si Kyle naglalambing. Andito kami sa kwarto namin. Nakahiga habang nanunuod ng TV.

Ang kambal tulog na, napagod din kanina kakalaro.

"Hm?"

"Kiss me." Sabi ni Kyle. Ganyan na yang si Kyle.

Tumagilid ako at humarap sa kanya. I grab his head then kiss him. He response on me torridly.

Kahit limang taon na ang nakalipas, still, walang nagbago sa ka-sweet-an ni Kyle.

Palalim ng palalim yung halik ni Kyle hanggang sa nararamdaman ko yung paggala ng kamay nya sa katawan ko. He stop kissing me then he kiss my ears and whisper.

"I want you baby ko..." Husky na sabi nya.

Mag-asawa kami kaya wala ng malisya sa'kin yun. Di na'ko tulad dati na nagugulat 'pag sinasabi yan ni Kyle. Ngayon, natural nalang yun.

"Go on.." Sagot ko. Ayokong dini-disappoint si Kyle pagdating sa ganitong bagay. Kapag gusto nya, pinagbibigyan ko sya.

Syempre, mahahawakan ko na naman ang walang kamatayang ABS ni Kyle. Hoho! Five years na pero wala, adik pa din ako sa pandesal ni Kyle na lalong nag-build-up.

Kyle kiss me then go on my top. It was a deep kiss at nararamdaman kong eager na syang may mangyari samin ngayong gabi.

He's about to take off my shirt..

TOKTOK

"MOMMMMMMM!!! DADDDDDDYYYYYY!!"

=___=

"Shit."

"Buksan mo na ang pinto." Sabi ko kay Kyle. Istorbo talaga yang si Chy.

Hinalikan muna ulit ako ni Kyle bago sya tumayo para pagbuksan ng pinto ang sumisigaw kong anak.

At ayan, pagbukas ng pinto, takbo agad sa'kin si Chy dito sa kama.

"Why baby? What's wrong?"

"I can't sleep. I want to sleep here."

=____=

Tumingin ako kay Kyle. He looks upset. Haha. Eh kasi ang anak nya, istorbo eh.

"Baby, you should learn to sleep alone on your room." Sabi ni Kyle.

"But dad.." Parang naiiyak na si Chy.

eccckkkk..

O_O

Si Sky andito din. **"Why baby?"**

"I want to sleep here mom, dad."

=____=

"Tch. Kids, go back to your rooms." Sabi ni Kyle.

Sa halip na sumagot yung kambal? Ayan nahiga na dito sa kama namin at pumikit.

=___=

"Hayaan mo na." Sabi ko kay Kyle.

"Tch. Fine. I love you." Sabi ni Kyle sa'kin saka ako hinalikan.

"I love you too." sagot ko.

Nahiga na kami. Bale nasa gitna namin yung kambal.

Akala ko talaga tulog na'tong dalawa, nakapanggulo pa din sa'min. Well, better luck next time Kyle.

**

A/N: Sa gilid yung picture ng mag-ama :) Credit to Admin.GummyBear from MPMMN page.

Chapter 3 ? Private Life

Chelsea POV

Panibagong araw. Si Kyle pumasok na sa work. Sa kompanya nila. Ang kambal tulog pa sa kwarto namin.

Naaalala ko kagabi, hindi ko alam kung matatawa ako o hindi sa itsura ni Kyle. Inis na inis sa kambal eh. Haha. Kasi naman. Muntik ng..alam nyo na. Tapos biglang um-entra yung kambal. Haha. Nabitin tuloy si Kyle.

Andito ako sa kusina, minsan ako nagluluto ng breakfast para kay Kyle. Mas gusto daw nya luto ko kesa chef dito. Diba nga may sarili silang chef dito. Psh.

Nag-aayos lang ako dito sa kusina. Kasi kakaalis lang din ni Kyle kani-kanina.

"Sissssss!!"

Si Mandy nakakabingi. **"Oh sis, naligaw ka?"** Sinalubong ko sya. Ganyan na yan. Diretso pasok sa loob ng mansyon. Hindi naman yan iba sa'kin. Sis na nga tawagan namin. Haha.

Engage na nga pala yan. Hulaan nyo sinong groom?

Tandararan!

No other than but Ken ng Tigers.

Pero syempre joke lang yun. E'di napatay yun ni James. Haha. Oo si James. Kaso ang alam ko, nasa Korea ngayon si James for business trips. Sabi ko naman, busy na talaga sila sa mga works nila.

"Namiss ko yung kambal eh. Saka nabo-boring ako sa mansyon. Natatamad naman akong pumuntang company. Ewan ko ba. Parang wala akong energy kapag wala dito si James."

Awtsu. Nakerengkeng. **"Ibig sabihin, energizer mo si James ganon?"** Biro ko.

"Exactly!"

Kita mo 'to. Aminado. In love talaga. Haha. Parang dati lagi silang away-bati nyan. Dinaig pa nga ang aso't pusa. Tapos ngayon, grabe. Ang masasabi ko lang, masyado silang attached sa isa't isa.

"Tulog pa ang kambal." Sabi ko.

"It's okay. May dala akong ingredients. Gagawan ko ulit sila ng cake." Sabi nya. Diko napansin may dala pa syang malalaking paperbags. Ganyan yan, pag pumupunta dito, pinagbe-bake nya ng cake ang kambal.

Hulaan nyo anong gift ni Mandy sa kambal nung binyag? Tumataginting na kwintas. Hindi lang basta kwintas. Diamond ang bato. Sa Europe pa yun binili. Tig-isa yung kambal non.

"TITA MANNNDDDYYYY!!"

=_=

Gising na ang pambansang megaphone ng Shin-Woo family. Introducing, my baby girl -- Chylee. Haha. Nakakabingi talaga yang anak ko na yan.

Ganyan ba ako dati? Parang diko matandaan.

"Hello baby. Where's Sky?" Tanong ni Mandy.

"Still sleeping. Are you going to bake a cake for us?" Kumikinang pa mata ni Chylee.

"Yes baby." Sagot ni Mandy.

"Where's Tito James?" Tanong ni Chy. Syempre, favorite.

Nga pala, baka nagtataka kayo na Tito ang tawag nung kambal sa tigers instead of Ninong. Di daw nila trip sabi ng tigers. Tito ang itinuro nila sa kambal na itawag sa kanila. Ewan ko ba. Haha.

"Nasa Korea." Sagot ni Mandy.

"Tito James don't like you na Tita Mandy? He is looking for other girl na?"

=___= itsura ni Mandy

Hahahaha. **"Baby no. May work lang si Tito James don."** Ako na sumagot. Itsura ni Mandy eh. Haha.

"Hello Tita Mandy."

Napatingin naman ako sa palapit sa'min. Ang Kyle the second. Ang aking baby boy na si Skyler.

"Hello Sky."

"Why are you here?"

"Kasi po, namiss ko kayong dalawa." Pagkasabi nyon, kiniliti ni Mandy yung kambal.

"HAHAHAHAHA"

=___=

Ayun naghabulan na silang tatlo habang kinikiliti pa din ni Mandy yung dalawa. Nakakatuwa silang panoorin. Diko din akalain na dadating sa ganitong point. Parang dati lang, magkaribal kami ni Mandy. At yung fact na di namin matanggap na half-sister kami. Pero ngayon, close na close na kami.

Krinnnggg..

I look at my phone. Huh? Si Kyle tumatawag. Bakit kaya.

"Hello?"

[Baby ko, maghanda kayo ng kids. Pauwi na'ko. We're going to Batangas. Sa resort natin. Nagkayayaan ang tigers. Puro sila walang trabaho ngayon. Break daw muna sila. Ako lang meron. Pero dahil ako ang boss, nag-leave ako. One week tayo don.]

O____O

"Agad-agad gummy bear!?"

[Oo nga. Sige na. Mag-ayos na kayo. Yung kambal, ipaghanda mo na ng mga gamit. Malapit na'ko. I love you.]

"Okay sige. I love you too."

toot toot

Grabe 'tong si Kyle. Agad agad? May outing kami? One week? Psh. Iba talaga 'pag boss eh. Kahit kelan gusto mag-leave.

"Mandy! Sama ka. Tumawag si Kyle. Batangas daw tayo. Ngayon ang alis, one week tayo don."

"WHAT?"

"Agad-agad diba? Haha. Mga tigers daw nagyaya eh. So ano, uwi kana. Maghanda ka na ng maleta mo." Sabi ko.

"Psh. Kung kelan namang wala si James." Lumungkot pa mukha nya. Nakow naman!

"Sinong may sabing wala ako?"

O_____O

"Tito Jamesssss!!!"

Nauna pang sumalubong si Chylee kay James. Si Mandy mukhang na-shocked. Haha. Bigla ba namang susulpot si James dito.

"Na-miss mo'ko baby Chy?"

"Yes Tito. Lalo napo si Tita Mandy. She really missed you. She said she wants to kiss you so badly."

=___=

Nag-imbento na naman ang magaling kong anak.

"Talaga? Sinabi yun ni Tita Mandy mo?"

"Yes Tito! Where's my pasalubong?" Tanong ni Chy.

Yang si Chylee basta alam nyang galing ibang bansa ang isa sa tigers o kahit sino sa mga Tito's nya, humihingi sya ng pasalubong.

Nga pala, wanna know kung anong regalo ni James sa kambal nung binyag? Yung isa sa pinakamahal na pusa sa buong mundo, million ang halaga nun pero alam nyo ba kung nasaan? Two years ago, namatay. Si Chylee ba naman nilunod. She keeps on asking na tunuturuan lang naman daw nyang lumangoy yung pet nilang cat. Psh. Bukod sa naawa ako sa pusa, nanghinayang ako sa pinambili nun. Ganon kayaman sina James. Grabe!

"Later baby. Okay? I need to hug your Tita Mandy first. Look oh, nakasimangot na sya." Sabi ni James saka lumapit na kay Mandy at niyakap. With kiss pa. Haha. PDA.

"Hey Tito James! Where's Tito Lance?" Tanong ni Sky.

"Wala eh. Nasa Japan sila ni Tita Yumiko mo." Sabi ni James.

Tumingin sa'kin si Sky. **"Mom I want to go to Japan now."**

=_____=

"No baby. They're busy. Diba Tita Yumiko is pregnant? So let us not bother them okay?" Sabi ko.

Five months na yata sina Lance at Yumiko sa Japan. Dun daw muna sila habang nagbubuntis si Yumiko. Grabe no? Ako five years old na anak ko tapos si Yumiko manganganak palang.

Hindi! Honestly, sad to say, pangalawa na nila yun. Yung panganay nila, nasa heaven na. Ayoko nalang i-kwento. Private life nila yun. May pagkakataon naman na sila ang mismong magku-kwento about their life. Ayoko silang pangunahan. Sana nga okay yung pagbubuntis ni Yumiko. Alagang-alaga ni Lance yun. Syempre na-trauma na yun. Ayaw ng maulit yung nangyari sa first baby nila.

Sina Adrian at Janna naman, may anak na din. Two years old na. Nasa Canada sila. Doon nag-stay pero alam ko uuwi sila sa christmas. Ayoko din munang mag-kwento about sa kanila. Nagmumukha nakong tsismosa dito. Haha.

"Okay Mom."

"I'm home!" Si Kyle na yan.

"DAADDDDDYYYYYYY!!!!!"

Ayun yung kambal. Sinalubong na yung daddy nila.

"Sis, una na kami ni James. Mag-iimpake na kami para mamaya. Tatawag nalang kami." Sabi ni Mandy.

"Okay. Ingat kayo. Oy James ingatan mo yang kapatid ko." Sabi ko.

"Oo naman. Ito pa!" Kumindat pa si James tapos ayun umalis na. Nagkiss lang sila sa kambal saka nagpaalam din kay Kyle.

"Sabi ko mag-ayos na kayo ah." Sabi ni Kyle saka nya ako hinalikan sa pisngi.

"Kausap ko pa kasi si James at Mandy." Sabi ko.

"Tch. Kids, gusto nyong mag-swimming?"

"Yaaaaa! Yes daddy!" Sigaw ni Chylee.

"Chy stop shouting! Aww! My eardrums." Reklamo ni Sky.

"Your so OA Sky. Psh. Let's go na daddy!" Sabi naman ni Chy.

"Oo na. Go to your rooms. Susunod kami ni Mommy. Ihanda nyo na yung mga gusto nyong dalhin dun."

"Yes dadddyy!" Ayun tumakbo na yung kambal.

Lumapit agad sa'kin si Kyle saka ako niyakap. **"Siguro naman masosolo na kita mamaya sa resort?"** Nag-smirk sa'kin si Kyle.

>.<

"Gummy bear.."

"Tch. Pababantay ko sa tigers ang kambal. Bahala silang mga single. Basta solo muna kita mamaya ha?"

=___=

"Oo na gummy bear."

"Ayaw mo baby ko?"

"Wala akong sinabing ayaw ko gummy bear."

He kiss me. **"Good."** Sabi nya saka hinalikan ako ulit. It was a torrid kiss. Na-miss ko rin yung ganitong lambingan namin ni Kyle. Minsan kasi 'pag maglalambingan kami, laging sumisingit yung kambal.

Palalim na ng palalim yung halik ni Kyle. Ako, nagre-response lang.

"Mom, Dad, kitchen is for eating. Kissing is not allowed here. That should be done on your room. Not here. That's public display of affection. That's bad."

O____O

Napatingin kami ni Kyle sa nagsalita. Sino pa ba?

SKY naman eh! Abala talaga!

**

A/N: Next UD will be their Batangas Escapade! Can still remember sa book2? Yung nag-batangas din sila? Abangan.

Chapter 4 ? Crush

Batangas..

Chelsea POV

"YAAAAAA! The sky is blue. The ocean is blue. The sand is brown. The shells are white. Tito Luke's brief is spiderman!"

=____=

Nabibingi ako kay Chylee. Kanina pa yan sigaw ng sigaw kung anong mapansin nya. Dito kasi kami lahat sa tabing dagat dito sa resort sa batangas.

"Baby Chy, 'di naman spiderman ang brief ko." Sabi ni Luke na 'di maintindihan ang itsura ng mukha. Nakapoker face na ewan. Haha. Sya kasi napagti-trip-an ngayon ni Chy eh.

"I saw it on your iPad. On the gallery, you're wearing spiderman brief. You're with girl pa nga who's nake--"

"Hehe. Captain, walang sinasabi si baby Chy." Tinakpan ni Luke yung bibig ni Chy saka pangiti-ngiti.

Ano ba yung sinabi ni Chy?

"Don't cover her mouth Tito Luke. We heard it clear. You're with a naked girl on your photos." Sabi ni Sky.

O____O

Nakita ni Chy?

"DAMN YOU Palermo!" Sigaw ni Kyle. Si Luke mabilis na tumakbo sa dagat at napalangoy ng wala sa oras. Haha. Pero, di nga? Nakakita ng naked woman si Chy sa gallery ng iPad ni Luke?

"Mommy, daddy wants to go to banyo."

=_=

"Baby wala naman sinasabi si Daddy na gusto nyang pumuntang ban--"

"But he said, damyu palermo! Why mom? He wants Tito Luke to go to banyo?"

=___=

"Hoy Oliver. Ikaw nagturo ng banyo thingy na yan kay Chy. Ikaw mag-explain." Sabi ko. Ganda kasi ng pagkakahiga ni Oliver sa buhangin.

"Chelsea naman. Alam mo namang dinudugo ilong ko sa kambal." Sabi nya saka tumingin kay Chy. **"Baby Chy tito luke wants to go to banyo. Akala nya kasi banyo yung dagat kaya sinigawan sya ni Daddy mo ng banyo. You get me?"**

"Stop making Chy's stupid. Tch."

O____O

Si Sky? Nakiki-tch na? What the..

"Sky. Don't use that *'tch'*." Sabi ni Kyle kay Sky.

"But Dad, I learned it from tito Lance. When I say *'tch'*, it sounds cool."

=___=

Si Lance talaga kung anu-ano tinuturo kay Sky. Cool ba yun?

"Tch." Si Kyle.

"See Dad? You're cool!"

=____=

Oo nalang ako sa mag-ama. Psh. Napatingin ako sa dagat. Ang ganda. Naaalala ko tuloy yung kinasal kami ni Kyle. Dito yun eh.

At hinding hindi ko malilimutan yung vow nya sa'kin. Ang sweet at ang touching. Sobra.

Napangiti tuloy ako sa naiisip ko.

"Baby ko why are you smiling?"

Napatingin ako kay Kyle. **"H-Ha?"**

"Tch. You're smiling from nowhere. Are you cheating on me?"

=_=

Ngumiti lang, nanloloko na agad? Si Kyle talaga basta-basta na.**"Gummy bea--"**

"Dad. Mommy is not cheating. How can she do it, she's not taking an exam at the first place."

Sabi ni Sky na nagpa-NGANGA sa'kin at nagpatawa sa tigers.

"Hahahahahahaha."

"Basag ka pala captain eh!" Sabi ni Oliver.

"Booo! Astig talaga ni Sky! Mana sa'kin!" Sigaw ni Drei.

Yung mukha ni Kyle 'di maipinta. Haha. Kasi si Sky binasag ang daddy nya. Napagtawanan tuloy ng tigers.

"Hoy Drei alagaan mo si Sky. Aliwin mo dun sa dagat. Tch." Utos ni Kyle dahilan para mapatigil sa pagtawa si Drei. Haha. Takot pa din talaga ang tigers kay Kyle hanggang ngayon.

Dumikit sakin si Kyle saka ako inakbayan. **"Ano baby ko, 'di mo pa sinasagot tanong ko. Bakit ka ngumingiti dyan?"**

=_=

Seloso pa din si Kyle hanggang ngayon. Psh. Hello, nanay na'ko. May anak na kami. Magloloko pa ba ako? Masyado kong mahal ang pamilya ko para gumawa ng mali. Lumaki akong ulila kaya gusto ko, yung magiging pamilya ko ay buo at masayang nagsasama-sama.

"Naalala ko lang yung vow mo nung kasal natin five years ago. 'Pag kasi napapatingin ako sa

dagat, hindi ko rin maiwasang magbalik-tanaw.." I said with a smile on my lips.

Sa halip na sumagot si Kyle, he kiss me on my forehead and hugs me. **"I love you, I really do."** He whisper.

Napangiti ako lalo. Five years na pero he's still the same Kyle as before. Sweet pa din sya sa'kin kahit may anak na kami. Kaya nga masaya ako talaga at kuntento sa kung anong samahan meron kami ngayon.

"Ohhhhh! Mom and dad are really sweet."

Nagbitaw kami ni Kyle saka tiningnan si Chy na nagsalita. Nakangiti sya sa'min then bigla nalang yumakap sa'min ni Kyle. Sweet din 'tong bata na'to.

"Kawawang Sky. 'Di na love. Look oh, kayakap ng Mom and dad mo si Chy. Ikaw hindi." Pang-aasar ni Luke.

Napatingin ako kay Sky. I expect him to cry but I'm wrong. He stared at Luke at lumapit.

O____O

"AAAAHHHHH!!" Sigaw ni Luke.

Pa'no ba naman, kinagat sya sa braso ni Sky. **"Hindi porket hindi nila ako kayakap, hindi na nila ako mahal. Tch. Stupid Tito. Love can express in many ways, not just hugging to each other!"**

"Sky tama na yan." Suway ni Kyle. Tumakbo naman si Sky sa Daddy nya at yumakap.

"Awww!"

"Hahahahahahaha!" Tawanan ng tigers.

"Mang-asar ka pa Luke dali. Ng dumugo ilong mo sa explanation ni Sky. Hahaha." Sabi ni Ken.

"Dad..*sob*.."

O_O

Hala umiiyak na si Sky. Syempre bata pa din yan, sensitive at madaling paiyakin kahit pa gaano yan katalino o kasungit.

"PALERMO magsimula ka ng magtago. In a count of 3 at nandito kapa sa harap ko, ipapakain kita sa balyena!" Singhal ni Kyle kaya walang kaabog-abog na tumakbo si Luke. Ayun, papuntang hotel. Loko talaga.

"Shh. Stop it. Don't cry Sky." Pinapatahan ni Kyle si Sky.

"Sky stop crying..*sob*.."

O____O

Si Chy humihikbi na din kaya hinawakan ko sya agad sa pisngi. **"Baby don't cry okay? Tatahan na si Sky."**

"Dad, you love me right?" Tanong ni Sky.

"Yes baby. I love you both. Nang-aasar lang si Tito Luke nyo. Okay? You're a big boy now so stop crying." Sai ni Kyle habang pinupunasan ang luha ni Sky.

Ang sweet nilang panoorin. Kyle is really responsible when it comes to our twins.

"Y-Yes Dad." Sagot ni Sky na tumigil na sa pag-iyak.

"Good." Sabi ni Kyle.

"I'll go back to Tito Oliver. We are talking about some serious matter."

O___O

Ano sabi ni Sky? Serious matter? Batang 'to.

"Hoy Oliver anong sinasabi ni Sky na serious matter na pinag-uusapan nyo ha? Baka kung anu-ano tinuturo mo sa anak ko." Nakasimangot na sabi ko kay Oliver.

"About his crush." Sagot ni Oliver.

O____O

"CRUSHHHH?" Napatayo ako mula sa pagkakaupo sa buhangin. Si Sky may crush na? Pfffft.

"Baby ko that's normal. Wag ka nga mag-react ng ganyan." Sabi ni Kyle saka hinila ako paupo ulit dito sa buhanginan.

"Psh. Gummy bear. He's only five years old for Pete sake!" Sabi ko. Ano ba yan. May crush na agad ang anak ko? Tapos ano? Liligawan nya? Tapos magpapakasal na sila tapos..waaaa! Ang lawak ng imagination ko.

=_=

"Tch. Don't be hysterical. That's fine." Sabi ni Kyle saka humarap kay Sky. "Now baby, tell us, who's your crush?"

=_=

Nakangiti pa si Kyle. Psh. Tuwang-tuwa pa na may crush na si Sky. Ang bata-bata pa nyan eh.

"Dad, I'm shy."

=_=

Hala hala. Si Sky parang kinikilig. Batang 'to. Mapalo nga sa pwet mamaya. Haha. Dejoke. Di ako namamalo, pinagsasabihan ko lang ang kambal 'pag may nagagawa silang mali.

"Go Sky. Sabihin mo na sa Dad mo." Sigaw ni Oliver.

"Tell me baby." Sabi ni Kyle.

"Uhm, make sure na hindi nya po malalaman.."

=__=

Palihim effect pa. Tsk tsk. Ang anak ko, nagbibinata na agad.

"I promise. Hindi nya malalaman." Sabi ni Kyle.

"T-Tita Fancy.."

O_____O

S-Si..

"SI FANCY ABELLANO!?" Sigaw ng tigers na biglang naggisingan. Parang kanina tulog ang mga yan habang nakahiga sa buhangin. Nakarinig lang ng tsismis eh.

"Why Tita Fancy?" Tanong ko.

"S-She's cute and she's intelligent. She can speak tagalog and english at the same time. She can mixed it easily. Me? I can't do that."

=_____=

Porke conyo si Fancy, matalino na agad para kay Sky? Sabagay hindi nga naman madaling magsalita ng katulad ng kay Fancy. Kahit matalino, mabobobo sa salita nya eh.

"HAHAHAHAHA!!" Tawanan pa ang tigers. Mga baliw talaga.

"Okay baby th--"

"I have crush din Mom, Dad!"

O_____O

Si Chy biglang sumingit.

"WHAT!?"

=_=

Magreact si Kyle, ang OA. Di naman sya ganyan kanina kay Sky. **"Maka-react ka naman gummy bear."**

"She's only five years old for Pete sake!" Sabi ni Kyle.

Teka? Sinabi ko na yan kanina ah. **"Ba't kay Sky 'di ka naman ganyan mag-react."** Sabi ko.

"Because he's a boy. He can manage himself. Chy is a girl. Hindi pa sya pwede magka-crush."

=_=

Si Kyle talaga. Pero I get his point. He's trying to protect our little girl. Iba nga naman ang babae sa lalaki. Pansin ko din yun sa ibang pamilya. Yung halimbawa sa paggala, 'pag yung lalaki pwede pero 'pag ikaw na babae 'di pinapayagan. Haha.

"Chy who's your crush? Tell me, I will punch him on his face."

=_=

Si Skyler mana talaga kay Kyle. Punch agad?

"I'm shy too.."

=__=

Mukhang ewan si Chylee. Pa-cute pa eh. Ang tigers naka-abang na sa sasabihin ni Chy. Haha. Sino kayang crush ng little girl ko. Siguro isa sa tigers. Haha.

"Tell us na baby Chy. Sinong crush mo?"

"S-Si..."

"Si.....?" Sabay-sabay na sabi ng tigers.

"S-Si Jollibee. Waaa Mommy! I like him! I like Jollibee! I want to marry him someday!"

Kruu kruu..

Kruu kruu..

=____=

Walang nag-react sa'min. Ang tigers, literal na namang napanga-nga.

Ako? Di'ko na alam. Nalololoka na ako sa kambal ko. Hindi ko alam saan nanggaling utak ng mga yan.

Wanna marry someday? Si Jollibee? Capital **WHAT THE HELL IS GOING ON WITH CHYLEE!?**

**

A/N: See you on March 1 at SM North for booksigning. 1pm :)

Chapter 5 ? Love

Chelsea POV

"SERIOUSLY CHY!?"

=___=

Matagal kaming no reaction. Si Sky lang pala babasag ng katahimikan namin. Haha.

"Ya! I'm serious." Naka-pout na sabi ni Chy.

Kami ni Kyle nagkatinginan. Ewan ko pero napangiti ako ng makita si Kyle na nakangiti. For sure natutuwa sya sa twins namin. Ang active kasi masyado. Haha. Kahit minsan 'di ko na kinakaya ang kakulitan nila, masaya pa din ako.

"Baby Chy, ako ba hindi mo crush? Gwapo naman ako." Sabi ni Jerome.

"You're handsome Tito Jerome but Jollibee is better than you."

Hahahaha. So mas gwapo pala si Jollibee kay Jerome? Ngayon ko lang nalaman na gwapo din pala ang mga bubuyog? Haha.

"Hahahahaha." Mga tigers walang alam kundi magtawanan eh.

"Why Jollibee baby Chy?" Tanong naman ni Kyle.

"Kasi Dad, sa Jollibee, bida ang saya!"

"HAHAHAHAHAHA!!"

=__=

Diko talaga alam saan nagmana si chy. Promise! Malamang sa tigers. Haha. Pinagsama-samang tigers kaya yan kinalabasan. Nung nagbubuntis kasi ako, madalas na ka-bonding namin ni Kyle ang tigers kaya yan ang kinalabasan.

"Okay baby. If that's what you want." Sabi ni Kyle saka ako inakbayan ulit.

"Thank you daddy." Nakangiting sabi ni Chy saka nag-kiss sa cheeks ni Kyle.

"Hanep talaga ang crush ni Chy. Ilan kaming Tito Tigers mo oh, pero wala ka man lang crush kahit isa sa'min?" tanong ni Luke.

"I dont want tigers, i want bee." She said while pouting.

"Nganga nalang tayo mga brad." sabi ni Oliver.

"Oo nga. Nakakainsulto na si Chy, wag mo sabihing mas ma-appeal talag sa'minm si Jollibee?"

"Opo." nakangiting sagot ni Chy.

"Tch. Makapag-pagawa nga ng brief na may print ng mukha ni Jollibee para 'pag nakita ng mga chicks kong suot ko yun, bibida ang saya!" tatawa-tawang sabi ni Luke.

"HAHAHAHAHHAHAHAHA!"

Mga baliw talaga. lakas ng mga tama.

"Palermo, alagaan mo si Sky. Ikaw Oliver, alagaan mo si Chy." Sabi ni Kyle. Haha. Sanay na ang mga yan. Taga-alaga ng kambal minsan.

"Captain naman.." Si Luke.

"May angal ka?" Nagbabantang tanong ni Kyle.

"Hindi pa naman ako tapos captain. Sabi ko, captain naman, so sweet! Gustung-gusto kong alagaan si Sky. Syempre kami lang naman ang nagkaka-intindihan. Ako pa? Human dictionary ako." Pagmamayabang ni Luke.

"Then what's the english word for 'papaya?'" Biglang tanong ni Sky.

"He-he baby Sky. Offline ang isip ko ngayon, walang wifi connection. Haha. Tara na nga dun tayo sa dagat oh, manghuli nalang tayo ng alimango."

=____=

Diko alam kung tatawa ako sa pinagsasasabi ni Luke.

"You're not a system Tito luke. You're human. How come your brain is offline?" Tanong ni Sky.

"A-Ano, a-ah.. Tara na sa dagat Sky! Ikaw talaga. Tara baka tumakbo ang dagat. Bilisan natin."

"HAHAHAHAHA"

"Boo Luke!" Sigaw ni Ken.

Si Luke? Literal na poker face. Haha.

"Okay let's go. I know you can't answer me because you're not smart as I am. It's better if you'll start to read educational books. Stop flirting with your chicks."

O____O

Sinabi yun ni Sky? Okay fine, as always NOSEBLEED.

"He-he oo na Sky, tara na nga. Ang dami mo pang sinasabi eh."

Ayun tumakbo na sila sa may dagat. Baliw talaga yang si Luke.

At dyan po nagtatapos ang debate ng kambal. Ganyan sila. Aakalain mo matatandang nagdedebate. Ewan ko bakit ganyan sila magsalita. Parang matanda. siguro dahil lumaki silang ang nasa paligid nila

ay matatanda. Ang tigers at ang mga tito at tita nila. wala silang ibang kalarong bata kaya wag na kayo magtaka kung ganyan sila magsalita. Yun yung na-adopt nila sa paligid nila eh. Mag-aaway sila sa pamamagitang debate but in the end of their conversation, there will always be a closing line, yung 'I love you twin'

Ang baliw ng kambal no? Natahimik kaming lahat dahil sa debate nila eh. Napatingin ako sa tigers.

O_O

Lahat sila NGANGA at tulala sa kambal.

Hahahaha. Sunod kong tiningnan si Kyle.

=___=

Tulog na. Ganyan yan. Kahit nagdedebate yung kambal, di sya nakikinig dahil alam naman nyang hindi yun matutuloy sa away. Hanggang debate lang yun. Yung kambal nagkikilitiian na at nagtatawanan pero yung tigers?

Nganga pa din. Haha

"Mga brad. Swimming muna ako, para maanod yung utak ko. Ampu! Nabobobo ako." Sabi ni Luke saka umalis na.

"Ako din, kelangan ko ng hugasan ang utak ko para may panlaban ako sa debate sa kambal." Sabi naman ni Jerome.

"Ako din, ako din! Hugasan ko ilong ko. Kanina pa nagdudugo." Sabi ni Ken.

"Ako pupuntang clinic. Papa-donate ako ng dugo. Simot na dugo ng ilong ko. Wala ng natira."

Sabi naman ni Oliver saka umalis na din.

Ang mga natira ay nagkanya-kanya ng ginagawa.

=___=

"Twins.." Tawag ko sa kambal.

"Yes mom?" Sabay nilang sagot.

"Iwasan nyo ang pagdedebate sa harap ng ibang tao okay?" Sabi ko. Sa ibang tao syempre kawawa ang makakarinig sa kanila. Baka sumakit lang ulo nila. Ako, sanay na'ko. Si Kyle nga natutulugan pa eh.

"Why Mom?" Tanong ni Sky.

"Baka kasi maubusan ng dugo lahat ng makakarinig sa inyo." Sabi ko. Haha. Kaka-nosebleed kasi sila eh.

"Pwede naman silang magpa-donate Mom." Sabi ni Chy na pa-inosente ang itsura.

"No Chy, hindi naman lahat ng pagpapa-donate libre eh."

"Meron naman na libre."

"Konti lang kaya!"

"Kahit na, basta may magdonate okay na."

"Hindi naman yun madali eh.

"Madali lang yun."

=____=

Tutulog ako. Ayoko na. Nagsisimula na naman silang mag-debate. OMG. Despite of their characteristics, I'm thankful to have them on our life.

They are my treasures.

**

A/N: Sa pupunta sa booksigning, napalitan po ng venue. At least mas malaki po ang space. Sa 3rd level activity center po sa FISHER MALL sa Quezon Avenue :) See you there!

Chapter 11 ? Kiss Mark

Chelsea POV

Almost one hour na kaming nkatengga dito sa mansyon. One hour na din ang nakalipas nang makauwi kami dito sa Manila galing Batangas.

Yung natitirang dalawang araw namin sa Batangas, nilubos na namin. Puro swimming, party at kainan ang ginawa namin.

Sunday ngayon. Walang trabaho si Kyle. Anong ginagawa nya? Ayan nakadapa sa kama namin, tinitingnan sa laptop lahat ng pictures namin sa Batangas. Ang gaganda kasi ng kuha. Lalo na yung kaming pamilya. Ako, siya pati kambal. Magkakamukha talaga kami. Haha.

"Baby ko, upload ko na 'to sa facebook ko." Sabi ni Kyle.

"Sige lang." Sagot ko. Naka-sandal kasi ako dito sa headboard ng kama. Ang kambal? Nasa baba kalaro sina Tita Mandy nila at Tito James. Kaya ngayon, solo kami. Oh, wag kayong pink minded. Porke solo, 'yun' agad? Haha.

Nagkakalikot lang ako ng phone ko. Nagti-twitter. May nakita akong tweet.

Janna Ruiz @JannaRWattpad

Three weeks left. I really miss philippines.

Adrian Buenavista @AdrianBWattpad

Pag-uwi ko babanatan ko ng tig-iisa ang mga tigers. Na-miss ko ang mga gago.

Haha. Talagang sigurado na nga ang uwi nila. Nakaka-miss din sila. Saka 'di ko pa kaya nami-meet yung 2-year-old baby nila. Dun na kasi nanganak si Janna sa Canada eh. Nakikita ko lang picture ng

baby nila sa FB.

Sina Yumiko at Lance sana umuwi na din pero I think matatagalan. Kasi malapit na manganak si Yumi at siguradong hindi naman sya pwedeng bumyahe agad pagkapanganak.

Hay. Naiisip ko ang college days namin. Nakaka-miss silang lahat.

"Baby ko okay na." Sabi ni Kyle.

Tumango lang ako sa kanya. Pero nagtaka ako bakit biglang kumunot noo nya.

"Problem? Parang tulala ka." Puna nya.

"Ah gummy bear, naaalala ko lang yung college days natin saka naiisip ko lang sina Janna at Yumiko." Sabi ko.

"Ah. Pauwi na naman sina Janna 'di ba?"

Tumango ako. **"Oo. Next month na."**

"Good. By the way, baby ko bukas pala gagabihin ako ng uwi."

"Bakit?

"May konting pasaya lang yung mga empleyadong na-promote. Ayoko naman dedmahin ang paanyaya nila."

Hm yun pala. **"Sige. Basta wag kang papakalasing."** Paalala ko.

"Opo baby ko. Sandali nga, ba't hindi ka magpahinga? Hindi ka ba napagod sa byahe kanina?" Tumayo na si Kyle at pinatay na yung laptop. Then tumabi sya sa'kin at niyakap ako.

"Hindi naman gaano. Okay lang ako."

"Hm, do you want to.."

O_O

"Gummy bear!" Kasi ayan na naman. Magyayaya na naman yan na gawin namin 'yun'.

"WHAT!?" Sigaw nya.

"Bat ka sumisigaw?"

"Ba't ka din naninigaw?"

"Ikaw kasi lagi nalang yun nasa isip mo. Kaka-ano lang natin kagabi sa resort ah 'diba? Hindi k--"

"Ano bang iniisip mo?"

~_~

"Ano pa ba? E'di yun."

"Aling yun?"

"Make love." Sagot ko.

Nanlaki ang mata ni Kyle. **"SERIOUSLY?"**

"Bakit?"

"I'm just want to ask you if you want to eat. Baba sana tayo sa kitchen. Para mai-check na din natin ang kambal."

>___<

Okay. Ako na pahiya. Waaa! Assumera talaga ako. Kainis! **"A-Ah, eh tara.."**

"Pero make love ang nasa isip mo. Why baby ko? Gusto mo ba?"

=_=

"W-Wala naman akong sinabing gusto ko. Tara na nga sa baba." Yaya ko. Patayo na'ko pero hinawakan ako ni Kyle sa braso.

"Pagkatapos mong banggitin ang salitang yun, bigla kang tatakas? Alam mo bang marinig ko lang yung salitang yun mula sayo, nag-iinit ako?"

O____O

Kakaiba na yung tingin ni Kyle sa'kin. Waa. Yung mata nya parang nang-aakit. **"G-Gummy bear, k-kailangan na nating i-check ang kambal sa baba.."**

Palapit ng palapit yung mukha nya sa mukha ko. Mapungay ang mga mata nya na direktang nakatingin sa mga mata ko. **"G-Gummy bear.."**

"I think you want to make love.." He said with his husky voice.

O_o

"Ano ka ba gummy bear. Hindi.." Tanggi ko. 'Di naman talaga eh. **"Tara na nga sa baba."** Yaya ko saka tumayo na at lumapit sa pinto.

"Tch. Fine."

Tumayo na din si Kyle saka kami lumabas at bumaba ng salasa. Naabutan namin sina James at Mandy na nagku-kwentuhan. Nasa kandungan nila yung kambal na tulug na tulog.

"Nakatulog na sila sa pakikipagkulitan sa'min." Sabi ni Mandy.

Ngumiti ako. Sabay kaming lumapit ni Kyle sa kanila. **"Bubuhatin na namin sila sa taas para makatulog sila ng ayos. Thank you sa pag-aalaga sa dalawa kahit alam nyo na, makulit talaga."** Sabi ko.

"Okay lang. I love my pamangkins." Sabi ni Mandy na ikinangiti ko ulit.

"Makulit lang sila. Hindi naman kami binabara ni Sky tulad ng ginagawa nya sa tigers. Haha." Sabi ni James.

Binuhat na ni Kyle si Sky. Ako naman kay Chy.

"Oh, pano uwi muna kami. Nag-enjoy kami sa Batangas. Lalo na sa kambal." Paalam ni Mandy.

"Okay. Salamat ulit."

"Brad, Chelsea alis na kami." Sabi naman ni James saka sila umalis na.

"Kaya mo ba si Chy?" Tanong ni Kyle.

"Mabigat na sya pero kaya ko pa. 'Lika na, itaas na natin sila sa kwarto nila."

"Okay."

Pagkadala namin sa kwarto ng kambal, napag-desisyunan nalang namin ni Kyle na magpahinga din.

--

Gabi na. Wala pa si Kyle. Nagpaalam na naman sya sa'kin kahapon na may pa-party daw ang mga empleyado nyang na-promote. Pero pinaalalahanan ko sya kaninang umaga na wag masyadong magpapagabi.

Mag-a-alas-dose na ng gabi, wala pa sya. Tinawagan ko sya pero nakapatay yata phone nya o walang signal. Not sure. Basta hindi ko sya ma-kontak.

beep beep

O_o

Si Kyle na yun. Dali dali akong lumabas ng mansyon. Nasa salas kasi ako.

Paglabas ko, nakita ko si Kyle na bumaba ng kotse ng medyo pagewang-gewang na. Lasing. Psh. Sabi ko 'wag magpapakalasing eh.

"Gummy bear.."

Niyakap nya ako. **"B-Baby k--hik!"**

"Lasing na lasing ka. Buti nakapag-drive ka pa ng safe. Aish. Pasaway talaga."

"I-I love you baby ko.."

Di nako nagsalita. Inalalayan ko nalang sya paakyat ng kwarto. Ang bigat nya promise. Aish. Si Kyle talaga.

After 987654321 hours, nakarating din dito sa kwarto. Inihiga ko sya ng ayos. Grabe. Ang sakit yata ng balakang ko. Ang bigat kasi ni Kyle.

Hinubaran ko sya ng polo nya para gumaan pakiramdam nya. Pupunasan ko sya ng bimpo na binasa ng mainit na tubig. Kelangan ko din syang palitan ng damit.

Isa-isa kong tinanggal sa pagkaka-butones yung polo ni Kyle. Pero may pumukaw ng pansin ko.

O____O

Syet.

BAKIT MAY KISSMARK SA LEEG SI KYLE!?

**

A/N: In reality, 'diba may mga times na may dumadating talagang bagay na pinag-aawayan ng mag-asawa. Pero tulad ng sinasabi ko lagi, kelangan ng TRUST.

Chapter 12 ? Misunderstanding

Chelsea POV

Umaga na. Wala akong balak imikin si Kyle. Nakahiga pa din ako. Nakatagilid at nakatalikod sa kanya.

Nang makita ko yung kissmark kagabi sa leeg nya, nag-init talaga ang dugo ko. Gusto kong alamin pero alam kong 'diko makakausap si Kyle ng maayos dahil sa kalasingan.

Pero syet kasi. Di ako matahimik. Niloloko ba'ko ni Kyle? May babae ba sya? Naiinis ako. Galit ako!

"Baby ko morning.." Narinig kong sabi ni Kyle nang maramdaman kong niyakap nya ako patalikod.
"Sakit ng ulo ko baby ko.."

Sumakit ulo ha? For sure naman nag-enjoy yan kagabi sa kung sinumang babae ang kasama nya. Psh! Empleyado pala ha. Tapos uuwing may kissmark? Akala mo papansinin kita Kyle? Manigas ka dyan.

"Hm, baby ko.."

Diko pa din sya pinapansin. Bumangon na'ko. At dire-diretsong lumabas ng kwarto. Bahala si Kyle. Basta galit ako sa kanya. Niloloko nya ako. Aish!

Pinuntahan ko si Chy sa kwarto nya. As usual, sa pintuan, nandon si Jollibee statue nya. Tulog pa ang anak kong pinaglihi ko sa megaphone.

Sumunod na pinuntahan ko si Sky. Tulog pa din ang anak kong pinaglihi yata sa encyclopedia.

Lumabas na ako. Pupunta nalang akong kusina para ipaggawa ang kambal ng favorite sandwich nila.

Pababa na'ko ng hagdan nang makasalubong ko si Kyle. **"Baby ko ba't 'di moko kinakausap kanina? Bigla ka nalang umalis ng kwarto. Ni hindi moko nilingon man lang."**

Hindi ko pa rin sya pinansin. Tumuloy ako sa paglalakad pababa ng hagdan. Naramdaman kong 'di naman sumunod si Kyle.

"WHAT THE HELL IS YOUR PROBLEM!?" Sigaw ni Kyle. Problem ha? Baka ikaw Kyle meron.

Sawa na ba sya sa'kin? May babae talaga sya? Bakit? Dahil ba 'di ko sya pinagbigyan kahapon kaya naghanap sya ng iba? Syet. Sumasakit ulo ko sa pag-iisip. Limang taon na kaming kasal tapos ngayon pa nya maiisipang magloko? Damn him.

Bahala sya sa buhay nya! Aish!

-

Kyle POV

Ang sakit sakit na nga ng ulo ko, 'di ko pa maintindihan kung bakit hindi ako iniimik ng asawa ko. Fvck. Ano bang ginawa ko? Dahil ba umuwi akong lasing kagabi? Tch.

Alam kong may kasalanan ako. Gabi na'ko umuwi tapos nalasing pa'ko. Na-badtrip kasi ako kagabi.

Dun sa party ng mga empleyado ko. Inuman, kainan, oo. Yung isang empleyado kong babae, matagal na daw may gusto sa'kin. The fvck. Diko inaasahang lalandiin nya ako kagabi. Alam nilang may asawa na'ko. Tang*na. Hinalikan pa'ko sa leeg kaya sa bwisit ko na-sampal ko sya. I even fired her. Nagmakaawa sya at humingi ng sorry pero di ko yun tinanggap. Tang*nang mga babae yun. Alam na nilang may asawa na ang isang lalaki, lalandiin pa. Ganon na ba talaga ka-desperada ang mga babae sa panahon ngayon? Tch.

After mangyari non, umalis na'ko sa party na yun at dumiretso sa bar ni Ken kung saan andun din mga tigers. Napainom lang. Napasarap kami sa inom kaya ginabi. Yung phone ko na-low bat pa kagabi. Di ko na rin namalayan oras.

Tch. Bumaba na'ko para sundan ang asawa ko. Ayokong pinapairal nya ang silent treatment na yan.

Naabutan ko syang gumagawa ng sandwich. Nakatalikod sya sa pwesto ko kaya niyakap ko sya mula sa likod. **"Baby ko wag ka ng magalit. Sorry kung ginabi ako, nalasing pa'ko..sorry.."**

Ayokong nagagalit sa'kin ang asawa ko. Diko kaya. Masisiraan ako ng ulo kung 'di nya ako iimikin maghapon. Kung dati nung binata pa'ko, yung nag-aaway kami, pataasan talaga ng pride. Pero ngayon? Nagbago na'ko. Marunong nakong magbaba ng pride. Kaya nga nagso-sorry na'ko agad. Alam kong ako ang mali.

Hindi nya pa din ako iniimik. **"Baby ko naman, pansinin mo na'ko.."** Sabi ko. Iniharap ko sya sakin. Malapit lang yung mukha namin sa isa't isa. **"Sorry na.."**

Napansin ko yung galit sa mga mata nya. **"Are you cheating on me?"**

O_O

"WHAT THE FVCK!" Napamura ako. Dahil hinding-hindi ko kayang gawin sa kanya yan. Damn it. Masyado ko syang mahal para gumawa ng ka-gaguhan.

"Wag kang magmura Kyle. Answer me. Are you cheating on me!?"

I kiss her. Passionately. Damn! Bakit nya naiisip 'to? Anong ginawa ko? Hindi nya tinutugon ang halik ko kaya tumigil ako. **"Where the hell did you get that idea?"** Tanong ko.

Napansin ko ang panggigilid ng luha nya. Fvck! Ayokong makitaan sya ng kahit katiting na luha sa mata nya. **"K-Kagabi.."**

"What? Dahil umuwi ako ng gabi na at lasing? Damn baby ko, hindi porket gabi na'ko nakauwi, niloloko na kita. Alam mo kung gaano kita kamahal."

"Matatanggap ko pa kung umuwi ka ng gabing-gabi na at lasing na lasing pa. Pero yung makitaan ka ng kissmark sa leeg mo? Sh*t lang Kyle!"

Kissmark? **"WHAT!?"**

"Ano? Itatanggi mo? Itatanggi mong wala kang alam sa kissmark na yon ha!?"

Fvck. Wag mo sabihing nalagyan ako ng kissmark nung hinalikan ako sa leeg nung empleyado ko? Tang*na! **"Magpapaliwanag ak--"**

PAK

O_O

"Magpapaliwanag? Ha? Ipapaliwanag mo kung bakit ka may kissmark? Ano, mag-imbento ka ng kasinungalingan? Damn it Kyle! Wag mo muna akong kausapin!"

Sh*t.

Natulala ako. Sinampal nya ako. Sa loob ng limang taon na pagsasama namin bilang mag-asawa, hindi pa nya ako nasampal. Ngayon lang.

Hindi ko magawang magalit sa kanya dahil in the first place, kasalanan ko. Hinayaan kong mangyari 'to. Tang*na. Di ko man lang na-check kung nalagyan ako ng kissmark sa leeg ko. Damn it! Mapapatay ko ang babaeng yun!

Alam ko sa sarili ko na wala akong maling ginawa. Hindi ko niloko ang asawa ko. Palalamigin ko nalang muna ang ulo nya bago ako magpapaliwanag.

Sh*t. Ang sakit ng sampal sa'kin. Nakakatakot magalit ang asawa ko. Parang bakal ang kamay. Aish. Napaka-selosa.

Sa halip na magalit, natuwa pa'ko. Kasi alam kong ganyan mag-react si Chelsea dahil mahal na mahal nya ako at may pakialam sya sa'kin. Susuyuin ko nalang sya mamaya.

ting

Bright idea.

**

A/N: Reality strikes.

Chapter 13 ? Pervert

Chelsea POV

Ang highblood ko talaga ngayon. Aish. Nakaka-bwisit yang si Kyle. Argh! Akala ba nya maloloko nya ako? Damn that kissmark. Sino ba kayang haliparot ang naglagay nun sa leeg ni Kyle? Aish! Kainis.

"Mom are you okay?" Tanong ni Chy. Andito sila ni Sky sa kwarto namin ni Kyle.

Tumango ako. Syempre ayoko ding ipakita sa kambal na magkagalit kami ng daddy nila. Maa-apektuhan sila for sure. **"I'm okay baby."** Sagot ko.

"But Mom, look oh. Kawawa yung blanket. Punit na."

O_O

Napatingin ako sa hawak kong kumot..

O_O

Bakit punit na'to? **"A-Ah, baby wala 'to. Sinisira ko talaga. He-he."** Sabi ko. Talaga naman 'tong inis ko, abot hanggang langit na.

"Do you have problem with Dad, Mom?"

O_O

Napatingin naman ako kay Sky na nakaupo sa harap ng desktop at nanunuod ng educational videos.

"Baby Sky, wala. Walang problema si mommy kay daddy okay?"

"Oo nga kids, wala kaming problema ni mommy nyo."

O_____O

Si Kyle pumasok dito sa kwarto saka tumabi sa'kin. Ang ugok, yumakap pa. **"'Diba baby ko?"**

=____=

"Mom you looked mad."

O_O

"No I'm not baby. Eto nga, okay kami ni daddy.." Sabi ko saka pinilit na ngumiti kay Kyle.

"Okay. That's good. Chy, let's go downstairs. Let's play at the garden. I think Mom and Dad needs privacy."

"Okay Sky."

O_O

Ayun, magka-akay na lumabas ng kwarto sina Chy at Sky. Privacy? Ugh.

Kumalas agad ako sa yakap ni Kyle. **"What was that?"** Tanong ko. **"We're not okay kaya wag mo**

akong kausapin. Psh." Sabi ko saka tumayo na.

"Baby ko, maniwala ka naman sa'kin, 'di kita niloloko." Sabi nya. Huh! As if mapapaniwala nya ako. Eh kitang-kita na nga, may kissmark sya sa leeg! KISSMARK!

Hindi ko na sya pinansin. Lalabas na'ko ng pinto nang bigla nya akong hawakan sa braso. **"Bitawan mo'ko."**

"Ayoko."

"Sinabi ng bitawan mo'ko!" Sigaw ko saka buong pwersang hinila ang braso ko dahilan upang mabitawan nya.

Lumabas na'ko ng kwarto. Kainis talaga. Aish. Makatulog na nga lang muna sa kwarto ni Chy. Sumasakit ang ulo ko kay Kyle.

--

"Mommmmmmmmyyyyy!"

O_O

Nagising ako sa malakas na sigaw ni Chy. **"What happen?"** Tanong ko agad. Pagtingin ko sa digital clock sa side table, magta-tatlong oras din pala akong natulog.

"Mommmm! Si daddy! He's on the pool."

=_=

Ano naman kung nasa pool? Aish. **"It's okay baby."** Sabi ko.

"No it's not okay. Daddy is dead."

O_____O

"ANO!?" He's dead? Nasa pool? Sh*t. Baka nalunod si Kyle. Dali-dali akong tumakbo pababa ng garden kung saan naroon ang pool. Then I saw Kyle na nakalutang sa tubig. Walang malay.

Sh*t. **"KYLE!!"** Sigaw ko saka ako nag-dive sa pool. Hinila ko si Kyle pataas ng pool. Sh*t ang bigat. **"Kyle! Kyle!"** Sigaw ko.

T_T

Naiiyak na'ko. Bakit nalunod si Kyle. Bakit..

Sa wakas nai-ahon ko rin sya sa pool. CPR ko sya. **"Kyle, kyle!"** Sigaw ko tapos CPR ulit.

Wala pa din syang malay. **"Kyle please gumising ka na. Kyle!"** Napapahagulgol na'ko sa pag-iyak. It can't be. 'Di 'to pwede mangyari. **"Kyle! Kyle.."**

Ilang beses na'ko nag-CPR pero wala pa din. **"Kyle.."** Then CPR ulit.

O_O

Nagsi-CPR ako ng maramdaman kong gumalaw ang labi nya. He's kissing me.

O_O

I can't help myself to response. Pero teka, wala syang malay eh. Bumitaw ako. **"Kyle!"** Sigaw ko.

"Yes baby ko?"

O_____O

Nagmulat sya ng mata tapos parang walang nangyari? Parang 'di sya nalunod? Umiiyak pa din ako. **"B-Bakit ka nalunod...?"**

"I'm just sleeping on the pool. Sinong may sabing nalunod ako?"

=____=

"Seriously?"

"Oo baby ko kaya nga nagulat ako. Nagising ako kasi hinahalikan mo'ko. Napaka-manyak mo baby ko."

=_=

"Argh! Nakakainis ka!"

"Aw, aray! Aw baby ko masakit."

Pinaghahampas ko sya. Nakakainis. Umiiyak na'ko dahil akala ko kung ano ng nangyari sa kanya tapos malalaman ko lang natutulog lang sya sa pool? What the..

"Stop crying please? Walang nangyaring masama sa'kin. I love you baby ko."

Argh! **"Ewan sa'yo! Galit pa'ko sayo! Niloko mo'ko Kyle! Akala mo madali kita mapapatawad? Ewan sayo!"** Nag-martsa nako papasok ng mansyon. Nabasa pa tuloy ako. Aish. Makaligo na nga.

--

Kyle POV

Damn it. Ang sakit manghampas ng asawa ko. Galit na galit pa din sya sa'kin. Hindi ko nga sya niloko. Tch.

Kanina, sinadya ko yun. Sinabihan ko si baby Chy na sabihin sa mommy nya na nasa pool at ako at dead na. Haha. Hindi ko nalang sinabi sa asawa ko dahil malilintikan ako. Siguradong magagalit yun dahil tinuruan ko ng ganon si Chy.

Tch. Ayaw pa rin nya kasi akong patawarin. Ano pa bang gagawin ko? Yung bright idea ko, okay na. Actually galing na'ko dun sa bar at kinuha ko ang CCTV footage ng kagabi. Yung part na nilandi ako ng empleyado ko. Hindi ko palang maipakita kay Chelsea kasi nga lagi akong sinusungitan. Aish.

Tumayo na'ko at pumuntang kwarto. Maliligo na'ko pagkatapos, ipapanood ko na kay Chelsea ang video para malinis na ang pangalan ko sa kanya. Tindi magalit eh.

Ang asawa ko talaga..

--

Chelsea POV

Saglit lang ako naligo. Nabasa lang naman kasi ako sa pool kanina. Sinuot ko na yung bathrobe ko at sinuklay ang buhok ko.

eecckk

O_O

"Maliligo ako baby ko." Sabi ni Kyle saka dumiretso sa CR. Psh. Akala ba nya mapapatawad ko sya? Niloko nya ako. Di ko yun matatanggap. Galit ako sa kanya.

Binuksan ko ang closet saka kumuha na ng dmait ko para magpalit. Wala ng malisya kaya okay lang na magbihis ako dito sa kwarto namin ni Kyle kahit narito sya. Asawa ko na sya pero..ARG! NILOKO NYA AKO!

Wala pang isang minuto na nakapagdamit na'ko. Sakto namang kalalabas lang ni Kyle sa CR. Nakatapi lang ng towel. Ohmy. Ang ABS! Nagkakasala ang mata ko. Galit ako pero...WAAAAA! Pandesal is in the air~

"Baby ko.." He called me with his husky voice. Lumapit sya dito sa'kin. Take note, topless, towel lang ang naka-tapi sa ibabang bahagi ng katawan nya.

"Wag kang lumapit sa'kin Kyle. I'm warning you." Banta ko sa kanya. Bakit ganyan sya, nakagawa na nga sya ng kasalanan, ang lakas pa rin ng loob na lumapit sa'kin.

"May ipapanood ako sa'yo." Sabi nya saka lumayo sa'kin at lumapit sa my laptop na nakapatong sa kama. Ano namang ipapanood nya sa'kin? Nagawa pa nya mag-promote ng movie? Magka-away na nga kami. Talaga namang nakaka-highblood.

"Hindi ako interesado sa kung anumang palaba--TEKA NGA KYLE IKAW YAN AH!" Sabi ko. Nakita ko kasi bigla sa screen si Kyle. Parang bar sya tapos medyo dim light. Katabi nya mga lalaki din na nag-iinom tapos may mga babae din.

"Oo nga ako nga yan baby ko." Cool na sagot ni Kyle. **"Gwapo ko dyan ah."**

=_=

Seriously? **"Pwede ba, ano ba yan!?"** Masungit na tanong ko.

"CCTV Footage sa bar. Gusto kong makita mo ang nangyari para mawala na ang init ng dugo mo sa'kin. Damn it baby ko mababaliw ako 'pag lumipas pa ang ilang oras na ganyan ang treatment mo sa'kin."

=_=

Fine. Whatever. Tinutok ko yung paningin ko sa screen ng laptop. At nakita ko may tumabing babae kay Kyle. May sinabi pa nga.

O_O

Hinalikan sa leeg si Kyle? **"Kita mo na! Kitang-kita oh hinalikan ka ng babae at balewala lang sayo! Hinayaan mo lang na halikan ka Kyle! Nakakai--"**

He kiss me. **"Tapusin mo muna ang panonood bago ka mag-react dyan. Maka-sigaw ka dyan baby ko, iisipin ko talaga sa'yo nagmana si Chylee eh. Tch."**

=_=

Di na ako nagsalita. Tinuloy ko ang panonood ng video sa laptop na kaka-play lang ulit ni Kyle. At doon nakita kong biglang tumayo si Kyle at sinampal yung babae.

O_O

Sinampal nya? At parang sinisigawan pa nya. Umiyak bigla yung babae at lumuhod pa. Pero si Kyle nag-

walk-out? Ano yun?

"May gusto sa'kin yung isa kong empleyado. Sinabi nya kagabi. Hindi ko in-expect na bigla nya akong hahalikan sa leeg kaya napatayo ako at nasampal sya. I even fired her kahit pa nagmaka-awa sya. Umalis na din ako ng bar at dumiretso sa bar ni Ken. Dun na'ko nalasing kasama ang tigers. Hindi kita niloloko baby ko. For Pete sake!"

>.<

Oo nga. Di pala ako niloloko ni Kyle. So yung babaeng haliparot na yun lang ang may kasalanan. Nilandi nya si Kyle. Waaa! Akala ko talaga niloko na'ko ni Kyle. Dahan-dahan akong tumingin sa kanya na maganda ang pagkakangiti sa'kin.

"Now, can I get a hug from my wife?"

I smiled at him. Gumaan bigla ang pakiramdam ko na malaman na faithful pa din pala sa'kin si Kyle. Sa loob kasi ng limang taon, wala naman yan kinalolokohan eh. Natakot talaga ako na baka ipinagpalit na nya ako. **"Sorry.."** Sambit ko saka yumakap sa kanya.

"Uhg! It feels so good to hug the one you loved. It's okay baby ko, it's not your fault. You're just jealous. I understand. Masyado kasing gwapo ang asawa mo."

~_~

Ang hangin bigla ah. Kahit kelan talaga ang yabang ni Kyle. Pero sabagay, totoo naman. Gwapo talaga ang asawa kong 'to.

"Oo na. Sorry ulit."

"I need to punish you for accusing me baby ko." Sabi ni Kyle saka kumalas ng yakap sa'kin.

Kumunot ang noo ko. **"What kind of punishment?"** Tanong ko. Anong parusa naman ba kasi kaya?

"This." He wink at me and then remove the towel around his waist.

O_____O

What the... **"AAHHHHHH!"**

"Baby ko, 'wag kang OA. Naka-boxer ako. Tch." Sabi ni Kyle.

Dahan-dahan kong tinanggal ang takip sa mata ko and..

O_O

"AAAAHHHH! Takpan mo yan Kyle!"

"Hahahahahahaha. I really love you baby ko." Sabi ni Kyle. Ang walang'ya! Sabi naka-boxer, pagtingin ko, waaa! He's naked. As in walang saplot. Grabe talaga si Kyle. Kahit ilang beses ko na yang nakita, kahit papaano ay may hiya pa din naman ako.

"Stop it Kyle. Takpan mo na yan!" Sigaw ko habang nakatakip pa din ng kamay ko ang mga mata ko.

Naramdaman ko nalang ang pagdikit ng katawan ni Kyle sa katawan ko.

O__O

OMG. I can feel his 'thing' above. Argh. He's seducing me! **"Kyle stop it."**

Sa halip na tumigil at parang gumigiling-giling pa si Kyle habang nakadikit yung katawan nya sa'kin. Syet. His art of seduction. God!

"AAAAAHHHHHHHH!!!!"

O_____O

Dali-daling tinakip ni Kyle ang towel sa katawan nya nang marinig namin ang sigaw ni Chylee. There she is, standing behind the door looking at us.

"B-Baby.."

Tiningnan ko ng masama si Kyle. Nakangisi lang si Kyle. Aish!

"Mommy! I think we should go to mall." Sabi ni Chy saka lumapit sa'min.

"Why baby?"

"Kawawa si Daddy. Wala syang masuot na damit that's why he's naked. Right dad? You want us to buy you clothes? I have money pa on my wallet." Sabi ni Chy.

Diko alam kung tatawa ako o ano eh. So hindi nya iniisip yung pagka-green ni Kyle kanina. Iniisip nya na wala ng damit ang daddy nya. Haha.

"Its okay baby. I have clothes na sa closet. Go to your room okay? Play with you twin." Sabi ni Kyle.

"Okay dad. But please stop shaking your body in front of Mom, it was gross! Bye."

Hahahahahaha. **"Gross daw. Hahaha."** Pang-aasar ko kay Kyle.

"Tch. Kunwari ka pa, gusto mo naman. Swerte mo may asawa kang hot and yummy!"

~_~

"Ewan sa'yo Kyle. Ang hangin mo talaga." Sabi ko. Para lang kaming mag-dyowa mag-asaran eh. Haha. Lumabas na si baby chy. Kami nalang ulit ni Kyle ang andito sa kwarto. **"Magbihis ka na nga."**

"Tch. Fine. Lagot ka sa'kin mamayang gabi. Di kita papatulugin baby ko."

Huh? **"Bakit naman?"**

"I will let you feel what heaven is." He grins. It takes a second before I get what he said.

O_O

"Aaaahhh! You pervert!" Sigaw ko saka nag-walk-out. Kahit kelan talaga oh. Ba't ba'ko nag-asawa ng pervert. Aish!

**

A/N: Pampa-goodvibes lang. Haha. Medyo malapit na'ko mabaliw sa paggamit ng emosyon eh. Haha. Sa Marry You kasi heavy drama ngayon. Dito, masaya naman. Hoho!

Chapter 14 ? Shout

Chelsea POV

Kakababa ko lang dito sa garden galing sa kwarto namin ni Kyle. Ang pervert kasi ni Kyle. Pero masaya ako na malamang 'di naman pala nya ako niloloko. Kinikilig pa'ko lalo na nung nakita ko na naman ang mahiwagang ABS ng asawa ko. Haha. Kahinaan ko yun eh. Baliw talaga si Kyle. Hilig maghubad sa harap ko.

Kahit limang taon na kaming mag-asawa nahihiya pa din ako 'pag ganon si Kyle. May pagiling-giling pa ng katawan. Grabe.

"Mom, Chy told me that we're not rich anymore." Salubong sakin ni Sky.

"Paano nyo nasabi kids?" Tanong ko sa dalawa.

"Cause Mom, diba I saw daddy naked on your room. Kawawa si daddy.."

=_=

Tatawa ba'ko? **"It's not what you think baby Chy. Ano ka--"**

"Maybe they're making new baby."

O_O

Si Sky talaga oh. **"No kids. Hindi. Hindi kami gagawa ng new baby ni daddy."** Sabi ko. Alam ko kasing iiyak yang si Chy. Ayaw pa kasi nyang magkaroon ng kapatid. Iniisip nya na baka hindi na sya ang baby.

"Kids, who wants to play with daddy?"

~_~

"Me!"

"Me!"

Yung kambal tumakbo na papalapit kay Kyle. Gawain na din ni Kyle na makipaglaro sa kambal eh. Ako taga-nuod. Ang cute talaga nila tingnan. Dala ni Kyle si Chy tapos naka-piggy back naman si Sky. Haha. Ginawang puno si Kyle eh.

Ang cute cute nilang tingnan. Hindi ko kailanman pinagsisihan na nagka-pamilya ako ng maaga. Yung kahit bata pa kami ni Kyle. As long as kaya naming maging responsible parents.

--

"Baby ko papasok na'ko sa trabaho. Mahal na mahal kita. Kahit sobrang gwapo ko, sa'yo lang ako. Okay?"

=_=

Si Kyle aga-aga nagbubuhat ng sariling bangko. **"Oo na. Gwapo kana. Psh."**

"Wag ka na magsungit baby ko. Just kiss me."

=_=

"Opo." Sagot ko saka sya hinalikan sa lips. **"Ingat sa pagda-drive."** Paalala ko.

He pinched my cheeks and smiled at me. **"Ikaw lang ang gusto at mahal ko baby ko. Kaya 'wag na 'wag mo na ulit akong pag-iisipan. Okay?"**

Tumango ako. **"Opo gummy bear. Sorry pala ulit."**

"It's fine. Forget about it. Pinasaya mo naman ako kagabi. Haha."

>.<

Waaa. Si Kyle pinaalala pa. Kasi naman. We made love last night and we're wild as in. Damn. Nakakahiya pero wala, nagawa na namin. Mag-asawa kaya kami. Walang malisya.

"You're blushing baby ko." Sabi ni Kyle saka ako niyakap. **"But seriously, you're the reason why I'm contented with my life. I love you."**

Ngumiti ako. **"I love you too gummy bear. Sige na pumasok ka na sa trabaho. Hindi porket ikaw ang boss, pwede ka ng magpa-late."**

"Tch. Okay baby ko. Aalis nako. Ingat kayo ng kambal dito sa bahay."

Tumango lang ako saka hinatid na sya sa may labas ng mansyon. He hugs me again and whisper, **"Mamayang gabi ulit baby ko.."**

O_O

"YAA! Pumasok ka na nga sa trabaho!" Sigaw ko. Si Kyle talaga. Aish. Ano gusto nya araw-araw namin gawin yun? Ano ba yun.

~u~

Kumaway na'ko kay Kyle nang makasakay sya ng kotse. Tumalikod na'ko at bumalik sa loob ng mansyon. Tulog pa yata ang kambal.

"Ma'am ano pong breakfast ng kambal?" Tanong nung maid namin. Ako kasi nagde-decide ng kakainin nila.

"Hm, sandwiches nalang." Sabi ko. Tumango lang yung maid saka umakyat na ng kwarto para i-check ang kambal.

"Mom.." Tawag agad ni Chy pagkabukas ko ng pinto ng kwarto nya.

"Yes baby?"

"I'm knocking on your door last night but you can't hear me mom. Then I called Sky. We tried to listen what's happening on your room. Then we only heard you shouting."

O_O

"How? I mean, paanong sumisigaw si mommy?" Tanong ko. Nakupo! Yun yata yung..WAAAA!

"We heard you shouting daddy's name. And daddy too, he's shouting your name mom. Why? Nag-aaway po kayo ni daddy kagabi?"

OMG. Narinig ni Chy yung make love namin ni Kyle. Waaa nakakahiya. Buti nalang inosente pa si Chy kundi, waaaa talaga!

"Hindi baby ko, we're just shouting for no reason. Don't worry." I lied again. Aish.

"But I conclude that after hearing those kind of shouting, it was like you're making a baby Mom." singit ni Sky na kakapasok lang dito sa kwarto ni Chylee.

O_____O

Si Sky. OMG. **"Hindi Sky, hindi kami gumagawa ng baby ni daddy nyo."**

"Waaaa! Mom, you're making a new baby? Waaaa!"

~_~

Ayan na. Naiyak na si Chy. **"No baby. Hindi, okay?"**

"Pero sabi ni Sky.." Humihikbi-hikbi pa sya habang nakatingin sa'kin.

"Maybe they're just having fun if they're not making a baby." Sabi ni Sky saka tumalikod na.

=_=

Fun? Paano nalalaman ni Sky ang mga sinasabi nya? Sumobra naman ng katalinuhan yan. Aish. Saan ko ba yan pinaglihi?

"Are you sure Mom?" Si Chy di maka-get-over. Ayaw talaga nyang magka-new baby. I understand

naman. She's only five years old at syempre yung mga ganyang age, gusto nila bine-baby pa sila.

"Yes baby. Mommy is sure." Sabi ko.

"Okay Mom. I love you. Next time, wag po masyadong malakas yung sigaw nyo ni daddy. It was gross din kasi the way you shout."

O_O

Ano daw?

**

A/N: Ang lame ng UD. Whoah! Not feeling well. Pansin ko lang, madalas ng sumakit ang ulo ko ngayon. Why, oh, why?

Chapter 15 ? One Word

Chelsea POV

Ilang araw na ang lumipas. As usual, araw-araw gan'on ang routine dito sa mansyon. Papasok si Kyle sa kompanya tapos maiiwan ako dito sa mansyon kasama ang kambal. Ako na naman ang palaging uma-ani ng kakulitan nila. Haha. Kahit matalino ako, ehem! Nalulugaw pa din ang utak ko kay Sky. Nasobrahan kasi ng katalinuhan.

Sabagay, malapit na naman kasi sila mag-6years old. One month to go. Then after that, napag-decide namin ni Kyle na papasukin na sila sa SWU bilang prep students.

Linggo ngayon. At kapag sunday, alam na this! Family day. Minsan barkada day pa kasi laging may pumupunta dito sa mansyon na tigers kapag sunday.

Nag-aayos nga pala ako dito sa kwarto. Kakatapos ko lang maligo. Si Kyle ka-bonding ang kambal sa salas.

Now I'm done, lumabas na'ko ng kwarto at pumuntang salas.

O_O

Naabutan ko ang mag-a-ama na abala sa panonood ng spongebob cartoons sa malaking screen ng TV.

"Hahahahaha!" Tawa ni Kyle.

"I get it! I get it!" Sigaw ni Sky.

"Dad, bakit kayo tumatawa ni Sky, hindi ko'po na-gets yung joke ni spongebob."

Haha. Gusto kong matawa kay Chylee. Sabi ko naman, siya ay pambansang megaphone lang. Si Sky lang ang sinabi kong pinaglihi sa encyclopedia.

"Oh, mom!" Tumakbo sa'kin si Chylee nang makita nya ako. Nakatalikod kasi yung couch na inuupuan nila sa pwesto ko. Napatingin na din sa'kin si Kyle at Skyler.

Yumakap si Chy sa'kin kaya binuhat ko na sya papalapit kina Kyle. Then umupo ako sa tabi nya.

"Mommy, ang bango bango mo.." Sabi ni Chy na inaamoy-amoy pa'ko.

Natawa ako. **"Thank you baby. Mabango ka din naman. Right? Kakapaligo lang sa'yo ni Yaya?"** Sabi ko. May yaya naman kasi sila na taga-paligo nila at taga-alaga 'pag wala ako or may ginagawa ako. Yun nga lang, hindi full time Yaya sa kambal kasi 'di daw nila kaya. Mas pipiliin nalang daw nilang maglaba ng ga-tambak na damit kesa alagaan ang kambal. Why? Haha.

"Baby ko tara muna sa kwarto." Bulong ni Kyle sa'kin. Tiningnan ko agad siya ng confused llok.

"Daddy I know what you're thinking. You wanna make a baby with mom." Sabi ni Sky na narinig pala yung bulong ni Kyle saka tumingin sa'kin. **"So Mom, don't go wtih dad."**

Itsura ni Kyle ~__~

Haha. Ano ka ngayon Kyle. Di ka makaporma sa anak mo. **"Okay baby Sky."** Sagot ko.

"Tch." Si Kyle nakasimangot.

"Mom why dad and sky always have their expression like *'tch'*. What was that mean?" Tanong ng ma-tanong na si Chylee.

=_=

"It's an expression of cool guys." Si Sky ang sumagot. Cool? Oo na. Kaya pala lagi nyang sinasabi dati kay Lance na cool sya.

"Oh. So you're cool Sky?" Amaze na tanong ni Chy.

Tumango naman agad si sky**. "Of course."**

Kami ni Kyle palipat-lipat ang tingin sa kambal na nag-uusap. They look cute.

"Tch. Haha! Am I cool now?" Biglang sabi ni Chylee. Nag-tch lang cool agad?

"No. Because you're a girl."

"Just because I'm a girl, I can't be cool? It's unfair Sky!" Sigaw ni Chy.

"It's not unfair. When you're saying 'tch', it doesn't sounds cool." Sabi ni Sky.

"Okay kids. Stop it. Don--"

"Unfair! I hate you Sky!" Mangiyak-ngiyak na si Chy.

"I love you Chy." Nakangiting sabi ni Sky. **"You're cool. Enough?"**

^_^

Mabait na bata. Akala ko magde-debate na naman sila.

"R-Really? I'm cool now?" She sob.

Nag-thumbs-up si Sky sa kakambal nya. **"We're cool!"**

"Yehey! We're cool! We're cool! We're not hot! Yehey!"

Ano daw? We're cool not hot?

=_=

Okay. Na-gets ko yun. Haha. Diko alam kung nagjo-joke si Chy o sadyang gan'on pagkakaintindi nya. Na 'pag cool ka, di ka hot. Nga naman!

--

"What's up yow!"

Boses agad ni Oliver ang bumungad sa'min. Andito kasi kami sa salas mag-anak. Nagme-meryenda ng macaroni salad.

Paglingon ko, kapapasok lang nina Oliver, Luke, Jerome at Ken. Mukhang 'di busy sa mga chicks nila.

"Yow yow kabayow mga tito tigers!"

Haha. Si Chylee yan eh. May future na yan. Pwedeng comedian.

"Sobra naman Chylee. Tigers na kabayow pa!?" Naka-poker face na sabi ni Jerome.

"You looked like a horse kasi tito Jerome." Natatawang sabi ni Chy sabay subo ng macaroni salad. **"Hmm! Sarap kumain."**

=_=

Lakas din mang-asar ni Chylee eh.

"Chy, don't talk when you're mouth is full." Suway ni Skyler.

"Whatever Sky." Sagot ni Chy saka kumain na ulit.

"What's up captain. Hindi pa ba masusundan ang kambal?" Tanong ni Luke.

cough cough

Shemay. Naubo tuloy ako. Naupo na ang tigers sa couch.

"Binigyan ba kita ng karapatang magtanong Palermo? Puro ka ka-manyakan." Masungit na sabi ni Kyle. Basag sya kay Kyle. Haha.

"Grabe captain. Tinatanong lang kung masusundan ang kambal, manyak agad? Aray captain ha."

=_=

Bading lang Luke? May pahawak-hawak pa sa bandang puso nya. **"Kumain nalang kayo."** Sabi ko.

"Kahit naman 'di mo sabihin Chelsea, kakain talaga kami. Wahaha." Sabi ni Ken na akma ng kukuha ng kutsara ng biglang magsalita si Sky.

"Wait Tito ken. Go to kitchen. Wash your hands first."

=_=

"Para mo namang sinabing madumi ang kamay ko Sky. Malinis 'to. Kakahugas ko lang kanina." Sagot ni Ken.

"Even if you washed your hands, there's still a few percent of bacteria left on you hands. It's better if you'll always wash your hands before eating." Sabi ni Sky.

"Sige na nga. Mas mabuti ng maghugas ng kamay kesa maghugas ng ilong sa pagka-nosebleed. Wahaha." Sabi ni Ken saka tumakbo sa kusina.

"Kami din ba baby Sky kelangan maghugas ng kamay? Wala namang bacteria ang kamay ko." Tanong ni Luke.

"Yeah it's okay. I know that even you'll washed your hands so many times, there's still bacteria."

Hahaha. Anong ibig sabihin ni Sky? Kahit daw maghugas si Luke madumi pa din.

"Sobra ka Sky. Parang ako lagi binabara mo ah. Anong may bacteria pa din ha." Si luke mukhang asar na asar na.

"Because you're definitely looked like a bacteria." Simpleng sagot ni Sky saka inabalang muli ang sarili sa pagkain.

"Hahahahahaha. Basag Luke!" Sigaw ni Oliver.

"Sige Skyler ganyan ka. Aagawin ko sa'yo si Fancy, kala mo." Naka-pout na sabi ni Luke.

"Go on Tito Luke. I know that tita Fancy will like me over you. You're a certified playboy while I'm good boy." Cool na sabi ni Sky.

"Hahahahaha. Sige Luke sagot pa dali. Basag na basag ka na." Sabi ulit ni Oliver.

"Amp! Makakain na nga lang!" Sabi ni Luke saka kumuha ng macaroni salad.

Tumingin ako kay Kyle. Busy sya sa phone nya. Sino bang ka-text nitong asawa ko. Busy na busy eh. **"Sinong ka-text mo?"** Tanong ko.

"Si Adrian ka-chat ko sa viber." Sagot nya.

"Oh anong balita?" Tanong ko. Parang bigla akong na-excite. Hindi naman kasi laging nakaka-chat sina Adrian.

"Mapapa-aga ang uwi nila. Sa isang araw daw."

O_O

"Talaga? Waaa. Excited na'ko gummy bear. Nakaka-miss din yung si best saka si Adrian tapos mami-meet na din natin ang baby nila." Nakangiting sabi ko.

"Oh captain, uuwi na sina Adrian?" Tanong ni Jerome.

"Yeah. Sa isang araw." Sagot ni Kyle.

"Naks! Makikita ko na si Janna. Ang aking crush!" Sabi ni Jerome. Crush kasi nyan si Janna dati nung college kami.

"Ulol! Gusto mo mabugbog ni Adrian?" Sabi naman ni Ken.

"Nagbibiro lang. Syempre ayokong mabugbog ni Adrian. Kawawa naman ang gwapo kong mukha 'pag nagkataon."

"Tito Jerome, who told you that you're handsome?" Tanong ni Chylee na kakainom lang ng juice.

"Madami baby Chy." Sagot ni Jerome.

"Okay. I'm sure they will go to hell." Ano daw sabi ni Chy? Diko na-gets?

"Why baby Chy?" Curious na tanong ni Jerome.

Umisang lagok pa ng juice si chy bago nagsalita ulit. **"Because liars go to hell.**"

"Hahahahaha. Gets ko yun baby Chy!" Sigaw ni Ken na tawang tawa. Natawa din ako kasi kaka-gets

ko lang. So ibig sabihin ni Chy. Di naman gwapo si Jerome? Hahaha.

"Sobra talaga mambasag ang kambal. Tch." Sabi ni Jerome. **"Hindi ba talaga ako gwapo baby Chy? Ano ang gwapo sayo?"**

"Si daddy. Siya lang ang nag-iisang gwapo sa balat ng earth!" Nakangiting sigaw ni Chylee saka yumakap kay Kyle. **"I love you daddy."**

^_^

Ang sweet na bata.

"I love you too baby." Sabi ni Kyle na ngayon ay malapad ang ngiti kay Chylee.

Si Jerome naka-poker face. **"Makakain na nga lang."** Sabi nya. Ikaw ba basagin lagi at sabihang hindi gwapo. Aray yun sa ego. Haha.

"Buti pa'ko hindi nababasag ng kambal. Goodboy kasi ako." Sabi ni Ken.

"Who told you that you're good boy Tito Ken? You're a bad guy. You flirts with every girl you see." Biglang nagsalita si Sky. Kakatapos lang kasi kumain. Hindi kasi talaga 'yan nagsasaita habang kumakain. Siyempre, may manners 'yan eh.

"Hindi ko sila pini-flirt baby Sky. Nakikipag-friends lang." Dipensa ni Ken.

Si Kyle abala pa din sa phone niya. Kita ko naman, ka-chat pa din niya si Adrian. Mukhang miss na nila ang isa't isa. Bestfriend sila eh. Si Chy naman nakakalong sa daddy niya. Hawak na ang iPad nya. Naglalaro.

"Kissing on the lips is not a sign of friendship Tito Ken. It's flirting." Sabi ni Sky.

Ano ka ngayon Ken. Makipag-debate ka ngayon sa anak ko. Haha. Pansin ko lang, natutuwa lang akong panoorin sila habang nakikipag-salitaan sa kambal.

"Oh come'on Ken. Tama si Sky! Flirt ka. Maka-buntis ka sana nang matigil yang kalandian mo sa katawan. Haha." Sabi ni Oliver.

"Same as yours Tito Oliver. Stop flirting with girls. It's not because you are born rich, you can do what you want and waste your money that easy. Work hard for your future. Tch." Litanya ni Sky saka tumingin sa'kin. **"Mom, I'll be busy watching animal planet on my room."** Sabi nya saka nag-kiss sa cheeks ko. Pati kay Kyle then lumakad na siya paakyat sa hagdan pataas sa kwarto.

Kami? Naiwang naka-tanga. One word, NGANGA.

**

A/N: Yow! Kabayow! XD

Chapter 16 ? They're back

Chelsea POV

"Gummy bear gising na."

I tried to wake him up dahil papasok pa siya sa trabaho. Ako kasi ang madalas nyang taga-gising kapag 'di sya nagigising sa alarm nya.

"Hmmm.." He just move a little but still asleep.

I tap his arm. **"Gummy bear.."** Napuyat kasi 'to kagabi. Aish. Sunday kahapon, nung matapos makipag-duguan ng ilong ang tigers sa kambal nag-inuman sila nina Kyle.

"B-Baby ko, I can't go to work. Fvck. My head hurts." Sabi ni Kyle na nakahawak sa ulo niya. Half-open lang ang mata niya.

"Monday ngayon. Okay lang ba na hindi ka muna pumasok?" Tanong ko. Di naman kasi pala-absent si Kyle. Lalo na 'pag monday kasi marami silang inaasikaso.

"Yeah. Tatawag nalang ako sa secretary ko mamaya. Let me sleep for a while baby ko.." He said then hugs me.

Napangiti nalang ako. Sige hahayaan ko na. Nakakaawa naman ang asawa ko. Mukhang antok na antok at talagang masakit ang ulo dahil sa hang-over.

knocks on the door

Tinanggal ko yung braso ni Kyle na nakayakap sa'kin saka tumayo para pagbuksan kung sinuman ang kumakatok.

"Ma'am, si Chylee po umiiyak." Sabi nung katulong na siyang kumakatok.

"Okay, pupuntahan ko na siya sa kwarto nya. Ako na ang bahala." Sabi ko saka lumabas ng kwarto namin ni Kyle.

Yung katulong ay bumaba na sa salas at ako'y dumiretso sa kwarto ni Chylee.

"Mommmmmyy! Uwaaa!"

Ang lakas umiyak ng anak ko. Nasa pintuan palang ako rinig ko na. I open the door and I saw my baby crying. **"Why baby?"** Agad kong tanong saka ito niyakap.

"M-Mommmy..*sob*..k-kasi..kasi..*sob*.."

Parang habag na habag si Chylee. **"Why? What is it baby?"** Muli kong tanong.

"K-Kasi..*sniff*..napa..niginipan ko s-si Jollibee..uwaaaaa!"

=_=

Oh. Napanaginipan daw si Jollibee. Anak naman ng coke float oh. Akala ko kung anong masamang panaginip. **"Anong nangyari kay Jollibee baby?"**

"K-kasi..kasi mom..uwwwaaa! K-Kinasal si Jollibee kay Mcdo. Huhuhu.."

=_____=

Seriously? Alam ko parehong lalaki sina Jollibee at Mcdo? I wipe her tears and smiled at her. **"Hindi yun totoo baby. Okay? It was just a dream so stop crying."**

She sob a little. **"R-really?"**

"Oo baby. It's not true."

Now, she's smiling. **"It's good to know Mom because only me can marry Jollibee someday!"**

=____=

Oo nalang Chylee. Saan ba kita pinaglihi at na-adik ka kay Jollibee? Ang alam ko lang ay mahilig akong kumain dun. **"Sige na baby. Tulog ka na ulit."** Sabi ko. Maaga pa naman. Six in the morning palang. Usual na gising ng kambal ay bandang eight or nine.

"Okay Mom." She said and lay on the bed. I let her sleep first before I came out of her room. Nang makalabas na'ko, bumaba na'ko sa kusina. Ako ang magluluto ng breakfast ng mag-a-ama ko. Tutal 'di

na rin ako makakatulog ulit. Nasanay na'ko na maagang magising.

Bukas na pala ang uwi nina Best. Nakaka-excite naman. Mami-meet ko na din ang baby nila. And after years, makaka-bonding ko na ulit ang bestfriend ko.

--

"Mom, why do politicians loves to corrupt?"

Brains please? Ayan na naman si Sky. Nagtatanong out of nowhere ng makadugong english. Haha. **"Maybe because they are not contented with their money or wealth."**

"Oh I see. Mom, paglaki ko, I want to be a president."

O_o

Ang taas ng pangarap ng anak ko. **"Why baby?"**

"Because I'm not a corrupt. I'm contented with daddy's wealth."

=_=

Daddy's wealth talaga? Haha. Sabagay yun ang alam nila, ang daddy nila ay mayaman. **"Okay baby."** Sabi ko nalang. Kahit matalino ako, for sure duduguin din ako kay Sky.

"Mom.." Si Chy sumingit. Andito kasi kami sa salas. Si Kyle may ginagawang report sa laptop niya. Ang kambal nasa carpet naglalaro habang kinakausap ako. Nakaupo lang kasi ako dito sa tabi ni Kyle.

"Yes baby?"

"If Sky's dream is to be the President someday, I have dreams too."

Wow si Chy dumi-dreams na. Feeling ko, gusto nitong maging fashion designer. Mahilig kasi siya sa mga accessories and dress eh. **"What's your dream Chylee?"**

"To make a happy family with Jollibee! Yehey!"

=____=

"Hahaha. You're funny Chy. How come you can make a family with Jollibee? He's just a mascott." Sabi ni Sky.

"It's not funny Sky. Don't laugh about my dream." Pagtataray ni Chylee.

"Hahaha. Fine."

Wag nga daw tumawa. Pang-asar din minsan 'tong si Sky eh. "Stop debating kids. Laro nalang kayo."

"Mom, can we play a game?" Tanong ni sky.

"Okay, what game?"

"Guess the flag."

=____=

Seriously? Philippines, USA at Japan lang ang alam kong flag. Asdfghjkl. **"Iba nalang Sky."** Sabi ko.

"What kind of game Mom?" He asked.

Nag-isip ako. Ano ba magandang game? Yung madali. Di pwedeng about academics. Matatalo ako kay Sky. Haha.

"Fvck!"

O_O

"Dad you want to fly? You want us to buy you pak-pak?"

=_=

Comedy talaga 'tong si Chy. Hanggang ngayon pala 'di pa nya nalilimutan yung sinabi kong fvck-fvck. Haha.

"Gummy bear."

"Sorry. Nagulat kasi ako sa prank video na sinend ni Palermo. Sabi emergency yun pala kalokohan lang. Tch. Lagot sa'kin yun."

Kaya pala napamura. Aish.

Krrinnng..

Oh may tumatawag sakin. I check my phone screen pero number lang. Hindi naka-save. Sino kaya 'to?

"Hello?" Sagot ko.

[....]

Huh? Kumunot noo ko. Di kasi nagsasalita yung nasa kabilang linya. **"Hello!?"**

[Awooooo..]

O____O

"Aaahhhhhh!" Napasigaw ako at hinagis ang phone ko.

"Bakit baby ko? Sino yun?"

O_O

Sino ba yun. Awooo daw. Waaa multo! **"A-Ano, ano multo.."** Kinakabahang sabi ko.

Tumayo si Kyle at pinulot ang phone ko. **"Who the fvck are you!?"** Sigaw ni Kyle sa phone ko.

"Daddy really wants to fly." Narinig kong feedback ni Chylee.

"Fvck you! Tinakot mo pa ang asawa ko. Okay, okay." Sabi ni Kyle saka pinatay yung phone ko. Tapos niyakap ako. **"Don't be afraid. Wala yun. Si Adrian yun. Lakas maka-trip. Andyan sila sa labas ng mansyon."**

O_____O

"Umuwi na sina Janna!?"

"Oo baby ko. Andyan na sila sa labas. Tara, salubungin natin." Sabi ni Kyle.

Waaaa! Sina Janna! Pero lagot pa din sakin yang si Adrian. Tinakot pa'ko. Shemay. Tumayo na kami. **"Kids, stand up. Sasalubungin natin ang Tito Adrian at Tita Janna nyo."** Sabi ko.

"Yehey!" Sigaw ng kids.

Naglakad na kami palapit sa main door. At doon nakita kong papasok sina Adrian at Janna.

O_O

"It's nice seeing you again best!" Sigaw ni Janna. "

"Hahaha. Natakot ka ba sa phone call ko Chelsea?" Si Adrian tumatawa pa.

Binati nila ako pareho pero ang mata ko nakatutok lang ang pansin sa karga ni Adrian. **"Is this..."**

"Riana Gale Buenavista, our daughter."

**

A/N: Ayan spoiler sa SLY. Alam nyo na agad pangalan ng anak ng Jadrian. Haha.

Chapter 17 ? Huwat?

Chelsea POV

"Riana Gale Buenavista, our daughter."

O_O

Waaaa! **"Ang ganda ng name niya Best! Pinaghalong name nyo ni Adrian."** Sabi ko saka tumingin sa 3 years old baby nila, **"Hello baby Riana. You're so pretty."**

Sa halip na sumagot, nakatitig lang sa'kin yung anak nila. Parang nangingilala. O baka natulala sa kagandahan ko? Haha. Joke lang.

"Baby, say hi to Ninang Chelsea." Sabi ni Janna.

crying

=_=

Umiyak? Bakit? **"Hala, bakit sya umiyak?"** Tanong ko.

"Naninibago siguro. Alam mo na, first time namin umuwi dito sa Pilipinas na kasama sya." Paliwanag ni Janna.

Si Kyle wala na pala sa tabi ko, ayun sa may veranda, kausap si Adrian. Guy's talk. Sa kanilang tigers naman kasi, si Adrian at Lance ang pinaka-close nya. Yung tipong 'di niya pinapatikim ng ka-harsh-an nya.
"Mam may bisita po." Sabi ng katulong sa'kin. Hapon na at nandito pa rin ako sa garden. Inayos ko pa ang mga listahan at preparations para bukas sa party ng kambal.

"Sino daw?" Tanong ko.

"Si Miss Fancy po."

Oh. Si Fancy pala. **"Papasukin mo. Pa-deretsuhin mo na dito sa garden."** Utos ko sa katulong.

"Sige po." Sabi ng katulong.

Maya-maya may dumating na malaking megaphone. Joke lang.

"CHELSEAAAA!!!!"

=_=

Hindi na talaga nagbago si Fancy. Nakakabingi. **"It's nice seeing you again little devil."** Sabi ko saka nag-beso-beso sa kanya.

Little devil na talaga ang tawag namin sa kanya. Why? Bacause of the name itself. Malolo pa din kase yan.

"Me too Chelsea. I want to make kita the twins! Omg. I'm so na-e-excite na. I missed you all." Nakangiting sabi niya. As always, her language that makes everybody's nose bleed.

"Nasa taas ang kambal. Kumusta ang Paris?" Tanong ko.

"Like errr! It's Paris pa rin. It's not making alis naman don."

=___=

Pilosopong babae. **"Kumusta ang love life?"**

"Omg. GRR! I don't want to make usap about that thing. It's awkward kaya."

Awkward daw? **"Ba't naman naging awkward?"**

"Eeehh! I'm so kinikilig kasi. Chelsea naman. I cannot!" She pouted her lips. Mukang ewan. Haha.

"Tita Fancccyyyyyyy!"

Okay. The other megaphone is here. My daughter Chylee na sumalubong ng yakap kay Fancy.

"Wow! You're making laki na Chy. So pretty like Tita Fancy." Sabi ni Fancy.

"Thank you Tita! You're pretty too." Sagot ni Chylee.

"Oh, that's Sky na? He's so laki na and looks like he's binata na." Puna ni Fancy saka nilapitan si Skyler na nagba-blush at niyakap.

Achecheng bata. Kinikilig pa yata. Blush na blush. Parang naglagay lang ng blush-on.

"How are you Sky? So binata na ah!"

"H-Hi Tita Fancy. You're really pretty." Nauutal pang sabi ni Skyler na pulang-pula pa din ang pisngi.

Papaluin ko na yan sa pwet eh. Ke-bata-bata, kinikilig na! Asdfghjkl.

"Oh. Thank you Sky. I know naman that I'm really maganda. I have pasalubong for both of you. Lots of chocolates and toys." Sabi ni Fancy saka binigay yung dalawang paperbag niyang dala. Tig-isa yung kambal.

"Thank you Tita Fancy!" Sabi ni Chylee.

"T-Thank you Tita Fancy." Sweet na pagkakasabi ni Sky. Talaga naman oh.

"Your welcome twins. Oh, Tita Fancy needs to make paalam na ha? I will make balik nalang. I make daan lang talaga here para ibigay ang pasalubong ko." Paalam ni Fancy.

"By the way Fancy punta ka bukas. Birthday ng kambal." Singit ko.

"O-my-gi! Like errrr! Birthday nyo pala tomorrow. Okay. I make punta. I make bili na rin pala ng gifts for you." Sabi nya sa kambal saka tumingin sakin. **"Chelsea I'm making alis na. Tomorrow nalang. Bye bye!"**

"Okay. See you." Sabi ko saka kumaway sa kanya.

"Mom, look Sky oh. He's so red."

O_O

Ang pula pula nga ng mukha ni Skyler. **"Why baby?"** Tanong ko.

"I'm shy to Tita Fancy. Do you think she noticed that I have crush on her?" Tanong nya.

"No baby. Hindi naman yan. Don't be shy na okay?" Sabi ko. Talaga naman, oo.

Tumango lang si Sky saka tumakbo pataas. Sumunod si Chylee. Cute talaga ng kambal ko.

--

Birthday Party

Kakabihis ko lang. Ready nako sa party ng kambal. Si Kyle naka-prince charming costume. Ang gwapo niya tuloy lalo. Ako naman princess. Haha. Feel na feel ko ang gown at crown ko.

tok tok

I opened the door. Sumalubong sakin ang yakap ng asawa ko. **"Hmmm, amoy gwapo!"** Biro ko.

"Matagal nakong gwapo. Tch. Ang ganda talaga ng asawa ko." Puri naman niya sakin saka ako hinalikan sa noo.

"Ang kambal ready na?" Tanong ko.

"Yeah. Kaya nga ako nandito para tawagin ka. Nahihiyang lumabas ang kambal sa kwarto nila. Kelangan mo daw munang makita. Tch. Ayaw nila maniwala sakin na okay naman." Nakapoker-face na sabi ni Kyle.

Syempre. Mother knows best eh. Haha.

"Sige tara sa kwarto nila." Sabi ko saka lumabas na ng kwarto.

Yung kwarto kase ng kambal magkatabi lang tapos may pinto sa gitna nila para may shortcut.

Pagpasok namin ni Kyle sa kwarto ni Chylee..

O_O

Ang ganda ng anak ko. Naka-princess costume. **"Wow baby you're so pretty."** Puri ko.

"Really mom?" She asking for my satisfaction. The way she looks, nahihiya nga sya.

Tumango ako at hinaplos ang pisngi niya. **"No wonder sakin ka nagmana anak. You're pretty like a princess."**

Yumakap siya sakin. **"Thank you Mom."** Then she kissed me on my cheeks.

"Ready na baby ha?" Sabi ko. **"Padala ka na kay Daddy mo."**

Ayun, kinarga naman siya ni Kyle. Then lumapit ako sa pinto kung saan nagtatagos ang kwarto naman ni Skyler.

And there he go. **"Omg. Ang gwapo ng anak ko!"** Sigaw ko saka lumapit kay Sky.

"You must be kidding Mom. How can you say that I'm handsome. I'm wearing mask."

~_~

Haha. Sorry naman. Kasi naka-iron man costume sya eh. Astig kaya. **"Gwapo ka pa din baby."** Sabi ko.

"Tch. Okay Mom thanks. I'm ready. Is Riana and Tita Fancy already here?"

Daming chicks ah. **"I don't know pa baby. Di pa nakakababa si Mommy."**

"Okay. Let's go Mom, Dad." Yaya ni Sky.

"Lika, kargahin na kita Sky." Sabi ko.

"No Mom. I'm a big boy na. I can walk on my own."

=_=

Talaga 'tong si Skyler oh. Feeling binata talaga eh. **"Okay baby."**

"Hayaan mo na ang bata. Binata na yan."

=_=

Kunsintidor na ama. Haha. Binata daw. Hindi pa nga yan tuli. Pffft. Lumabas na kami ng kwarto para salubungin ang mga bisita.

Kumusta naman kaya ang tigers at ilan naming kaibigan? Ano kayang mga costumes nila? Nakaka-excite na ring makita.

Pagbaba namin dito sa living room, pumunta kami sa gilid kung saan ang daan papuntang garden kung saan naroon ang mga bisita.

"Mom there's a lot of visitors." Sabi ni Chylee.

Tumango lang ako. Paglabas namin ng garden, may biglang sumalubong samin. Ang tigers..

O_____O

Ang tigers nga ang mga yan diba? Teka..

HAHAHAHAHAHA!

**

A/N: Part 2 ng birthday party ang next. Bat kaya natawa si Chelsea? Yung picture ng kambal nasa gilid.

Chapter 24 ? Birthday Party 2

Chelsea POV

Hahahahahahaha.

"WHAT THE HELL!" Mura ni Kyle.

"Watdahel!" Gaya ni Chylee.

Asdfghjkl. Nananaginip ba ako? Totoo ba talaga nakikita ko? Dahil kung totoo, laughtrip 'to! Hahaha. Kasi..

Kasi..

Hahahahahaha.

"Captain naman! Makapag-mura ka naman. Dami ngang natuwa sa'min eh." Sabi ni Jerome.

Hahahahahahahaha.

"Si Chelsea makatawa oh. Sobra naman po!" Sabi naman ni Drei.

Kasi naman..

Hahahahahahahahha.

"They looked cute!" Sigaw ulit ni Chylee.

Hahahahahahahaha.

"Oo naman baby Chy. Cute talaga kami. Kami pa bang mga tito tigers mo?" Sabi ni Oliver.

Okay. Gusto nyo malaman costume nila? Ano..ah, ano..

Hahahahahahaha! Grabe diko talaga mapigilan matawa. Kase naman sa dinami-dami ng costume, bakit SAILORMOON pa!? Hahaha. Tapos naka-make-up sila pero walang wig. Yung pinakacostume lang.

Lakas ng mga trip eh. **"Sino namang nagsuggest na isuot nyo yan?"** Tanong ni Kyle.

"Captain, idea 'to ni Jerome. Galing 'no? Haha." Sabi ni Ken.

"Ulul! Mukha kayong tanga. Tch. Lika na baby ko." Sabi sakin ni Kyle saka naglakad na papuntang gitna. I-introduce kase ang kambal.

Nilampasan na namin ang tigers. Nakapameywang pa yan. Naka-rubber shoes. Haha. Mga baliw talaga. Sailormoon tapos rubber shoes? Lakas trip.

Nakita ko agad sa unahang table sina Janna at Adrian na nakaupo kasama syempr ang cute na cute na si Baby Riana na nakasuot ng snow white costume.

Ang anak ko, sama makatingin. Bitter talaga 'tong anak kong pinaglihi sa microphone eh. Hehe.

"So here they are. The celebrants!" Sabi nung emcee na nasa mini stage.

Pagkahatid namin ni Kyle sa kambal sa stage, tumabi kami sa mesa nina Janna.

"Ang cute ng kambal." Sabi ni Janna.

"Syempre. Saan pa ba magmamana?" Sabi ko.

"E'di sa'kin." Sabat ni Kyle.

=_=

"Sakin kaya."

"Sakin."

"Sakin sabi."

"Sakin.

"Aish! Sakin!"

"Easy, easy. Haha. Nakakatuwa kayong mag-asawa. Hilig nyo pa din palang mag-debate. Pareho lang naman nagmana sa inyo eh." Sabi ni Janna.

Nag-pout ako. **"I know right."**

"Tch."

Sungit nitong si Kyle. Feel na feel gusto lage sa kanya nagmana ang kambal. Oha. Mag-start na ang party. Lumapit na samin ang kambal.

"Tita Janna can I dance with Riana?"

=_=

Jusko ang anak ko. Walang pakundangan. Nagpaalam talaga sa parents.

"There's Tita Fancy oh!" Sigaw ni Chylee.

Parang nabigla at napatingin agad si Sky. **"Oh Tita Janna, mamaya na lang po."** Sabi ni Sky at biglang nanakbo?

=_=

Nagpunta sa mga tito tigers nya na nang-aaliw ng mga bisita. Haha.

Parang nagets ko si Sky. Ayaw nya makita sya ni Fancy na may ibang girl na kasama which is Riana. Haha. Bata talaga sa panahon ngayon, oh!

"Mom pupunta lang po ako kina Lolo." Sabi ni Chylee na tinuturo yung mesa ng mga lolo nila. Sa isang table kase sila kasama ang ibang oldies.

"Sure baby." Sabi ko.

Nagsimula na din ang kainan. Nakahanda na ang palaro sa mga bata at sayawan.

--

After an hour

Natapos na ang party. Nag-uwian na ang mga bisita. Natapos ng masaya ang mga batang um-attend tapos natuwa din sila sa mga games.

Ngayon, kami nalang natitira magbabarkada. Dito na kami sa salas sa mansyon. Opening na ng gifts. Haha.

Ang tigers naka-palit na ng damit. Dami nilang pinasaya. Nagsayaw ba naman ng growl ng EXO. Nakakatuwa lang. Kasi imagine, nagsayaw ng growl na ang costume ay sailormoon. Haha.

Si Skyler isinayaw si Riana kanina. Si Chylee naman nagmukmok sandali kanina kasi naghahanap ng mascott ni Jollibee. Naiinggit daw siya kina Riana at Sky. Haha. Hindi naman pwede yung statue niya. Mabigat yun at di gumagalaw.

"Okay start na ng bigayan ng gift. Magsimula sa tigers." Sabi ko.

"Here's mine. Ticket for 10 sa disney land." Sabi ni Jerome.

"Whoah!" Sigawan ng tigers.

"Baby Chylee bumili ako ng isang branch ng Jollibee para sa'yo. Pwede ka dun tumira. Haha. Here's the certificate. Tapos Sky sa'yo isang box na books." Sabi ni Drei.

"Wowwww!"

"Ako naman. Here. Ticket. Shop all you can sa sketchers. One day validity yan." Sabi naman ni Kit.

"Astigggg!"

"Ako. Here's my gift. Tig-isa kayong 18-karat gold necklace." Sabi ni Ken.

"Haneppp!"

"Ako naman! Shop all you can coupon 'to sa toy kingdom." Sabi naman ni Lyndon.

"Woaaah!"

"Next ako. Here. Isa sa pinakamahal na aso sa mundo na breed ng chow chow." Sabi ni Oliver saka ibinigay ang aso sa kambal.

O_O

Waaaa ang cute ng aso.

"Aba malupit!" Sigaw ng tigers.

Yung kambal tahimik lang pero yung ngiti nila abot hanggang tainga.

"Nahiya ako sa gift ni Oliver. Haha. Eto sa'kin. Bracelet na may diamonds. Sorry mga brad. Mahirap lang ako. Diamond yan eh." Sabi ni Luke.

Nakuha pa magyabang. Haha. Bigatin talaga si Luke. Diamonds eh.

"Shine bright like a diamond!" Kumanta pa si Luke pagkabigay sa kambal.

"Hahahaha."

"My turn na. Here's my regalo. A mini car. This is for Chylee, yung pink one then kay Skyler yung black. You can make It gamit when you make pasok na sa school. Haha." Sabi ni Fancy.

"My turn. Here's our gift from Adrian, Riana and me, one month supply ng mga damit and shoes from our mall." Nakangiting sabi ni Janna.

"Bigatin!" Sigaw ng tigers.

"Our turn. Naghati na kami ni Tito James nyo."Panimula ni Mandy. "Here's the key of Monterro Sports with driver 'yan para gagamitin nyo 'pag pumasok na kayo. Ako ang magpapa-sweldo sa

driver." Nakangiting sabi ni Mandy.

"Ayun ang malupit!" Sigaw ng tigers.

Grabe talaga ang kapatid kong si Mandy. Mahal na mahal talaga nya ang mga pamangkin niya.

"Sayang wala sina Yumi at Lance." Sabi ni Janna.

"Na-delay uwi nila eh. Tumawag sa'kin." Sabi ni James.

"Kelan ang uwi nila?" Tanong ko.

"Ayaw sabihin e. Magsu-surprise pa yata. Haha. Pero itinawag sa'kin ni Lance ang regalo nila sa kambal, pag-uwi na daw nila."

"Nakaka-miss na sila. Siguradong maganda at sexy pa rin si Yumiko." Sabi ni Luke.

"Hoy brad. Hanggang ngayon type mo pa din si Yumiko?" Tanong ni James.

"Haha. Hindi na. Meron na'kong napupusuan." Sabi ni Luke.

Asus. May ganon. Yung secretary niya yata tinutukoy niya. Sino pa ba? Yung pinsan ko. Haha. Bagay naman sila eh.

"Party, party na!" Sigaw ni Drei.

"What's up." Sabi ni Kyle na kakarating lang dito kasama si Adrian. Nagpaalam kanina na may pag-uusapan daw silang importante eh. Ayaw naman sabihin kung ano. Mukhang seryoso pa sila.

"Hanep ang mga regalo ah." Puna ni Adrian.

Tumabi sa'kin si Kyle saka ako hinalikan sa pisngi.

"Anong pinag-usapan nyo?" Tanong ko.

"Wala yun baby ko. Wag mo na isipin 'yun, okay? Tara, mag-celebrate." Sabi niya saka hinila na'ko

tumayo. Nagtayuan na ang iba eh. May mga kainan pa kasi tapos ang tigers mag-iinom pa yang mga 'yan.

Parang may something kay Kyle. Ano kayang pinag-usapan nila ni Adrian. Naba-bother ako. Parang seryoso kase pinag-usapan nila.

Waaa! Ang hirap ng clueless!

*

A/N: Lame UD. Sorry guys. Diko na dinitalye ang birthday party masyado.

Chapter 25 ? Divorce?

Chelsea POV

Natapos na ang celebration ng birthday ng kambal. Nakahiga na'ko dito sa kwarto namin katabi si Kyle.

Hindi ako makatulog kasi iniisip ko pa din kung ano kaya ang pinag-usapan nila Adrian at Kyle. Diko nga malimutan 'yung itsura nila kanina. Masyado silang seryoso. Naba-bother tuloy ako.

May problema ba kaya? Saan naman kaya? Ano kaya 'yun? Aaaaaishh! Ang hirap ng ganitong may iniisip.

"Baby ko, you're still awake?"

Gising pa pala si Kyle. Naramdaman niya siguro 'yung paggalaw-galaw ko dito sa kama. **"A-Ah, di pa kasi ako makaktulog gummy bear."**

"Why? Any problem?"

Kitams. Itatanong nya kung may problema ba. Eh sila nga yung may problema yata eh. **"Wala naman. Siguro, pagod lang dahil sa party kanina."** Pagsisinungaling ko.

Mas dumikit sa'kin si Kyle saka ako niyakap ng mahigpit. **"Tulog na baby ko.."** Sabi niya saka dinampian ako ng halik sa noo.

Naging sweet na talaga si Kyle pero ano nga kaya ang problema? Kinakabahan talaga ako eh. Bahala na. Ayokong magtanong kay Kyle. Gusto ko kasi kusa niyang sabihin sa'kin.

Pumikit na'ko at sinubukang matulog.

--

Kyle POV

Napansin kong nakatulog na ang asawa ko. Kanina ko pa nararamdaman na hindi siya makatulog. At alam kong iniisip niya kung may problema.

Expected ko na 'to. Napansin niya kasi kanina ang pagiging seryoso namin ni Adrian kanina matapos naming mag-usap ng masinsinan. Kahit kasi minsan walang common sense 'tong asawa ko, malakas pakiramdam nito.

Hay. Kung alam niya lang. Ayoko kasing sabihin sa kanya 'yung pinag-usapan namin ni Adrian. Malalaman niya din naman 'yun sa tamang panahon.

--

Chelsea POV

UMAGA. Inat-inat muna. Grabe parang pagod na pagod ako ah.

Tumingin ako sa tabi ko. Wala na si Kyle. Teka? Baka pumasok na sa company. Pero bakit 'di man lang niya ako ginising? Usually, ginigising niya ako para magpaalam.

Tiningnan ko 'yung phone ko. Walang text o missed calls. Nakakapagtampo naman.

Bumangon na ako. Paglabas ko ng pinto, napalingon ako nang makita ko si Chylee na kinakausap ang Jollibee statue niya sa labas ng kwarto niya.

"Alam mo Jollibee, napanaginipan kita kagabi. Naging totoo ka daw tapos gumalaw ka tapos kumain tayo ng madaming madmaing chicken joy!"

=_=

Ang weird talaga ng anak kong 'yan. **"Baby Chy let's go downstairs."** Tawag ko sa kaniya. Agad naman siyang tumakbo papalapit sa'kin.

"Goodmorning Mom!" Bati niya saka siya humalik sa pisngi ko.

"Where's your twin?" Tanong ko.

"In his room? Maybe?" Hindi pa siya sigurado sa sagot niya kaya binuhat ko na si Chy saka dumaan sa kwarto ni Sky.

O_O

Asan si Sky? Wala sa kwarto niya. Bumaba agad ako buhat si Chy.

"Butler nakita mo ba si Skyler?"

"Kasama po ni young master na umalis kanina." Sagot ni butler. Hanggang ngayon, young master pa din ang tawag niya kay Kyle.

Pero teka nga, bakit kasama 'yun ni Kyle? At bakit 'di man lang ipinaalam sa'kin? Hay. I tap my phone screen and tried to call Kyle pero out of coverage area. Ano bang nangyayari dun?

Wala na'kong choice. **"Butler pakihanda ang kotse. Aalis kami."** Utos ko kay butler.

"Mom what happen?" Tanong ni Chy. **"Where's Sky and Dad? Did they leaved us?"**

"No baby. Pupunta tayo ngayon sa company ni Daddy okay? Nandun si Sky." Sabi ko.

Hay nako. Ano bang nagyari sa mag-ama ko?

"Handa na po ang kotse Ma'am."

Tumango lang ako kay butler. Magbibihis lang muna ako sandali. **"Baby wait here okay?"** Sabi ko kay Chy saka ibinaba siya sa couch.

Umakyat agad ako para magpalit. Saglit na saglit lang naman then lumabas na ulit ako ng kwarto.

"Let's go baby." Binuhat ko ulit si Chy. Inabot sa'kin ni butler ang susi. Dala ko na din ang pouch ko.

Isinakay ko muna sa passenger seat si Chylee bago ako umupo sa driver's seat.

Nagsimula na akong mag-maneho. Hindi ko maiwasang mag-alala. Wala akong kahit katiting na ideya kung bakit isinama ni Kyle si Sky sa company. At nakakapagtaka lang na wala man lang tawag o text.

Tungkol kaya 'yun sa pinag-usapan nilang seryoso ni Adrian kagabi?

Tama! Tatawagan ko si Adrian. Idinayal ko ang number niya at tinawagan. Thanks God nag-ring.

[Uy Chelsea?]

Huh? **"Best? Nasaan si Adrian?"** Tanong ko. Nagsisimula na namang kumabog ang dibdib ko.

[Maagang umalis eh. Iniwan niya nga 'tong phone niya. Ang sabi niya lang, sa kompanya daw ni Kyle sya pupunta.]

Ano ba talagang meron? Hay! **"Sige sige best. Thanks."**

toot toot

Naiinis na ako kay Kyle. Ano na namang problema kasi. Hay.

Ilang minuto pa ay nakarating na kami sa company. Bumaba agad ako saka kinarga si Chylee.

"Goodmorning Ma'am."

Lahat ng nakakasalubong ko pagpasok ko ng building, binabati ako. Pansin ko pa 'yung kakaibang ngiti nila.

Sumakay na kami ng elevator. Wala kaming kasabay ni Chy. Well-trained kasi ang mga empleyado dito na sa tuwing sasakay ng elevator ang mga boss nila, hindi sila sasabay. Ako, tinuturing na din nilang boss dahil asawa ako ni Kyle.

Pagbaba ko dito sa 20th floor kung saan narito ang main office ni Kyle, huminga ako ng malalim.

Bago ako makarating ng pinaka-office ni Kyle, madadaanan pa ang cubicle ng secretary niya. **"Where's my husband?"** Tanong ko.

"A-Ah, ano po.."

Nauutal siya? Anong meron? **"Is there any problem?"** Seryosong tanong ko. Malapit nako manigaw. Cluless ako sa nangyayari.

Napansin ko ang pagtawag niya sa intercom.

"Mrs. Shin-Woo already arrived."

Ano daw? Already arrived? Ine-expect ba nilang pupunta ako rito?

"Mrs. Shin-Woo wala po sa office niya si Mr. Shin-Woo."

Nag-iinit na talaga ang dugo ko. **"Then, nasaan?"**

"Nasa rooftop po."

O_O

"ROOFTOP? Anong ginagawa niya dun!?" Napapalakas na ang boses ko. Mukhang nasindak na nga 'yung secretary sakin.

"M-may kausap---"

Nilampasan ko na ang secretary ni Kyle. May kausap? Sa rooftop? Sino naman kaya? Ano 'yun, may babae ba siya ha? Kaya ba ni-report agad nung secretary niya na narito ako para di ko siya mahuli? Damn. At ang alam ko nandito si Adrian eh. Ano yun, kasabwat nila? Nakakainis!

Sumakay ako ng elevator papuntang top floor saka inakyat ang hagdan patungong rooftop. Buhat ko pa si Chylee na tahimik lang. Ganito siya kapag feeling niya may problema. Tahimik lang sya.

Pag-labas ko ng rooftop..

O_____O

Damn. Bakit may kausap na buntis si Kyle? May nabuntis ba siya? Kelan pa 'to? Ito ba yung seryoso nilang pinag-uusapan ni Adrian? Sh*t naman!

Kusa ng tumulo ang luha ko. Ano bang nagawa ko para mangyari 'to? Ginawa ko naman ang lahat eh. Anong pagkukulang ko?

"B-Bakit Kyle.." Umiiyak na sabi ko. Napatingin sa direksyon ko si Kyle. Halatang nagulat siya.

Ano? Gulat siya dahil nahuli ko siya. Kelan pa niya 'to tinatago? At nasaan si Skyler?

"Baby ko." Nakangiting sabi niya.

Nakuha pa niyang ngumiti? Proud ba siya sa ginawa niya? **"B-Bak--"**

Niyakap ako bigla ni Kyle. **"Sorry baby ko.."**

T_T

Sh*t. Hindi madadala ng sorry ang ginawa niya. **"A-Akala mo ba ganon kadaling magpatawad? B-Bakit Kyle..bakit mo nagawa 'to?"** Umiyak ako lalo. Si Chylee nasa gitna namin habang magkayakap kami. Tahimik lang siya.

"Baby ko. Sorry talaga. Kailangan ko lang talagang ilihim sa'yo 'to.." Sabi niya saka kumalas ng pagkakayakap.

Napansin kong wala na 'yung buntis na babae. Nasaan na yun? Nagtago na ba siya dahil natatakot siyang masabunutan ko siya? Damn it.

Umiyak lang ako. Binaba ko muna si Chylee. **"Wait lang baby. Nag-uusap lang si Mommy at Daddy."** Sabi ko.

Tumango lang si Chylee na clueless sa inaakto namin ni Kyle ngayon. Muli akong humarap kay Kyle.

"Kelan pa'to?" Tanong ko. Pilit kong tinatatagan ang loob ko.

"Last week." Sagot niya.

"Ito ba 'yung pinag-usapan nyo kagabi ni Adrian?" Tanong ko ulit.

Tumango siya. **"Oo."**

Sh*t. Pati ba si Adrian, nagawang maglihim sa'kin? Anong klase syang kaibigan? At si Kyle, anong klase syang asawa? Niloko niya ako..

T_T

"Kung gan'on, mas pipiliin kong makipag-divorce nalang sa'yo."

"WHAT THE FVCK! Ano bang sinasabi mo baby ko? Bakit kailangang dumating sa ganong punto?" Sigaw niya.

"Dahil ayoko ng may kahati."

"Kahati? Ano bang sinasabi mo baby ko?

"Yung buntis na babaeng kausap mo Kyle! Ayoko siyang maging kahati sayo! Nabuntis mo siya! Niloko moko! Hindi mo alam kung gaano kasakit ang ginawa mo!"

Kyle ~____~

Kumunot ang noo ko sa itsura ni Kyle. **"The fvck! Yun ba ang kanina mo pa sinasabi? Damn! Baby ko, hindi ako nakabuntis! At lalong wala akong affair sa babaeng kausap ko kanina. Isa sa empleyado ko 'yun! Fvck sa tingin mo kaya kitang lokohin!?"**

Hindi niya yun nabuntis? Parang gumaan bigla ang pakiramdam ko. **"Pero nagso-sorry ka kanina..."**

"Tch. Nagso-sorry ako kasi hindi ako nagpaalam na umalis kaninang umaga. Akala ko naman nakita mo na 'yun." Tinuro niya yung gilid.

O_O

May mesa na may mga candle, plates, wine at kung anu-ano pa. Ganon. Tapos naroon si Adrian at ibang tigers na tawa ng tawa. Si Skyler nakasimangot na nakabihis na parang waiter.

Bakit di ko yun napansin kanina!?

"Akala ko nakita mo na. Kaya nga nagsosorry ako na diko ipinaalam sa'yo 'yan. At oo, yan ang pinag-usapan namin ni Adrian kagabi. Nagpatulong ako. Last week ko pa yan na-plano. Kanina 'di talaga ako nagpaalam at pinatay ko talaga ang phone ko. Isinama ko na rin si Sky para mas mag-alala ka. Dahil 'pag nag-alala ka, sigurado akong pupunta ka dito sa company. Tch. Akala mo pala nabuntis ko yung kausap ko kanina. Kaya ka pala umiiyak. Tapos magugulat nalang ako, gusto mo ng makipag-divorce. Gusto lang naman kitang i-surprise baby ko. Happy monthsary. I love you."

O_____O

"WHOOOAAHH!"

"Captain 'yan eh!"

I was.....speechless. Monthsary nga pala namin ngayon. Twenty-two. Monthsary mula nung maging kami as boyfriend/girlfriend, hindi 'yung as kasal o bilang mag-asawa. Hanggang ngayon kasi, gusto ni Kyle na sine-celebrate din namin yun kahit monthsary lang. Ganun siya ka-swet ngayon. Nawala sa isip ko pero si Kyle, natandaan niya.

At gumawa pa siya ng surprise. Grabe akala ko talaga nakabuntis siya. Natakot talaga ako. Wala akong masabi kaya niyakap ko si Kyle ng mahigpit.

"Next time, don't conclude. Okay? Tch. I love you." Sabi ni Kyle.

"I love you too gummy bear. You never fail to amazed me. You m-made my day." Sabi ko habang nakayakap pa din.

Bigla ay hinalikan ako ni Kyle.

"Triplets na 'yan!"

"I-kwarto nyo na 'yan!"

"Rated SPG bro!"

Kyle just smiled at me and kiss me on the tip of my nose. **"You're my only one kaya wag kang mag-iisip nang kung ano. Let's eat."** Yaya niya saka inakay ako palapit sa mesa.

Madaming rose petals sa mesa.

"What do you want to eat Mom?" Tanong si Skyler na nag-a-ala-waiter. Ang cute. I kissed him on his cheeks.

"Mommm! Don't ruined my character. I'm a waiter this time. Not your son."

Sungit ng anak ko. Si Chylee napansin kong..

=_=

Ayun nakikipaghabulan sa mga tigers habang may hawak na fried chicken. Ang cute nilang tingnan. Yung ibang tigers taga-lagay ng food sa plate. Si Ken taga-hawak ng alak. Haha.

Tumingin ako kay Kyle. **"Happy monthsary gummy bear."**

Ngumiti siya. **"Happy monthsary."**

Hindi ko in-expect ang nangyari ngayong araw na'to. It was really amazing. Si Kyle? Swerte talaga ako sa kanya dahil siya ang tipo ng lalaki na ipararamdam sa'yo kung gaano ka niya kamahal. Kahit matagal na kaming kasa at mag-asawa, hindi siya nagbabago.

That's why I'm contented with him. He's my everything and he's all I ever wanted.....*forever.*

**

A/N: Hashtag **#HappyMonthsaryKySea**

Chapter 26 ? Problem

Chelsea POV

Di ako makaget-over sa nangyari kanina. Hindi ko expected na sa'ming dalawa ni Kyle, ako pa ang nakalimot na monthsary namin ngayon.

Masyado pa akong naging emotional kanina. Akala ko talaga aabot kami sa divorce ni Kyle. Akala ko naman kasi talaga nabuntis nya yung kausap niya.

Pero sa totoo lang, yung kilig ko diko ma-explain. Wala na'kong masabi kay Kyle. Nasa kaniya na ang lahat. Napaka-swerte ko na nakakilala pa ako ng isang lalaking tulad niya dahil alam kong parang bihira ang ganon.

"Baby ko tama na yan. Mukha ka ng timang. Kanina ka pa nakangiti sa kawalan."

=_=

Panira naman ng moment 'tong si Kyle eh. High na high pa nga ako dahil sa surprise nya kanina eh. **"Psh."** Umingos ako.

"Stop being like that. Tch. Wag kang umingos. Di bagay sa'yo." Puna niya ulit saka mas dumikit sakin dito sa pagkakaupo sa kama namin.

Gabi na kasi at narito na kami sa kwarto namin.

Kaninang umaga, after namin kumain, wala na namang nangyari bukod sa sinayaw ako ni Kyle ng sweet dance. Nag-hire pa siya ng nagba-violin. Tapos 'tong mga tigers naman may mga dalang iba't ibang klase ng flowers tapos isa-sa nilang binibigay sa'kin. Pinaka-last si Kyle na may hawak ng pulang rosas. Super sweet talaga niya.

Dalawang bata na ang lumabas sa sinapupunan ko, kinikilig pa din ako. Haha.

"Panira ka kase ng moment. Nilalasap ko pa nga yung surprise mo kanina eh."

"Tch. Wag mong masyadong lasapin baby ko. Hindi yun ang huli. There's more kaya magtira ka okay? Wag kang masyadong kiligin."

=_=

Kahit kelan talaga. **"Oo na. 'Lika na matulog na tayo."** Yaya ko.

"Maaga pa baby ko." He said then smirked at me.

What was that? **"Oy, gummy bear anong mukha yan?"**

"Gwapo baby ko."

O_O

Iba talaga ngiti ng asawa ko. Waaaa! Ano ba 'tong si Kyle?

"Alam kong gwapo ka. I mean, may pa-kindat-kindat ka pa dyan oh. Tapos para kang nang-aakit dyan. Ikaw gummy bear ha.." Medyo nilalayo ko ang sarili ko kay Kyle. Nakakaramdam ako ng kakaibang radar. Kulay pink. Haha. Pink na radar. Parang pink alert.

"Bakit? May batas na ba ngayon na bawal kindatan at akitin ang asawa? You're mine and I have the rights to do what I want from you dahil pag-aari na kita."

O_O

Mga salita ni Kyle. **"Pag-aari mo na'ko, oo gummy bear. Pero kailangan talaga akitin?"**

Malala na si Kyle. Talaga nga naman. Haha. Malala na sa pagmamahal sakin. Joke lang. I mean, malala na ang pang-aakit.

“Minsan kais baby ko, kailangan talaga kita akitin para hind ka na makatanggi sa kung anumang gawin ko sa’yo..” He winks at me and lean closer to me.

Ayan na talaga. Harujusko! Kinikilabutan ako ‘pag ganitong nang-aakit si Kyle eh. Madalas naman ‘pag nagme-make-love kami, on the spot. Haha. Ngayon kase si Kyle tinotopak na naman yata.

“A-Ano, gummy bear. Hinay-hinay lang. He-he..” nag-aalangan pa’kong tumawa. Kakaiba talaga ang tingin ni Kyle. Yung mga balahibo kong nagtitindigan eh. Shemay. Para akong maiihi eh.

“What? Wala pa akong ginagawa baby ko..” he said with his husky voice.

Ohmy. Mas nilapit niya ang katawan niya sakin hanggang sa mapahiga na’ko dito sa kama. YAAAAAAA! Hindi maaari. Huhuhu. Joke lang. Nanganak na nga ako tapos hindi maaari? Kinakabahan lang talaga ako. Yung pang-aakit ni Kyle ngayon parang nagbabadya ng magdamagang make-love. Haha. Wag naman sana. Kawawa ang egg cells ko. Nemen!

“G-Gummy bear, I love you..” I smiled at him. Pinipilit kong alisin yung kaba sa dibdib ko eh. He-he.

“I love you too baby ko. I really do..”

He kissed my shoulder, naka-sando lang kasi ako. Then he kiss me on my forehead. Shemay! Sigurado naalatan si Kyle, may pawis na noo ko eh. Haha. Then he kiss me on my cheeks, ayan na!

O_O

OMG. I can’t breath. Ang soft ng pagkakahalik niya kanina sa’kin mula sa shoulder, forehead at cheeks tapos pagdating sa lips..

O_O

ANG INTENSE! Para siyang uhaw na uhaw. Yung tipong parang one million years na hindi nakahalik. Hinayaan ko lang siya. Sino ba naman ako para tanggihan ang halik ng sarili kong asawa.

O_O

Naramdam ko ang paggala ng mga kamay ni Kyle sa katawan ko. I admit, nagsisimula ng uminit ang pakiramdam ko. Ang lakas ng epekto ng ginagawa ni Kyle ngayon.

Saglit syang tumigil sa paghalik sa’kin para lang titigan ako. **“You’re damn gorgeous baby ko. Fvck. I want you.”** He said then kiss me again.

Yung pakiramdam ko, shemay! Para akong nawawala sa sarili. Napaliyad ako anng maramdaman ko ang paghaplos ni Kyle sa dibdib ko. Napasabunot ako kay Kyle. Patuloy siya sa paghalik sa’kin na tinutugon ko ng mas intense.

“AAAAAAAAAAHHHHHHHHH!”

O___O

“Si Mom and Dad nagsasabunutan! Waaaa! Nag-aaway sila!”

Napabalikwas kami ng bangon ni Kyle nang marinig ang siagw na iyon ng anak naming pinaglihi sa megaphone. Naalala kong nakasabunot ako kay Kyle.

“Fvck.” Narinig kong bulong ni Kyle. Sigurado akong nabitin siya. Si Chylee kasi.

“Hindi kami nag-aaway baby.” Sabi ko saka kinalong si Chylee.

“I saw that Mom. Sinasabunutan mo si daddy then si daddy naging dracula. He’s on your top Mom.” She pouted her lips . She’s really innocent.

“Hindi kami nag-aaway, okay? Lambingan lang yun ni Mommy and Daddy.” Sabi ko. Si Kyle nakatingin lang saming mag-ina. Para tuloy nawala sa mood si Kyle.

“LAMBINGAN Mom? I dont want! Gagawa kayo ng baby Mom. I dont want! Let’s go to my room Mom. You sleep there with me.” Tumayo si chylee mula sa pagkakakalong ko sa kanya saka ako hinihila.

Tumingin ako kay Kyle. Minamasahe ni Kyle yung sentido nya. Bahagya pa siyang tumango. **"Go on baby ko. Patulugin mo muna si Chylee.”** Sabi nya.

Naku badtrip nga yata. **"Sige.”** Sabi ko. **“Babalik din ako.”**

Kailangan ko pang patulugin si Chylee bago makabalik sa kwarto namin. Nagkamali ako kanina. Dapat pala di ko sinabing naglalambingan lang kami ni Kyle kasi automatic nga palang iisipin ni Chylee, gagawa kami ng baby. Diba ayaw pa niyang magka-new baby sa family namin kasi iniisip niya na baka mawala ang atensyon sa kanya.

Napailing nalang ako habang papasok sa kwarto ni Chylee. Inalalayan ko siayng humiga sa kama niya **“Sleep na baby.”** Sabi ko.

“Stay here Mom, okay?” sabi niya na mahigpit na nakahawak sa kamay ko. Nakaupo lang ako dito sa gilid ng kama niya.

Tumango ako. Pumikit naman na siya.

Ilang minuto lang, napansin kong nakatulog na siya. Tinanggal ko ang pagkakahawak ng kamay ni Chylee sakin saka maingat akong lumabas ng kwarto niya.

Pagpasok ko sa kwarto namin. Si Kyle nakahiga sa kama. Naka-boxers saka naka-sando nalang. Nanonood ng TV. "Gummy bear, tulog na si Chylee." Sabi ko saka tumabi sa kaniya.

“Okay. Matulog ka na rin." cold na sabi niya.

O_O

Bat naman siya naging cold? Anong nagawa ko? **"Are you mad?”** tanong ko.

“No.” sagot niya pagkatapos ay pinatay niya ang TV. **“Let’s sleep.”** He said then turn off the lights.

Problema nitong si Kyle? Aish. Nawala na ako sa mood. Nakakainis. Basta nalang magiging cold. Wala naman akong nagawa eh. Matulog ba? Sige edi matulog na. Aish!

Kainis.Nakatalikod pa sakin. Dati nakayakap lagi. Sige gumanyan ka Kyle. Wag kang makakadikit-dikit sa’kin paggising mo. Psh.

*

A/N: Bakit naging cold si Kyle? Hashtag #MPMMNCold

Chapter 27 ? Discipline

Chelsea POV

Nakatalikod na'ko kay Kyle. Nakakainis talaga. Basta-basta nalang nagiging cold. Kanina ang hot, hot tapos ngayon ang hot, hot ng ulo.

Di ako natutuwa ha. Pagkatapos akong pakiligin kaninang umaga, ganito talaga ngayon? Saglit lang ako nawala eh. Hay. Di tuloy ako makatulog. Paano ba naman. Pagkatapos gisingin ni Kyle ang katawang lupa ko, totopakin naman. Anak naman ng kabayong mukhang daga oh!

O_O

Naramdaman kong gumalaw si Kyle. So gising pa din siya? Psh.

"FVCKING SH*T!"

O_____O

Napabalikwas ako ng bangon at tiningnan si Kyle. **"Problema mo?"**

O_____O

He kiss me torridly. Oh my gulay. Bipolar na ba talaga si Kyle para umakto ng ganito? Galit sya diba? Cold sya diba? Bakit bigla naman akong hahalikan pagkatapos magmura ng malakas?

Halos hingalin ako nang tumigil si Kyle sa paghalik sakin. Nakatingin lang ako sa kanya, tulala.

"Fvck! Kanina pako nagmamaktol, di mo man lang ako sinuyo. Tch."

Ano daw? **"Ha?"**

"Nagpapalambing ako sa'yo kaya nag-act akong cold. Tapos wala ka man lang ginawa. Nagalit ka lang din. Tch. Nawala na tuloy init ng katawan ko!"

=_=

Sinisisi pa nga ako. Aba malay ko bang nagpapalambing lang siya? Si Kyle talaga bipolar. **"Tingin mo anong ire-react ko kung maging cold ka ha?"**

"Tch. Hindi mo lang sinubukang lambingin ako? Yung kahit kiss lang sa pisngi o kaya back hug tapos bubulungan mo'ko ng I love you. Tch!"

~____~

Seriously Kyle? **"Malay ko nga kasi. Psh! Ang dami mo pa kasing arte pwed--"**

=_=

Okay. He kiss me again. Akala mo talaga 'tong si Kyle, makahalik oh kala mo lalamunin ako ng buo.

Tumigil na sya ulit. I pouted my lip while looking at him. **"Tapos hahalik-halik at magmumura."** I murmured.

"Tch. Pabulong-bulong ka pa dyan baby ko, rinig ko naman. Nabitin ako kanina kaya nagpapalambing ako sayo. Tch!"

Aba't. Psh. Etong si Kyle hinahamon ako. **"Lambing ba?"**

"OH FVCK BABY KO!"

Haha. Kala mo ha. Naghubad ako sa harap ni Kyle. Nagawa ko na dati 'to pero iisa pa rin ang reaksiyon ni Kyle. Tulo laway. Joke lang. Haha.

Laglag brief ni Kyle. Haha.

"Let's make love." He said.

"Then do it." Sagot ko. Nag-wink pa ako para mas effective. Lambing pala gusto eh pwede namang akitin nalang. Alam naman niyang konting akit nya lang, nanghihina na agad ang tuhod ko.

He suddenly grab my head and kiss me again. Then inalalayan niya akong humiga sa kama. He's still kissing me softly. Naramdaman ko na ang paggala ng kamay niya sa katawan ko.

Sumisibol na naman ang init na nararamdaman ko. Nararamdaman ko ding nag-iinit na si Kyle. He's now on my top and still kissing me.

He stop kissing my lips and remove his shirt. Sh*t. This 6-pack ABS is heart. Omg.

He lie down and kiss me softly on my neck.

"A-Ah..K-Kyle.." I can't stop myself calling his name. Kinikilabutan ako na nakikiliti sa ginagawa niya.

"Are you ready baby ko?" He said huskily.

Tumango ako bilang tugon. Hindi naman na niya ako kailangang tanungin kung ready na'ko. Anytime naman naka-ready ako. Parang battery lang, eveready!

"Fvck." He whispered and kiss me again on my lips. He started to explore my body. Tinanggal na niya ang huling piraso ng tela na natira sa katawan ko. Ganon din sa kanya.

Now I'm looking at his oh-so-hot body. He started to do his thing. All I can do is moan.

And there, we did it.

--

"Goodmorning baby ko."

Nagising ako sa mahigpit na yakap ni Kyle. Mukhang ang ganda ng gising ng asawa ko.

Kinusot ko muna ang mata ko saka naghikab. **"Morning."**

He kiss me on my cheeks. **"Let's have breakfast together baby ko."**

Pag ganito, naglalambing si Kyle. **"Wala ka bang pasok sa kompanya?"**

"Meron. Gusto ko lang i-spend ang araw na'to kasama ang babaeng nakapagpapabilis ng tibok ng puso ko."

>.<

Omg. Ang aga-aga pinapakilig ako ni Kyle ng hard. **"Sweet naman.."** Sabi ko.

"Kasing-sweet ng mga halik ko sayo." Dinampian niya ako ng halik sa labi ko. Kahit kelan si Kyle di nauubusan ng ka-sweet-an sa katawan.

"Yaaaa! Tama na. Kinikilig na ako ng hard gummy bear."

"Hahahaha. Ikaw talaga. Kain na tayo asawa ko."

"Kakain na?" Tanong ko.

"Oo kaya bumangon kana kung ayaw mong ikaw ang kainin ko. Tch."

Loading..

O_O

Kainin? Waaaaaaaaa! Kahit kelan talaga si Kyle. Ah, okay. Late nako magreact. Nakapasok na ng banyo si Kyle. Hahampasin ko pa sana ng unan.

Baka daw ako ang kainin ni Kyle pag di pa ako bumangon. Sige. Makahiga muna. Hindi muna ako babangon.

Haha. Joke lang. Makabangon na.

--

Sabay-sabay kaming nag-aalmusal. Kami ni Kyle kasama ang kambal.

"Mom, who cooked this one?"

Tinatanong ni Chylee yung nasa serving plate na fried rice.

"Si Yaya. Why?"

"Doesn't taste good."

=_=

Pulaerang bata. **"Bad yun baby. You should be thankful for what we have. Okay?"**

"Sorry mom. I'm just being honest lang naman po. Fried rice. It tasted like fried soil."

=____=

"Chylee stop it!"

O_O

Hala. Seryoso ni Kyle. Si Chylee parang nagulat pa. Hinawakan ko agad sa kamay si Kyle. Katabi ko kasi sya tapos katapat namin ang kambal. Napatingin naman ako kay Chylee. Parang paiyak na.

"I'm just tell---"

"I said stop it. Hindi ba pwedeng kumain ka na lang Chylee? Hindi magandang pinupulaan ang pagkain."

Naku, naku. Seryoso talaga si Kyle. **"Gummy bear.."** Bulong ko. I'm trying to make him calm.

"Kas---"

"One."

"Chylee wag ka ng magsalita. Okay baby? Kain kana."

O_O

Umiyak si Chylee. **"I hate you daddy!"**

Ayun tumakbo pataas. Tumingin naman ako kay Kyle. **"Gumm---"**

"Hayaan mo siya. Minsan nasobrahan na yan. Dapat din siyang pagalitan paminsan-minsan. Na-spoiled na masyado." Sabi ni Kyle saka kumain na.

Hindi ko maintindihan si Kyle. Tama naman sya na dapat pagalitan din. Pero sa spoil thingy? Sya naman nagsspoil sa kambal. Tapos first time pa nyang pagalitan si Chylee.

"Where are you going?"

Napatingin naman ako kay Skyler na nakatayo na. Hindi pa ubos yung pagkain nya sa plato. Para ngang nakaka-isang kain palang.

"I want to check if Chylee is okay." Sagot ni Sky.

"Let her be. Eat your meal." Sabi ni Kyle.

Papalit-palit ako ng tingin sa kanilang dalawa. Ano bang nakain ni Kyle at ang sungit sa mga anak niya?

"But dad--"

"I said eat your mea!"

O_O

"Kyle ano ba, wag mong sigawan ang bata."

"I hate you!" Nagtatakbo na rin pataas si Skyler. Hala. Ang kambal pareho ng umiyak at nag- I hate you

sa kaniya.

"Anong problema Kyle? Bakit ang init ng ulo mo ngayon para pagalitan ang kambal?" Tanong ko. Parang nawalan na ako ng ganang kumain. Naaawa din ako sa kambal dahil first time nilang mapagalitan ng ganito.

"Wala okay? They deserve it. Hindi na na-di-disiplina ang kambal."

I sighed. **"Pwede naman silang disiplinahin sa tamang paraan. Hindi yung ganyan na sisigawan mo?"**

"Paaano? Kaya lumalaking ganyan ang kambal dahil hinahayaan mo."

What did he say? **"Sinasabi mo ba na wala akong kwentang ina sa kanila?"**

"It's not like that baby ko. Look, I'm sorry okay? Gusto ko lang talaga i-discipline yung kambal."

Napailing nalang ako. Wala akong maisagot kay Kyle. Dahil naiinis na ako. **"I'm done."** Tumayo na ako. Pupuntahan ko ang kambal. Bahala si Kyle kumain mag-isa.

Psh.

*

A/N: Hashtag #MPMMN3

Chapter 28 ? Guilty

Kyle POV

Damn it. I can't understand them. Masama bang disiplinahin ko ang kambal? Namimihasa na sila ng ganon. Parang walang galang. Hindi pu-pwede yun.

Aaminin ko, ako ang nagluto ng breakfast namin. Wala ding alam ang asawa ko tungkol dito pero hindi man lang nila na-appreciate, pinulaan pa ng anak ko. Tch. Nag-e-effort ako sa kanila bilang padre de pamilya pero nabalewala lang ang effort ko.

Ngayon, wala. Galit sila. Fvck.

Tumayo ako saka umakyat sa kwarto namin. Inaalo ni Chelsea ang kambal na umiiyak. Damn it! Tapos ngayon makakaramdam ako ng awa sa kambal. No. They should learned from their mistakes. Kung hindi man ako ang nagluto nun, mali pa din eh. Dapat lahat ng meron tayo, ina-appreciate natin. Dahil may ibang tao na hindi man lang nakakahawak ng kung anong meron tayong may kaya sa buhay. Tch.

Masyado kong na-spoil ang kambal. But this is the right time na idisiplina na sila. Lumalala na ang bad attitudes nila. Ayokong lumaki silang ganon. Ayokong lumaki silang katulad ko na walang galang at masyadong harsh. Tama ng ako yung ganon. Isa pa, nagbago na'ko. At ang resulta ng pagbabago ko? Ito. Masayang pamilya.

Pumasok ako sa kwarto ni Chylee kung saan naroon sila. **"Kids."** Panimula ko. **"Mali ako na sigawan kayo but it doesn't mean na galit ako. I mean, pinagsasabihan ko lang kayo dahil mali ang ginawa mo Chylee. Tama ba yung pulaan mo ang pagkain?"**

Hindi sila sumagot. Tch. Si Chelsea tumayo na at humarap sa'kin.

"Wag mo munang kausapin ang kambal. Medyo na-shocked pa sya dahil first time mo silang sigawan."

Tch. Ako talaga ang mali? Damn it. I know my fault pero bakit pati mismong asawa ko, galit din sakin? Hindi rin ba niya maintindihan yung pag-di-disiplina ko sa kambal?

Sa halip na sagutin si Chelsea, tumalikod nako saka lumabas ng pinto. Ako pa ang nagmumukhang mali. Mali ba talaga ang ginawa ko? Tch.

Dumiretso ako sa kwarto naming mag-asawa. Dumapa ako sa kama.

Krrrrinnnggg..

Tch kung kelan namang wala ako sa mood oh. Dinukot ko phone ko mula sa bulsa ng pantalon ko habang nakadapa pa din ako.

[Sir ready na po ang pina-ayos niyong ticket na trip to Europe. Ipapadala ko po ba dyan sa mansyon o dito nalang po sa office?]

Damn. Secretary ko. Nagpaayos kasi ako ng ticket. Surpirse ko sana sa mag-iina ko. Trip to Europe. Nagfile na rin ako leave.

"Dyan nalang sa office. I'm busy today. Don't call me." Sabi ko saka pinatay na ang phone ko. Wala ako sa mood.

Naging mabuting ama naman ako, I guess? Ginagawa ko ang lahat para mapasaya ang pamilya ko pero bakit pakiramdam ko, wala? Yung wala akong nagawang tama? Nasita ko lang ng isang beses, parang ang sama-sama ko ng ama o asawa. Tch.

Yung ticket? Hindi ko nalang sasabihin. Sigurado namang hindi din matutuloy yun dahil galit sakin ang mag-iina ko. Fvck.

-

Chelsea POV

Bumuntong-hininga ako nang makalabas ng kwarto si Kyle. Naiintindihan ko naman sya. Nakuha ko naman ang punto nya. Oo nga, gusto nyang i-disiplina ang kambal pero sa paraang hindi paninigaw. Syempre matatakot nun ang mga bata. Masyado kaseng mainitin ang ulo nya.

Para pang na-trauma si Chylee. First time siyang masigawan ng daddy nya eh. Iyak tuloy ng iyak.

Ang tamang pagdidisiplina kase sa mga bata, yung tipong pagagalitan, oo. Pero after nun kakausapin ang bata. Ipapaliwanag kung bakit kailangan silang pagalitan para hindi sila magtanim ng sama sa loob. Kakausapin dapat ng maayos. Hindi yung sisigawan. Psh.

Lumabas ako ng kwarto ni Chylee saka pumunta sa kwarto namin. Naabutan kong nakadapa si Kyle sa kama. Dahan-dahan akong lumapit.

"Fvck! I I'm not a perfect dad!" He murmured.

Bigla tuloy akong na-konsensya sa pagalit effect ko sa kaniya kanina. Mali naman kase talaga yung way ng pagdisiplina nya eh.

"Damn it. Hinding-hindi na'ko magluluto ng breakfast for them. Effortless."

O_O

Ano daw? So it means..

O_O

SIYA PALA ANG NAGLUTO NG BREAKFAST!?

Y-Yung sinabi ni Chylee na parang fried sand yung fried rice? Si Kyle ba nagluto nun? Eh di siya marunong magluto eh? Hanla.

Kaya ba nagalit talaga si Kyle at nasigawan si Chylee? Ano ba yan. **"G-Gummy bear."** Tawag ko. Nanatili akong nakatayo dito sa may pinto.

Lumingon naman sya at bumangon. **"Why?"**

"A-Ah, kase.." Bigla naman akong na-blanko. Ano nga pala sasabihin ko?

"Mabuti pa aluin mo muna yung kambal. Alam kong 'di nila ako haharapin. Matutulog muna ako." May pagka-cold sa boses ni Kyle.

Wala na. Guilty na talaga ko. **"S-Sorry nga pala k---"**

"It's okay. I understand. Sige na. Puntahan mo na ang kambal." Sabi nya saka muling dumapa.

Ang cold ni Kyle. Hay. Anong gagawin ko? May mali din pala ako. **"Gummy bear.."**

"Hmm.." Yun **lang sagot niya habang nakadapa pa din. Walang lingon lingon.**

"I love you." Malambing na sabi ko.

"Puntahan mo na ang kambal." Sagot niya.

</3

Parang bigla tuloy akong nainis sa sarili ko. Oo, may mali si Kyle pero ako din eh. Parang iniisip tuloy ni Kyle na wala siyang kwentang ama. Pinagluto niya kami tapos hindi namin na-appreciate. Natural nga na masaktan si Kyle kaya siguro nagalit talaga siya.

Lumabas na'ko ng kwarto. Hahayaan ko muna siyang magpahinga.

Nang makabalik ako sa kwarto ni Chylee, naabutan ko ang kambal na nanonood ng TV.

"Kids." Panimula ko. Kinalong ko si Chylee samantalang nakaupo na sa tabi ko si Skyler.

"Yes mom?" Tanong ni Chylee.

"Huwag na kayong magalit sa daddy niyo okay?"

"I hate him." Sagot agad ni Chylee.

"Baby, huwag kang ganyan." Sabi ko.

"I hate him, too." Sabi naman ni Skyler.

I sigh. Mukhang galit talaga ang twins. Hay. Naman. **"Kids, your daddy feels sorry na sa nagawa niya kanina. You know what? Si daddy ang nagluto ng breakfast natin kanina kaya nung sinabi mo Chylee na hindi masarap, nasaktan si daddy."**

Nag-iba ang expression ng mukha ng kambal. Parang slight nagulat.

"Ikaw ba Chylee, halimbawa naggawa ka ng cookies then you gave it to daddy without telling that you're the one who made it, and then sinabi niyang hindi masarap. Anong mararamdaman mo?"

She pouted her lips. **"I'll be mad po...at magtatampo."** Sagot niya.

"See? Ganon yung naramdaman ni daddy kaya di na niya napigilang masigawan ka. So pwede namang i-forgive si daddy niyo?"

The twins nodded without hesitation. **"Now I understand dad."** Sabi ni Chylee. **"Sky let's go to daddy."**

Tumakbo yung kambal palabas ng kwarto. For sure pupunta yun sa kwarto namin. Sa daddy nila.

Sumunod ako hanggang dito sa kwarto namin. Natutulog na si Kyle habang nakadapa sa kama.

Naglundagan ang kambal sa kama saka sumigaw. **"I love you daddy!"**

Si Kyle nagulat. Saka napatingin dito sa gawi ko. Yung kambal tumigil na sa paglundag saka niyakap ang daddy nila.

"Sorry dad." Sabi ng kambal.

Ngumiti si Kyle at bumangon para yakapin ang kambal. **"It's okay babies."** Sagot ni Kyle sa kambal.

Napangiti din ako. Looking at my husband with our kids? Wow. Overwhelming. So happy with my family.

*

A/N: Ipopost ko po ulit yung MPMMN 1 sa BOOKLAT site po. Follow me on twitter for further announcement about it @pinkyjhewelii

Hashtag #MPMMN3

Chapter 29 ? Happy Forever

Chelsea POV

Gumagawa ako ng meryenda ng kambal. Every three in the afternoon kase kumakain sila ng meryenda. Si Kyle nasa kompanya.

Ayaw kase ng kambal na yung katulong ang gagawa ng meryenda nila. Gusto talaga nila, ako. Kaya eto gumagawa ako ng chicken sandwich.

"Mom I want sandwich!" Sigaw ni Chylee.

"Sandali lang baby. Matatapos na si Mommy. Sige na. Dun ka na sa garden sa ka-kambal mo." Sabi ko.

Tumango naman siya at tumalikod na. Tinapos ko na yung sandwiches then dinala ko na sa garden.

"Woowwww! Chicken sandwich!" Sigaw ni Chylee.

"Don't shout Chylee!" Suway ni Skyler.

"I'm not shouting. I'm just excited with the sandwich. Don't overact Sky." Nag-pout pa si Chylee pagkasabi niyon.

"I'm not being OA." Masungit na sabi naman ni Sky.

"You're OA Sky."

"No I'm not."

"You are."

"I said I'm not!"

"I said you are!"

"I'm gonna kill Jollibee!"

O_O

Chylee suddenly cries. **"Mom...m-mom.."**

"Yes baby?"

"Papatayin ni Sky si Jollibee *sniff* Let's go to Jollibee. I need to warn him."

=_=

"Skyler." Sana naman, makuha sa tingin si Sky.

Lumapit sya kay Chylee. **"Sorry. I'm just kidding. I won't do that."**

Nakuha nga sa tingin. Ito kaseng si Sky maloko eh. Alam namang apektado lage si Chylee 'pag si Jollibee na pinag-uusapan.

"Are you sure? You're not gonna kill Jollibee? Promise me."

"I'm not a killer, tho."

-____-

Etong si Skyler talaga. **"Tama na yan babies. Kain na kayo."**

"Okay mom."

"Okay mom."

Sabay silang sumagot at kumuha na sila ng sandwiches nila.

Habang pinapanood ang kambal, napapangiti ako. Mula pagkabata nila, todo alaga na kami ni Kyle sa kanila. Ayokong maging negative kaya palaging positive ang aura dito sa mansyon namin.

Mahal na mahal ko ang kambal. Anak ko sila. Anak namin sila ni Kyle. Gusto kong i-enjoy lang nila ang pagkabata nila, no worries, no problems. Di bale ng ako ang magdala ng lahat. Wag lang ang kambal.

Krrrinnnnggg..

Yung phone ko nakapatong sa table. Inabot ko iyon.

Gummybear calling..

"Gummy bear."

[I love you baby ko.]

Okay. Automatic akong napangiti. Kung yun ba naman bubungad sayo.

"I love you too gummy bear."

[How's the twins?]

Tumingin ako sa kambal. Enjoy na enjoy sila sa pagkain ng sandwich nila. **"They're fine. Perfectly fine."**

[Good. Nararamdaman ko baby ko kung anong nararamdaman mo ngayon. Cheer-up okay? Ilang taon na ang lumipas. Ngayon ka pa ba mag-aalala ng ganyan?]

"Hindi na po gummy bear. By the way, mag-o-overtime ka? Pwede ka bang mag-leave bukas para makapasyal naman tayo." Sabi ko. Hindi na kami nakakapasyal eh.

[Hm, I'll see. Mag-usap tayo pag-uwi ko. I love you. Tell to twins that I love them, so much.]

Yung ngiti ko 'di na nawala. So sweet of my husband. **"Okay I will."**

[I'll hang up. Bye.]

toot toot

"Is that Daddy?" Tanong ni Chylee.

"Yes baby."

Kumagat siya sa sandwuch bago ulit nagsalita. **"He's not going home yet?"**

"Pauwi na din siya baby. Okay? Pinapasabi ng daddy nyo na love niya kayo."

"I love him too!"

"Yes. I love him too."

Sabay na sigaw ng kambal. They really looked fine. Ang energetic pa nga. Wala naman akong napapansin pang kakaiba sa kanila. But I'm hoping that forever, they will be fine.

--

"Where's the twins." Tanong agad ni Kyle pagdating niya galing kompanya.

"Nasa playroom nila." Sagot ko.

Niyakap niya ako at dinampian ng halik sa labi. **"Let's go. May sasabihin ako sa inyo."**

Kumunot ang noo ko. **"Ano 'yun gummy bear?"** Tanong ko habang naglalakad kami paakyat sa taas.

"Later." Nakangiti niyang sagot.

Hanggang sa makarating kami dito sa playroom.

"Daddyyyyy!" Sinalubong agad ni Chylee ng yakap ang daddy niya.

Kasunod si Skyler na yumakap din sa daddy niya. Ang sweet talaga ng kambal namin.

"Who wants surprise?" Tanong agad ni Kyle.

"Meee!"

"Me!! I want!"

Hindi ko ma-describe 'yung ngiti ko habang pinapanood ang kambal na napaka-energetic.

"Okay. I have surprise." Sabi ni Kyle saka naglabas ng sobre.

Sobre ng ano kaya 'yun? Wala din akong idea since 'di pa nya sinasabi sakin kung ano 'yung surprise niya.

Lahat kami naka-abang habang binubuksan ni Kyle ang sobreng hawak niya.

O_O

"Trip to Europe. Magbabakasyon tayo!" Masayang sabi ni Kyle.

Wow. Kakahiling ko lang sa kanya na mamasyal kami. 'Di ko naman hiniling na sa ibang bansa pa. Kahit nga sa malapit na park lang basta mag-e-enjoy ang kambal. Pero grabe, Europe talaga?

"Wow! I want to see the eiffel tower!" Sigaw ni Skyler.

Kitams? Alam niya yung eiffel tower. Kasi nga mahilig magbasa at manood ng educational videos.

"Yehey! I want to see jollibee!" Sigaw ni Chylee na kinatawa ko talaga.

=_=

"Baby. Forget muna si Jollibee. Europe 'yun. Wala si Jollibee dun." Sabi ko.

"Isama natin si jollibee statue ko." Naka-pout sa sabi ni Chylee.

Dalhin daw ang statue ni Jollibee sa trip namin? Seriously? **"Baby mabigat 'yun. Di mo din yan madadala. Next time nalang si Jollibee okay?"**

Tumango naman siya.

Tumingin ako kay Kyle na nanonood lang sa ikinikilos ng kambal.

"Thanks gummy bear." Sabi ko.

Niyakap niya ako ulit saka hinalikan sa noo. **"I will do anything for my family. I love you baby ko. Please 'wag ka ng masyadong mag-isip ng tungkol sa kambal. Just enjoy the day. Okay?"**

Tumango ako. **"Opo gummy bear. I love you, too."**

"Mommmmmmmyyy! I also want to hug you!" Sigaw ni Chylee. Muntik ng mabasag eardrums ko.

"Okay baby." Sabi ko saka umupo at niyakap si Chylee.

"I love you Mom. You're the best Mom in the whole world."

Napangiti ako but at the same time, nanggilid ang luha ko. Ang sarap sa pakiramdam ng ganito. Kayakap mo ang anak mo.

"Mom I want to hug you, too." Sabi ni Skyler.

Ngumiti ako at tumingala kay Kyle. **"Let's have family hug!"** Sigaw ko.

"Yeheyyyy!" Tuwang-tuwa si chylee.

Umupo na rin si Kyle saka niyakap namin ang kambal. Mahigpit na mahigpit. Apat kaming nagyayakapan.

"We love you mom and dad!" Sabay na sigaw ng kambal habang nakayakap sa'min.

"I love you too babies." Sabi ko. Hinalikan ko sa pisngi si Chylee at Skyler.

"I love you too kids." Sabi naman ni Kyle saka lalong hinigpitan ang yakap sa'ming tatlo.

This is my family. They are my life. They are my treasure I want to keep forever. I want us to be happy, forever.

*

A/N : Use hashtag #MPMMN3

By the way, highway. Yung MPMMN 1 nasimulan ko ng i-post sa Booklat. Create your accounts then follow me po. Kase exclusive lang yung MPMMN 1 sa mga naka-follow sa'kin. So it means, kung hindi kayo naka-follow at wala kayong acct sa booklat, 'di nyo po mababasa yun. So ayun. Keep calm ang love MPMMN Trilogy.

LINK : http://www.booklat.com.ph/profile/3126

Chapter 30 ? Not Now..

Chelsea POV

Na-e-excite ako sa Europe tour naming buong pamilya. Ang saya lang kase napahiling ako kay Kyle na mamasyal kami, mas bongga pa pala sa hiling ko kase out of town kami.

Sa isang araw na ang alis namin kaya mas lalo pa'kong na-e-excite.

Si Kyle nasa company ngayon. Bukas, start na ng leave niya. Three weeks kami sa Europe. For sure mag-e-enjoy kami dun.

Lumabas na'ko ng kwarto saka bumaba sa kusina. Tumulong ako sa katulong na maghanda ng lunch namin ng kambal. Chinecheck ko pa din kase 'yung mga pagkain. Ayokong maulit 'yung napagalitan ni Kyle si Chylee kase pinulaan 'yung pagkain na nakahain--na si Kyle pala ang nagluto.

Naabutan ko ang katulong na nag-aayos na ng pagkain sa mesa. Chineck ko nalang isa-isa.

"Ma'am may tawag po para sa inyo." Sabi ng katulong.

"Susunod na'ko."

Sino naman kayang tatawag sa landline? Mas uso na ngayon ang mobile phone eh.

"Hello?"

[Twinsis.]

O_O

"Yumi! Bakit 'di kayo natuloy umuwi?" Nakaka-miss din tong si Yumiko. Hindi kase sila natuloy umuwi dito sa Pilipinas.

[Something came up. Busy si Lance sa company namin dito. Hindi pa siya makapag-leave. Kumusta?]

Sayang naman. Sabagay, si Lance naging work-aholic na rin yan eh like Kyle. "Ayos lang naman kami. Sa isng araw pupunta kaming Europe, mamamasyal."

[Wow. Nice, nice. Miss ko na kayo.]

Bigla naman akong nalungkot. Nakaka-miss kaya 'tong mga 'to. Si Janna nga 'di na masyadong pumupunta dito sa mansyon. Hindi na rin kami masyadong nagkakausap. Busy yata sila.

"Miss na din namin kayo. Excited na'kong ma-meet ang baby nyo."

[He's excited to meet you all too.]

He? "Lalaki ang baby nyo?"

[Yes, he's a boy. At kamukhang-kamukha ni Lance. Ang lakas ng genes eh. Haha.]

"Great. Sana nga makauwi na kayo."

[Oo nga. So bye for now. I need to hang-up na. Nangumusta lang ako.]

"Okay. Take care!"

[Yeah. You too. Bye.]

toot toot

Hays. Nakaka-miss talaga sila. Ako, lagi nalang dito sa bahay. Syempre kahit may katulong, gusto ko minomonitor ko pa rin ang kambal.

"Mommmmmmyyyy!"

Napatakbo ako sa kusina. "Yes baby?"

"Nothing Mom. Let's eat."

Ang anak kong pinaglihi sa megaphone. "Okay."

Inalalayan kong umupo ang kambal saka ako umupo.

"Mom, I'm excited to go to Europe." Sabi ni Skyler.

I smile. "Sa isang araw na yun babies."

"Yehhhheeeyyyy!" Sigaw ni Chylee.

Napangiti ako lalo. Seeing them happy, makes me happy too. Syempre, ina nila ako. Kung ano yung nararamdaman nila, doble para saken.

"Let's eat na kids." Sabi ko.

Nagsimula na kaming kumain.

"Yow!"

"WAAA! Tito tigers!"

Sina Jerome, Luke at Oliver narito. At may dalang laruan for twins.

"Kain kayo."

"Oo nga Chelsea, pumunta talaga kami dito para makikain. Hoho!" Sabi ni Luke saka naupo kasunod yung dalawa.

"Chelsea, pakapalan na'to ng mukha. Galing kase kaming bar. Gutom na kami kaya dito kami dumiretso." Sabi ni Jerome.

=___=

"Oo na. Sige na kumain na kayo."

"Spending your nights on the bar? Tch. Bad." Sabi ni Skyler.

"Baby Sky naman, hindi kami bad. Ano, ah, dun kami nag-spend ng gabi sa bar kasi, ah..kase nagperform kami dun." Palusot ni Luke

"What kind of performance?" Tanong ni Sky.

"Macho dancer!" Sigaw ni Oliver.

Sige i-push nyo yan. Mga 'to talaga.

"I don't believe you. How can you be a macho dancer, if you're not really macho? Look at Tito Luke's body."

"Hahahahahahahaha."

"Sky, sobra ka naman. Macho ako, kala mo ba."

"In your dreams Tito Luke!" Sigaw ni Chylee.

"Hahahahahaha."

Tawa ng tawa si Jerome at Oliver.

"Kami lang ang macho dito baby Sky, si Tito Luke niyo, taga-dala lang namin ng gamit. Hahahahaha." Sabi ni Oliver.

"Hoy manahimik nga kayong dalawa. Ba't di nalang kayo kumain. Tch." Mukhang naiinis na si Luke. Haha.

"Tito Oliver, you too. You're not macho. Look at your tummy. It's big."

Hahahahahaha. Okay. Ako naman ang natawa sa sinabi ni Chylee.

"Sobra baby Chy. Lahat ng tao may tiyan. Pero macho ako. Oh, may muscle ako."

"You have muscle but you don't have ABS."

Si Skyler daming alam. Pero natatawa ako sa itsura ni Luke at Oliver. Parang naluging intsik lang eh.

"May ABS ako baby Sky. Ayoko lang i-expose kase, alam mo na. Baka makuha pa'kong artista."

Push pa Oliver.

"Kasi puro kayo yabang. Ako lang naman macho sating tatlo eh."

"You're macho but you're not that handsome."

Hahahahaahaha. Si Skyler talaga, kahit kelan eh. Lakas mang-asar.

"Baby Sky, ikaw palang nagsabi na hindi ako gwapo. Ang daming nagkakandarapang babae saken." Dipensa ni Jerome.

"Yes Tito Jerome. You're right. But it's because you're rich. Not because you're handsome."

"Hahahahahahaha! Boompanessss Jerome!" Sigaw ni Luke.

Kaya daw kasi madaming nagkakandarapang babae kay Jerome, kase maraming pera. Hindi dahil gwapo siya. Loko talaga ang anak ko. Lakas mambara. Mana talaga kay Kyle.

"Aray baby Sky ha. Nakakasakit ka ng puso't damdamin. Tara, kain na nga lang tayo. Malapit na'ko lumubog sa lupa sa kahihiyan." Naka-poker-face na sabi ni Jerome.

"Oo, tara kain. Sarap naman ng lunch nyo. Yummy!"

"What the hell are you three, doing here at my house?"

"Watdahel, watdahel! So cute." Sabi ni Chylee.

Si Kyle biglang dumating. Muntik ng mabulunan yung tatlo.

"Hey captain!"

"Captain I miss you!"

"Yow captain!"

Bati nung tatlo. Haha. Si Kyle seryosong-seryoso.

"I'm asking you, what are you doing here?"

"Kumakain kami captain. Di mo kita?" Sagot ni Jerome.

"May sinasabi ka Lee?" Nagbabanta ang boses ni Kyle.

"Ah, eh! Wala captain. Sabi ko, ah, napadaan kami dito kase, kase.."

"Because they spent their night at the bar." Sabi ni Skyler.

"Awww!"

Hahaha. Mukhang naluging bumbay naman yung tatlo. Wala yata silang balak sabihin kay Kyle na galing silang bar.

"Kayong tatlo. May kanya-kanya kayong kompanyang hinahawakan. And you're just spending your night at the bar? Then what? Pupunta kayo dito para maki-lunch? What kind of big bosses are you guys?"

"A-Ano, gwapo captain. He-he."

"I'm not making any jokes here Palermo." Sabi ni Kyle.

"You're not gwapo Tito Luke." Sabi ni Chylee.

"Sorry na captain. Napadaan lang talaga kami dito kase galing kaming bar. Saka oh, may dala kaming toys para sa kambal. Kaya captain, wag ng mainit ang ulo, kain tayo." Sabi ni Oliver.

"Tch." Lumapit sakin si Kyle saka ako hinalikan.

"Kakain ka gummy bear?" Tanong ko.

Tumango siya. "Yeah." Umupo siya sa tabi ko. Nagpakuha nako ng plato sa katulong. Yung tatlo mukhang timang na nakatingin kay Kyle.

"What are you looking at?" Tanong ni Kyle.

"Eh, captain ayos lang bang ituloy namin ang pagkain namin?"

"Yeah. Masamang magsayang ng pagkain. Ubusin nyo yan."

"Yesss!"

Parang mga batang nabigyan ng candy. Tuwang-tuwa eh.

Hinalikan ni Kyle sa noo ang kambal bago nagsimulang kumain.

Tahimik na ring kumakain yung tatlo.

"M-Mommy.." Si Chylee kinuha ang atensyon ko.

"Yes baby? Why?"

"I'm having a hard time breathing. I don't know why. It was just..."

Napatayo ako. Ganon din sina Kyle. "Chylee! Are you okay? Chylee."

Nawalan ng malay si Chylee. Oh my god. Not now. Please. Not now..

"Ihanda nyo ang kotse!" Sigaw ni Kyle. Nagtakbuhan ang tatlo palabas.

"M-Mom.."

"Skyler!" Sigaw ko. Yung itsura ni Skyler parang nanghihina. Ewan. I can't explain.

Nanginginig ang mga kamay ko. Buhat buhat ko si Chylee. Si Kyle binuhat si Skyler.

Sabay kaming tumakbo palabas. Nakahanda na ang van nina Luke.

"Sa ospital. Faster!" Sigaw ni Kyle.

No God. Not now, I'm begging you, not now. Please..

**

A/N : What happen to twins? Hashtag #MPMMN3

Chapter 31 ? Europe

Six years ago..

"It's a boy and a girl! Wonderful twins." Nakangiting sabi ng Papa ko habang nakatingin kami sa incubator.

Nakasakay pa ako sa wheel chair. Hindi ko maitago yung lungkot saken. Bakit? Dahil ilang oras pagkatapos ko silang ipanganak, hindi ko inaasahang..

[PRESENT]

Chelsea POV

T_T

May sakit ang kambal. Yung balat nila nag-turn ito bluish. Ikinagulat namin yun. Yung saya na bumabalot sa buong sistema namin ni Kyle, nawala in instant.

Kapapanganak ko palang non at wala pakong lakas na lapitan ang kambal. Si Kyle halos mag-panic na din sa kakasigaw sa doctor. Sinuri agad sila ng doctor at makalipas ang ilang oras, ligtas na ang kambal pero ang masamang balita..

May congenital heart defect sila. At it hurts me big time as well as Kyle. Halos ma-pipi ako nang malaman ko yun.

Sa dinami-dami, bakit mga anak ko pa?

Sabi ng doctor. Maaaring genetic iyon. Iniisip kong mabuti kung may ganon ba sa pamilya ko pero sad to say, hindi ko kinalakihan ang pamilya ko. Sa part naman ni Papa, wala. Hindi rin alam ni Kyle. Hindi kase namin sinabi ni Kyle sa mga Papa naman dahil nasa maayos na kalagayan na ang kambal.

Ang Congenital Heart Defect, yun yung defect sa structure ng heart and vessel which is present at birth.

May dalawang uri ng defects. Maaaring 'pag maliit lang ang defects, hindi na kailangan ng medication. Pero kung nasa serious stage yung defects, kakailanganin ng surgery or even medications.

Sa case ng kambal, sila ay pinanganak na may septal defect kung saan ang symptoms ng sakit nila,

makikita lang after ilang years of birth pa.

Once na makitaan ko sila ng signs, kailangan agad silang isugod sa hospital. And one of the signs is shortness of breath.

Ilang araw kong iniyakan yun. Halos di ako makatulog. But seeing the twins na lumalaki ng masigla, gumagaan ang pakiramdam ko. Nakakalimutan ko yung fact na may sakit sila.

Ang sakit. Bilang magulang, kailanman 'di ko gugustuhing makitang nasasaktan ang anak ko. Ayokong mag-suffer sila. Ayoko..

T__T

Ngayon, nandito kami ni Kyle sa labas ng emergency room. Ang kambal nasa loob. Inoobserbahan sila ng doctor.

Kanina pa ako nananalangin na sana ay nasa maayos na kalagayan ang kambal. Hindi ko kakaynin kapag may nangyaring masama sa kanila.

"Baby ko, kumain ka muna." Sabi ni Kyle.

Sina Luke umalis muna para bumili ng prutas for kids.

"Hindi ako gutom.."

Hindi ko mapigilan ang pag-iyak. Akala ko okay na. Akala ko sa pagtanda pa nila mararamdaman yung symptoms nung sakit nila pero hindi, anim na taon lang ang lumipas at ayan na ang signs. Hindi man lang ako nakapaghanda.

Natatakot ako. May Europe tour pa kami tapos biglang magkaka-ganito. Kumakain lang naman kami ng lunch eh. Bakit? Bakit kelangang mangyari agad 'to..

T_T

Di pa ako handa. Hinding-hindi pa..

T_T

Niyakap ako ni Kyle. "Sssh, everything will be fine. Trust God. Trust our twins. Okay?"

Tumango ako habang patuloy sa pagtulo ang luha ko. Hindi ako mapakali. Hindi ko alam kung ano ang iisipin ko habang hinihintay na lumabas ang doctor.

door opens

Napatayo kami ni Kyle nang lumabas ang doctor.

"Ano pong balita doc?"

"Didiretsahin ko na kayo. Thirty percent palang silang safe. Dahil lumabas na ang symptoms ng sakit nila, we need to perform surgery."

T_T

Ang bata-bata pa ng mga anak ko. Bakit kailangan..bakit..

"Kailangan nilang sumailalim sa Melody Transcatheter Pulmonary Valve o TPV. At iyon ay available lamang sa Europe at U.S."

"Kelangan po ba talagang sa abroad pa?"

"Pwede rito sa Pilipinas, pero mas makakasiguro tayo kung sa Europe o U.S dahil doon mismo sa kanila nagsimula yan at doon na-aprubahan under Humanitarian Device."

Tumingin ako kay Kyle.

"Tatawagan ako. Magpapahanda ako ng private plane. We'll be flying to Europe." Sabi nya. "Excuse."

Bakit ganon? Saktong-sakto pa? Sa Europe dapat kami. Dun dapat kami mamamasyal. Pero anong nangyari? Pupunta kami dun para sa surgery ng kambal.

"Kelangan lang natin silang i-observe pa sa loob ng twenty-four hours. Inilipat na sila sa kwarto. Maaari nyo na silang puntahan." Tinapik ako ni doc sa balikat bago umalis.

Nanlulumo ako. Hindi ko alam ang ire-react. Naririndi ako sa pangyayari. They need surgery..ang bata

pa nila..

T_T

"Anong sabi ng doctor?" Sabi ni Kyle. Natawagan na yata niya ang pinahanda niyang private plane na gagamitin namin palipad ng Europe.

"O-Obserbahan pa ang kambal ng twenty-four hours. Nalipat na sila sa kwarto."

"Puntahan na natin sila." Sabi ni Kyle saka inakbayan ako at inalalayan maglakad patungo sa kwarto.

Pagpasok namin..

T___T

Lalo akong naiyak. They both lying on the bed, peacefully sleeping. Kung tititigan sila, parang wala silang sakit.

"Captain."

Andyan na sina Luke, dala ang mga pagkain at prutas.

"May kasama kami captain."

Tiningnan ko kung sino. Malungkot ako, umiiyak pero at least kahit papaano, nagawa kong ngumiti dahil sa kasama nila. Si Jollibee na naka-mascott.

T_T

Lalo tuloy akong naiyak. For sure, matutuwa si Chylee pag nakita nya yan.

"Mom.."

Napatakbo ako kay Chylee. She's awake. "Baby? How are you? How do you feel?" Sunud-sunod yung tanong ko.

"Mom, why are you crying? I'm fine.." She pouted her lips.

T_T

Lalo akong naiiyak. Walang alam ang kambal na may sakit sila. Hindi ko naman pwedeng sabihin na may malala silang sakit.

Si Skyler, tulog pa din. Si Kyle, nasa kabilang side ni Chylee. Nanggigilid na ang luha nya habang nakatingin sa anak namin.

"Baby, may bisita ka." Nakangiting sabi ni Kyle. Yung ngiting pilit na nagpakasaya kahit hindi.

"Who?" Tanong ni Chylee.

Sinenyasan ni Kyle sina Luke na palapitin si Jollibee.

"Wow! Jollibee. You're here?" Namilog ang mata ni Chylee sa excitement.

Ang anak ko, ang alam nya may sakit lang sya. Simpleng sakit.

Nag-wave ng kamay si Jollibee mascott sa kanya. Yung kasiyahan sa mukha ni Chylee, hindi ko ma-explain. Yung ngiting yan gusto ko pang makita ng paulit-ulit. Hindi ako magsasawa.

door opens

Nagdatingan sina James at Mandy kasama si Fancy. Saktong nagising si Skyler.

Nilapitan agad sya ni Fancy. "Hey baby Sky? You're sick? You should be strong. Okay? Don't make your parents, cry because you're sick. Okay?"

Naka-OK sign pa si Fancy. Ngumiti si Skyler saka nag-OK sign din. Hinalikan sya ni Fancy sa noo.

"Sis.." Tawag ni Mandy.

T_T

Naiyak tuloy ako. Iniwan ko muna ang kambal. Saka lumabas kasunod ni Mandy.

Paglabas namin, di ko na napigilan. Napayakap na ako kay Mandy. "Bakit ang kambal ko pa.. Bakit sila pa.."

T_T

"Ssshh sis kailangan mong maging malakas. Ano ka ba? Mas kailangan ka ng kambal ngayon kaya wag kang panghinaan ng loob. Gagaling sila, okay?"

T__T

Tumango ako. "Hindi ko alam ang gagawin ko pag may nangyaring masama sa kanila.."

T_T

"Ssshh. Tama na sis. Okay? See? Ang saya nung kambal. They look energetic pa rin naman after nung biglaang nangyari."

Hindi ko pa din maiwasan kasi. "Kelangan nila mag-undergo ng surgery. And after twenty four hours, lilipad kami papuntang Europe."

"Surgery!? At sa Europe pa. Well goodluck sis. Magiging successful yun. Basta think positive lang. Stay strong."

Tumango ako. "Sana nga maging successful. Sana..dahil yun lang ang tanging mahihiling ko.."

*

A/N: Kinailangan kong magresearch about this sickness so ayun. Wag nyo ko kkwestyunin. Haha. Lol. Nahirapan din ako sa update na'to. Wala sa genre ko ang ganitong sitwasyon. Yung tipong may sakit, ganyan.

Hashtag: #MPMMN3GetWellSoonTwins

Chapter 32 ? Stay Strong

[play the music, "remeber me this way" -->]

Chelsea POV

Nakauwi na ang lahat. Kami nalang ni Kyle ang naiwan dito sa hospital para bantayan ang kambal.

Mahimbing na rin silang natutulog. Hanggang ngayong oras na ito, hindi pa rin ako makapaniwala na narito kami sa hospital, malungkot.

"Baby ko, magpahinga ka muna. Ako na muna ang bahalang magbantay sa kanila." Sabi ni Kyle na nakaupo sa tabi ko dito sa couch.

Umiling ako. Muli na namang tumulo ang luha ko. "H-hindi ko kayang magpahinga na ganito ang kalagayan ng kambal. Hindi rin ako makakatulog. Gusto kong nakabantay lang ako sa kambal, minu-minuto o kahit pa bawat segundo. Ayokong alisin ang ang tingin ko sa kanila.."

"Baby ko, baka ikaw naman ang magkasakit kapag hindi ka muna nagpahinga kahit sandali."

Yung labi ko nanginginig na sa pag-iyak. "G-Gummy bear, bakit? B-Bakit..."

"Sh*t." Niyakap ako ni Kyle saka inalo. "Sshh. Please stop crying. Hindi magugustuhan ng kambal kung malalaman at makikita nila na umiiyak ka.."

"Hindi ko kase alam kung ano ang susunod kong iisipin. Ang bata-bata pa nila. Dapat lang sa kanila, naglalaro, nagsasaya at hindi ito, hindi ito na nasa hospital sila. Hindi yung..hindi yung aabot sa punto na kailangan nilang sumailalim sa surgery. A-Ayokong maging nega pero..pero.."

"Pero paano kung hindi maging successful yung surgery? Paano kung magkaroon ng...ng...problema. Gummy bear diko kakayanin.."

"Ssh. Kahit pa ubusin ko lahat ng yaman ko para sa surgeries nila, wala akong pakialam. Lahat ng maaaring treatment para sa kanila, susubukan natin. Okay? Stay positive baby ko please. Ayokong isipin na hindi magiging successful ang surgery nila. Nasasaktan ako. Nasasaktan ako..."

Buong buhay ko naging matapang ako. Wala akong sinusukuan. Wala akong gini-give-up. Pero ngayon, parang hindi magawang maging matapang.

"Bakit sila pa. Bakit sila pa ang kailangang makaranas ng ganito. Ano bang naging kasalanan ko para mangyari sa kambal 'to? Bakit pinaparusan ako ng ganito..bakit.."

"Baby ko.."

"Kung may nagawa man akong kasalanan, sana ako nalang yung binigyan ng sakit. Sana hindi nalang ang kambal. Wala silang kasalanan. Wala silang nagawa kundi pasayahin tayo. Kundi..kundi iparamdam saten kung gaano tayo nagiging mabuting magulang sa kanila.."

"Ssshh.."

"Marami pa silang dapat i-explore sa mundo. Ilang taon palang sila. Ako, ako handa na ako. Kaya sana ako nalang. Ilipat nalang nila saken ang sakit ng kambal. Ako ang magpapasan. Ako nalang. Ako nalang..."

"Baby ko wag kang magsalita ng ganyan, please.."

"Ang kambal...ang kambal, sila ang kayamanan ko. Kahit nga mamuhay lang tayong mahirap. Tatanggapin ko. Kahit wala tayong yaman, kahit wala tayong mansyon at mga sasayan, basta walang sakit ang kambal. Basta malulusog sila.."

Down na down na ako. Hindi ko na talaga alam ang gagawin ko. Ang sakit sakit saken. Bilang ina, kung ano yung sakit na nararamdaman nila, doble saken. Dahil ako? Ayokong makita sila sa ganitong sitwasyon. Walang ina ang gugustuhing makita ang mga anak nila na nasasaktan at nahihirapan.

"M-Mom.."

Napatayo ako. Bumitaw ako sa pagkakayakap kay Kyle saka tumakbo papalapit sa kama ni Chylee.

Hinaplos ko siya sa pisngi. "Anong kailangan ng baby ko?" Tanong ko.

Pilit kong pinapahid ang luha ko habang pilit ring ngumingiti habang nakatingin kay Chylee.

"Mom, please wag ka ng umiyak. Chylee is strong. Sky is strong. We're strong. Gagaling kami ni Sky, mom. So please? Ayoko pong makita ka na umiiyak.."

"Chylee..."

Hinawakan ni Chylee ang pisngi ko. "Mom, magkakaroon ka ng eye bags pag umiyak ka pa. Papangit ka nyan mom. Maybe dad will hate you kapag may eyebags kana.."

Napapangiti ako sa sinasabi ni Chylee pero hindi ko kayang pigilan ang luha ko. Ang bigat sa dibdib ko sa kabila ng ngiti ni Chylee, hindi nya alam na hindi lang basta sakit ang meron siya, kundi malubhang sakit.

"See. You're prettier when you're smiling Mom." Tumingin sya kay Kyle na nasa tabi ko. "Dad, don't let Mom, cry."

"Yes baby. I won't." Sagot ni Kyle.

Isa kami sa mga pamilya na, ma-de-describe na HAPPY FAMILY. Pero sa pagkakataong ganito, parang hindi ko kayang panindigan ang pagiging happy. Hindi ko kayang makaramdam ng saya hanggat alam kong nasa panganib ang buhay ng kambal.

God, kunin nyo na lahat saken..lahat lahat wag lang ang pamilya ko..wag lang sila, nagmamakaawa ako..

Hinawakan ko ang kamay ni Chylee. "Baby, magpapagaling ka diba? Malakas ka? Lalaban ka sa sakit mo, okay? Nandito lang si Mommy at Daddy. Andito lang kami.."

Saka ko sya hinalikan sa noo. "You should take a rest na. Look at Sky, he's taking a rest."

Tumango naman siya.

Napatingin ulit ako kay Skyler.

Dug, dug..
Dug, dug..

May mali eh. May kakaiba. May...mabagal ang paghinga ni Skyler.

"Sky! Sky! Skyyyy! Kyle! Yung paghinga ni Skyler. Tawagin mo yung doctor. Tawagin mo!"

"Fvck!"

Tumakbo si Kyle para tawagin ang doctor. Hinawakan ko sa kamay si Sky. "Baby Sky? Baby..Baby no.

Wag mong takutin ng ganito si Mommy. Hold on. Baby hold on.."

Tumakbo papasok ang doctor kasama ang mga nurse. Agad nilang itinulak yung bed niya papunta yatang emergency room.

No, no..

Nayakap ko ang sarili ko sa pag-iyak. Hindi ko kayang sundan kung saan dadalhin si Sky. Hinayaan ko na si Kyle.

Lalo akong napahagulhol.

God, bakit ang lupit lupit mo saken. Naging mabuti naman ako, diba? Diba!? Bakit mo to ginagawa sa mga anak ko. Nakikiusap ako iligtas mo ang anak ko..

"Mom, what happen to Sky?"

Tumingin ako kay Chylee na clueless sa mga nangyayari. "Wala yun baby. Okay? Magpahinga kana.."

"But you're crying too much. What happen."

"Masakit lang ang mata ni Mommy. Sige na tulog kana. Okay? Pupunta pa tayong Europe bukas, right?"

"Yey! Europe. Okay. I will sleep na mom. Please take good care of Sky."

Tumango lang ako saka hinaplos ang buhok nya. Ang lakas lakas ng kabog ng dibdib ko. Ayokong mag-isip ng kahit ano. Ayoko. Okay lang si Sky. Okay lang sya. Okay lang sya!

Pupunta na nga kaming Europe para sa surgery nila eh. Pupunta na kami. Wag naman ganon. Wag naman ganito. Di bale ng saktan nyo ako ng paulit-ulit, tatanggapin ko kapalit ang kaligtasan ng kambal.

Napatingin ako sa pinto ng kumalabog yun.

"B-Baby ko.."

Hindi. Hindi ko gusto ang awra ni Kyle. He's crying. Hindi. Ayokong mag-isip ng negative. Ayoko please.

"K-Kyle sabihin mo, ligtas na ba sya? Ligtas na si Sky? Ibabalik na sya dito sa kwarto diba?"

Tumungo sya dahilan para lapitan ko sya at hinawakan sa magkabilang balikat. "Bakit 'di mo sabihin!? Ligtas na sya diba? Ligtas na sya..."

"Baby ko..si Skyler, 50:50 na ang kalagayan nya. Kailangan na nilang sumailalim sa surgery. Pinahanda ko na ang private plane. Okay? Inaayos nalang ang mga aparatong nakakabit kay Sky. Dadalhin na natin sila sa platform kung saan naroon ang private plane na sasakyan natin papuntang Europe. Tumawag na rin ako kay Mandy at James para ipag-ayos tayo ng mga damit. Sasama sila papuntang Europe."

Natulala ako. Hindi ko alam kung bakit napatulala ako sa kwalan. Yung paligid ko parang nag-pause. Hindi gumagalaw. Parang lutang na lutang ako.

50:50? So it means, 50% nang chance na mabuhay siya at 50% ang chance na..na...HINDI! Hindi!

"Kung may powers lang ako tulad ng mga superhero? Gagamitin ko yun para mawala ang sakit ng kambal. Kahit pa kapalit non, sarili kong buhay.."

Kasunod niyon ang pag-ikot ng paningin ko hanggang tuluyang maging itim ang buong paligid.

Chapter 33 ? Surgery

Kyle POV

"Fvck!" Napamura ako nang bigla nalang mawalan ng malay ang asawa kong si Chelsea. Damn it.

Sobrang stressed na yata sya dahil sa nangyayari sa kambal.

"Doc!"

Ipinasok sa isang kwarto si Chelsea at sinuri ng doctor.

Lumabas muna ako habang hinihintay ang findings ng doctor.

"Ano nangyari?"

Biglang dumating sina Mandy at James.

"Nasa sasakyan na ang mga maleta." Sabi ni James. "May nangyari ba?"

"Si Chelsea nawalan ng malay. Si Chylee, medyo okay na siguro pero si Skyler.."

Napatigil ako. Sa tuwing maiisip ko ang kalagayan ng anak ko, parang tinutusok ng ilang karayom ang dibdib ko. "50-50 si Skyler."

"Fvck!" Napamura si James sabay suntok sa pader.

"Sh*t. Bakit kailangang umabot sa ganito? Pati si sis..hay." Sabi ni Mandy na bigla nalang naiyak.

Naiintindihan ko sya. Kadugo nya ang kambal kaya alam kong sobra ang pag-aalala nya lalo na kay Chelsea na kapatid nya.

"All we can do is pray. Magiging ayos din ang lahat. Magtiwala lang tayo." Sab ni James.

Napatingin ako sa pinto ng lumabas ang doctor. "Kumusta ang asawa ko?"

"Maayos na sya. Stressed lang sya at pagod kasama na ang puyat kaya hindi na kinaya ng katawan niya. She's fine. Hintayin nyo nalang syang magising. Paalala ko lang, hayaan nyo muna syang makapagpahinga." Tinapik na ng doctor ang balikat ko.

Nakahinga ako ng maluwag dahil maayos na ang lagay ng asawa ko.

"Mabuti, okay na si Chelsea. Anong oras ang punta natin sa Europe? Hindi ba't kailangan ng madala doon ang kambal?"

"We'll ne leaving now."

"Pero si sis.."

"Isasakay nalang sya sa stretcher. Makakapagpahinga naman sya sa plane since private plane yun. At least tulog sya habang nasa byahe." Paliwanag ko.

Hindi na namin pwedeng patagalin ang pagpunta sa Europe. Kailangan ng mag-undergo ng surgery ang kambal lalo na't nangnganib na ang buhay ni Skyler.

"Okay. Kausapin na antin ang doctor ng kambal." Sabi ni James.

Tumango ako. Mabuti pa nga. Kasama kase namin ang doctor ng kambal. Kelangan siya para habang nasa eroplano, ma-monitor pa rin ang kalagayan ng kambal.

Sana maging maayos na ang lahat. Sana bumalik na ang dating sigla ng Shin-Woo family.

--

[Europe]

Chelsea POV

Nagising ako nang maramdaman ang labi na humalik sa pisngi ko.

"You're awake."

Sumalubong saken ang gwapong mukha ng asawa ko. Ngumiti ako.

"Baby ko.."

Bigla akong bumalik sa senses ko. "Teka asan pala ako? Ang kambal asan na? Ano ng nangyari?" Sunud-sunod kong tanong.

"Baby ko, we're in Europe. We're here at the hotel. Nasa hospital na ang kambal. Pinag-aaralan na sila at mino-monitor bago simulan ang surgery."

"Pero bakit nandito tayo sa hotel? Bakit andito ka? Kailangan tayo ng kambal. Isa pa, paano ako nakarating dito sa Europe?"

"Wag ng maraming tanong. Hindi ka pwedeng ma-stress baby ko. Sina Mandy at James andon sa hospital. Binantayan lang muna kita at hinintay na magising bago pumunta don."

"Kanina pa ba sila sa hospital?"

"No. One hour palang." Sagot nya.

Kumusta kaya ang kambal ko. "Ano bang nangyari saken?"

"Nahimatay ka baby ko. Masyado kang na-stressed kaya wag ka munang mag-isip ng kung anu-ano. Stay positive. Magiging ayos din ang lahat."

Bumangon na ako. "Tara na sa hoospital." Yaya ko kay Kyle. Gusto kong bantayan ang kambal.

"Yeah. Pero bago yun, take this."

Inabot nya saken ang isang tableta ng gamot saka mineral water. "Para?"

"Ni-reseta ng doctor. Inumin mo na yan pagkatapos ay magpalit ka na ng damit para makapunta na tayong hospital."

"Pero baka nagsisimula na ang surgery?"

"No. Sinabihan ko si James na tawagan ako 'pag nagbigay na ng signal ang doctor na pag sisimulan na ang surgery."

Tumango-tango ako. "Mabilis lang ako." Sabi ko saka ininom ko na ang gamot.

Tumayo na ako para magbihis. Niyakap ako ni Kyle. "Magiging maayos ang lahat. Let's just pray for the safety of our twins."

Ngumiti ako ng maluha-luha. Yeah, I trust God more than anyone. At lalong may tiwala ako sa kambal. Makakaya nila yun.

--

At hospital..

[Europe]

Nandito ako sa mini chapek ng hospital. Kasama si Mandy. Nakaluhod ako at nagdarasal.

Kanina pa kami narito sa hospital at sumasalilalim na sa surgery ang kambal.

Hindi ko alam kung ano ang iisipin ko ngayon. Ang bigat sa pakiramdam. Pabigat ng pabigat habang tumatagal ang paghihintay namin na matapos ang surgery. Natatakot ako. Natatakot ako na baka hindi maging successful ang surgery pero pinipilit kong magpaka-tatag.

"Sis.."

Kanina pa ako inaalo ni Mandy. Hindi ko kasi mapigilan ang luha ko habang nakapikit at mataimtim na nagdarasal.

"A-ayokong maging negative.." Panimula ko.

"I know marami pang plano ang Diyos sa kambal. Hindi Niya pababayaan ang kambal. Gagaling sila.."

Niyakap ako ni Mandy. "Always look at the bright side sis. I'm sure, magiging successful ang surgery. Babalik na sa dati ang masisigla kong pamangkin. Stay strong, okay?"

Tumango ako.

"Chelsea, Mandy..tapos na ang surgery."

Agad kaming napalingon sa nagsalita. Si James.

Napatakbo kami ni Mandy palabas ng chapel. Oh God, please..sana successful.

"How's the twins?" Narinig kong tanong ni Kyle sa doctor na mukhang kakalabas lang sa operation room.

Humawak ako kay Kyle habang nakatutok ang tingin ko sa doctor. Umakbay naman saken si Kyle.

Hindi ko ma-describe yung face expression ng doctor kaya lalo ang kinakabahan.

"Your twins..after the surgery, I have good news but I have bad news, too."

Bakit may good news at bad news? Anong ibig sabihin nito? Hindi. Ayokong maging negative.

"Which one do you like me to tell? The bad news or good news?"

Natahimik kaming apat. Hindi kami makapagsalita. Ano ang uunahin namin? Good news o bad news? Natatakot na ako.

Hindi ko na mapigilang maiyak. Knowing na may bad news. Hindi ko alam kung makakapagsalita ba ako. Sari-sari ang pumapasok sa isip ko.

No, ligtas sila. They made it. I know that -- mother instinct.

Chapter 34 ? Good & Bad News

Kyle POV

"What do you want to hear first? The good news or bad news?" Tanong ng doctor.

Kinakabahan ako sa maaari naming malaman tungkol sa kalagayan ng kambal. Natatakot ako. Hanggat maaari ayokong makakarinig ng bad news. Pero reality ito, sinabi na ng doctor na may bad news. Parang ayokong marinig, parang ayokong malaman.

Si Chelsea. Ang asawa ko. Alam kong natatakot na sya sa maaaring marinig nami muna sa doctor. Wala pa man, umiiyak na sya. Ayokong marinig nya ang sasabihin ng doctor. Ayoko..

"Good news." Sabi ko.

Niyakap ko si Chelsea at inalo. Nakatutok lang ang tingin ko sa doctor. Sana ang good news na sasaihin ng doctor ay makakapagpagaan ng loob namin. Sina James at Mandy, nasa mukha din nila ang pag-aalala. Masyado ng marami ang napasaya ng kambal. Marami silang napapangiti kahit may pagka-pilosopo at makulit sila.

Si Chylee, okay lang na mag-ingay sya palagi sa mansyon. Kahit bulabugin nya lage ang pagtulog ko, ayos lang. Basta maging ligtas lang siya.

Si Skyler, ayos lang na napagsasabihan nya ako ng nakaka-nosebleed na explanation, basta maging ligtas lang din sya.

Miss na miss ko na ang kambal ko. Miss na miss ko na ang mga tawanang bumabalot sa buong mansyon. Nami-miss ko na ang ngiti ng asawa ko habang pinapanood ang kambal. Miss na miss ko na ang lahat. Sana bumalik na ang lahat sa normal.

"Well, the good news is. Chylee's surgery is successful. She's cured and she's safe now."

Fvck. Thanks God! Ligtas na si Chylee. "Baby ko, ligtas si Chylee." Naluluhang sabi ko kay Chelsea.

"Gummy bear..thanks God."

Fvck. Napatigil ako nang may ma-realize. Si Chylee lang ang successful ang surgery. Ibig sabihin ba..

Ang badnews ba..

FVCK. No. Sana mali ang iniisip ko. Hindi pwede. Hindi ako makakapayag. Iba ang pakiramdam ko sa bad news kaya tumingin ako kay Mandy.

"Pakisamahan muna si Chelsea sa chapel." Yung tingin ko sa kanya, siguro naman mage-gets nya. Ayokong marinig ni Chelsea ang bad news. Ako nalang muna bago ko sabihin sa kanya. Ayoko syang mabigla kung ano man yung bad news.

"Pero gummy bear, hindi ko pa naririnig yung badnews.."

"Sshhh. Baby ko, you should pray. Pray for our twins. Sasabihin ko nalang sayo mamaya kung anong bad news. Please?"

Umiiyak sya habang nakatingin saken. "O-okay. Pero sabihin mo saken, ligtas din naman si Skyler di ba?"

Tumango ako habang tumutulo ang luha ko. "Sige na.."

Inalalayan na sya ni Mandy. Naiwan kami ni James dito. Fvck. Parang ayoko marinig ang badnews. Ayokong maging negative pero hindi ko maiwasan. Si Chylee lang ang sinabing successful. So ang ibig sabihin nga, si Skyler hindi successful? No. It can't be. Hindi ako makakapayag. Handa kong ubusin lahat ng yaman ko para sa ikagagaling ng kambal ko. Sila ang pinakamahalaga saken. Sila lang, ang pamilya ko.

"What is the bad news." Buong lakas kong tanong.

Matapang ako pero sa ganitong pagkakataon, pakiramdam ko, nanghihina na ang tuhod ko.

"Okay. It is all about Skyler's condition. The surgery was successful but.."

Shit. "But what?"

Natatakot na ako sa maririnig ko. God, please guide my twins.

"Skyler's condition requires multiple surgeries to restore circulation back to normal. Even if he's safe now, he still needs medication, as well as Chylee. They need diuretics, which aid the body in eliminating water, salts and digoxin for strengthening the contraction of heart. You have to monitor their foods. I will give you the list of foods they need to avoid together with their medicines. Congratulations. Your twins is

really strong." Umalis na ang doctor.

Fvck. At last, nakahinga na ako ng maluwag. Hindi na baleng magpa-surgery pa ulit si Skyler. Ang mahalaga ligtas na sya. Ligtas ang kambal. Fvck! Thanks God!

"Brad. Thanks God!" Tinapik ako ni James sa balikat.

Tuluyan na akong naiyak. Naiyak ako sa tuwa. Mabait pa din ang Diyos sa amin. Kahit alam kong hindi ako ganon kabuting tao, pagdating sa pamilya ako, babang baba ang pride ko.

Ngayon, ngayon ang araw na mas tumaas ang pagtingin ko sa Poong Maykapal. Niligtas Niya ang kambal ko. Hindi Niya pinabayaan ang kambal. Thank you. Thank you..

"Pupuntahan ko si Chelsea." Sabi ko kay James saka mabilis kong tinungo ang chapel.

Nadatnan ko roon ang asawa ko na nakaluhod habang taimtim na nagdarasal. Nagdarasal sya habang umiiyak.

Alam kong kung anong sakit ang nararamdaman ko para sa kambal, mas nasasaktan sya. Napakabuti nyang ina sa kambal. Perfect wife and perfect mother. That's why we have perfect family.

"Baby ko.."

Agad naman syang nagmulat ng mata at tumingin saken. Tumayo siya saka yumakap saken. I smile. Magandang balita ang dala ko.

"Gummy bear. Ligtas din si Skyler 'di ba?"

Saglit akong kumalas sa kanya saka hinaplos ang pisngi nya. Pinahid ko ang luhang dumadaloy mula sa mata niya. "Ligtas na ang kambal. Ligtas na sila baby ko." Nakangiting sabi ko kahit naluluha pa ako.

"T-Totoo? Totoo gummy bear? Pero bakit, ano yung bad news.."

"Skyler needs multiple surgeries. Pero ang mahalaga, safe na sila. Ligtas sila at successful ang surgery nilang dalawa."

Lalong naiyak si Chelsea at yumakap ng mahigpit saken. "Thanks God. Thank you gummy bear. Thank you!"

Shit. Naiiyak na naman ako. But this time, naiiyak ako sa tuwa. Ang makita kong masaya ang asawa ko, yung hindi na sya balisa, napapangiti na ako.

"Let's go. Puntahan natin ang twins. Nailipat na siguro sila sa kwarto." Nakangiting sabi ko.

"Sis. Ligtas ang kambal." Sabi nya kay Mandy.

Tumango lang si Mandy at ngumiti. "See? Malakas ang kambal. Di nila tayo bibiguin. Alam nilang maraming naghihintay sa paggaling nila."

Fvck. This is such a great day!

--

Chelsea POV

Hindi ko ma-explain yung saya ko ngayon. Ligtas ang kambal ko.

Papunta kami sa kwarto kung saan inilipat na ang kambal. Maayos na raw sila. Ang sabi ng nurse, natutulog lang ang kambal pero pwede na silang puntahan.

Pagpasok namin, naiyak ako ng makita ang kambal na payapang natutulog. They looked like an angels. Masaya ako, masaya ako na ligtas sila.

"Baby ko, lalabas muna ako para kausapin ang doctor. Aalamin ko na din kung hanggang kailan sila mag-stay dito." Paalam ni Kyle saka ako hinalikan sa noo.

Tumango lang ako. Hanggang sa makalabas sya ay nakatingin lang ako sa kambal. Lumapit ako sa kanila. Magkatabi lang naman ang bed nila.

Una akong tumingin kay Chylee. Ang batang 'to na namana sakin ang pagiging mahilig kay Jollibee. Na-sobrahan nga lang sya kasi in-love sya kay Jollibee. Yung kaingayan nya, saken din yata nya namana.

Sunod akong tumingin kay Skyler. Itong anak kong 'to, namana sa'ken ang katalinuhan, pero yun nga na-sobrahan naman. Yung pagiging mysterious, tahimik, suplado at masungit niya, kuhang-kuha niya kay Kyle.

Ang mga anak ko, sila yung mga batang, nagpapasaya sa'min sa mansyon. Gusto ko na ulit magising sa umaga dahil sa lakas ng sigaw ni Chylee. Pati na ang pagsaway ni Skyler sa mga ginagawang mali ng Tito Tigers nila. Alam kong hindi lang ako ang nakaka-miss sa kambal, kundi pati si Kyle. Mahal na mahal namin ang anak namin.

"M-Mom.."

Si Chylee. Lumapit agad ako. "Baby.."

She smile. "Hi mom. Do you miss me? I slept too long. I'm sorry." Sabi nya saka hinaplos ang pisngi ko.

Lalo akong naiiyak.

"Mom, don't cry na. Can't you see, I'm awake now. I'm strong like you, Mom."

Oh my god. She's really fine. Parang walang nangyari. Parang hindi siya galing sa surgery.

"Mom."

Sunod akong napatingin kay Skyler na gising na din. "Baby Sky.."

"Mom. Stop crying. We're alright. Too much crying can cause stress. And I don't want you to feel stressed because of us."

Ang anak ko, naiiyak na ako pero nakakadugo pa rin ng ilong ang pag-e-english niya. Okay na nga sila.

"I love you Mom. Where's Dad?"

"I love you too baby Sky. Kinakausap lang ni Daddy ang doctor, okay?"

Tumango siya na nakangiti sa'ken.

"Hi baby Sky and baby Chylee!" Bati nina James at Mandy. Lumapit na din sila dito sa may kama ng kambal.

"Hi Tito James. Hi Tita Mandy." Bati ni Chylee.

"Pagaling kayo agad ha? Para 'pag magaling na kayo, mamamasyal tayo tapos maglalaro tayo! Gusto nyo ba yun?" Tanong ni Mandy.

Ngumiti naman yung dalawa. Hindi pa sila masyadong makagalaw. "Yes Tita Mandy."

"Where's Tito Tigers?" Tanong naman ni Chylee.

"They're not here. Pag-uwi natin, andon sila. Okay? Naka-abang na din ang mga Tito Tigers nyo." Sabi naman ni James.

Napangiti ako. Ngayon lang ulit gumaan ang pakiramdam ko. Salamat sa Diyos at ligtas na ang kambal.

Sa pag-uwi namin, mas tututukan ko pa sila. Kung may pinakamahalaga man sa buhay ko, sila yun. Ang kambal at si Kyle.

*

A/N : The end is near. Hashtag #MPMMNSuccess

Chapter 35 ? Together, forever

[Philippines]

Chelsea POV

At last, we're here at the Philippines. Masaya kaming umuwi dito dahil magandang balita ang dala namin.

Sinundo kami ng driver dito sa platform area ng Shin-Woo Family kung saan lumapag ang private plane na pag-aari din ng pamilya ni Kyle.

Sumama muna samen sina Mandy at James pauwi ng mansyon. Tinatawagan na ni Kyle ang mga Tigers ngayon habang lulan kami ng sasakyan. Pinapunta nya sila sa mansyon para magkaroon ng mini party. Kanina pa tumawag si Kyle sa mansyon at nagpahanda na.

Ang kambal natutulog dito sa sasakyan. Kailangan pa rin nila ng pahinga kahit papaano.

"Baby ko, handa na daw ang lahat sa mansyon." Sabi ni Kyle.

Ngumiti ako. "Siguradong matutuwa ang kambal pag-uwi natin. Nandon na daw ang Tigers?"

"Oo. Sila ang inutusan kong mag-ayos sa mansyon."

=_=

"Sigurado ka?" Ang tigers ang gumawa ng dekorasyon sa mansyon. Ano kayang ginawa ng mga yun.

"Yeah. Alam nilang malalagot sila sa akin pag kagaguhan lang ang ginawa nila kaya siguradong maayos yun."

Harsh pa din si Kyle lalo na pagdating sa Tigers. Kung sabagay, sanay na silang lahat sa ugali ni Kyle. Yan na siya mula pa dati. Kahit nung una ko siyang makilala, harsh na talaga sya. Ang nagbago lang ngayon, naging sweet, mapagmahal at naging responsable na sya lalo na sa aming mag-i-ina nya.

"Takot nalang sayo ng Tigers. Ako lang yata hindi takot sayo Kyle." Singit ni James.

"Sus. Nagmayabang ka na naman. Pa-ABS ka muna James." Pang-aasar ni Mandy.

Natawa nalang ako sa kanila at tiningnan ko ang kambal na payapang natutulog. Habang lumalaki sila, mas nagiging kamukha nila kami ni Kyle. At sa mga ugaling meron sila, hindi maipagkakailang anak namin sila ni Kyle Shin-Woo.

--

[Shin-Woo Mansion]

"WELCOME HOME BABY CHY AND SKY!"

Kasunod ng sigaw na iyon ang tunog ng party poppers. Nakahilera ang Tigers at sinalubong kami dito sa may garden. Hindi maitatago ang ngiti sa labi ng kambal.

Bukod sa Tigers narito din sina Janna at Riana. At..

O____O

"TWINSIS?!"

"LANCE?!"

Nagkasabay pa kami ni Kyle nang mapansin ang super cute na family na katabi nina Janna.

"Bro, andito na kayo ni Yumi sa Pinas!?" Si James nagulat din.

"Wala. Nasa Japan pa kami James. Nananaginip kalang. Tch."

=__=

Tatak Abellano yan eh. Harsh kung harsh. Haha. Pilosopo pa.

"Tito Lance!" Sigaw ni Sky na ngiting-ngiti. Sinalubong sya ni Lance at kinarga.

"How are you little boy?" Tanong ni Lance kay Sky na ginulo-gulo pa ang buhok.

"Tch. I'm not a little boy. I grown up already."

Sige. May nakuha talaga si Skyler kay Lance eh.

"Haha." Natawa nalang si Lance. Sila talaga ang nagkakasundo ni Skyler eh.

Sinalubong na rin ako ni Yumiko at niyakap ako. "Twinsis, na-miss ko kayo."

"Kelan pa kayo umuwi? Di man lang kayo nagsabi?"

"Nung nalaman ko kay Janna ang lagay ng kambal. Sinabi ko kay Lance na umuwi na kami so ayun, umuwi na nga kami." Nakangiting sabi nya.

Walang pinagbago si Yumiko. Sexy at maganda pa rin sya. Parang hindi nanganak eh. And oh, ang karga nyang bata.

"Ang cuttteeee! Siya na ba ang anak nyo ni Lance?" Tanong ko.

"Yeah. He's Prince Miko Abellano."

Wow. Ang cute ng name. Prinsepeng-prinsepe ang dating. "Ang gwapo-gwapo naman. Sana sayo makuha ang ugali. Kamukhang-kamukha ni Lance eh. Tama ng sa kanya ang itsura. Haha." Biro ko.

"Lakas ng genes ni Lance eh. Haha."

"Tch. Kayo, wag nyo kong pinag-uusapan sa harap ng anak ko." Suway ni Lance.

"Masungit pa rin." Bulong ni Yumiko saken na ikinatawa ko.

"Parehas lang sila ni Kyle. Haha." Sagot ko.

Napansin ko na nagkukumustahan na sina Lance at Kyle.

Kinarga ko si Chylee. "Baby oh, anak ni Tita Yumi. Si Prince. Say hi to him."

"Hi.."

Hanla. Ang anak ko nagba-blush. Haha. Nahihiya pa si Chylee. Teka, kelan pa naging mahiyain si Chylee? Sa harap lang ni Prince? Awtsu.

"Hi baby Chylee. Ang laki mo na at ang ganda-ganda mo. Kamukhang-kamukha mo ang Mommy mo." Puri ni Yumiko kay Chy.

"Sige ganyan kayo. Kami ang naghanda ng party tapos hindi nyo kami pinapansin."

Napatingin kami sa nagsalita. Si Oliver. Haha. Mga nakasimangot ang Tigers.

"Best." Si Janna habang karga si Riana.

"Successful ang surgery nila. Tho, kelangan pa ni Skyler na i-surgery ulit, at least ligtas na sila." Sabi ko.

"Thanks God naman," sabi ni Janna. Natutulog kasi si Riana habang buhat nya.

"Ilang taon na si Prince, Yumi?"

"One year old."

Pinakamatanda talaga ang kambal. Tapos si Riana bago 'tong si Prince.

"Accckkkk.."

O____O

Napatingin kaming lahat kay Mandy. Nasusuka yata sya kaya napatakbo sya sa may loob.

"Fvck! Mandy is...is...she's pregnant!" Sigaw ni James saka tumakbo para sundan si Mandy.

"Oh my. Don't tell me buntis na rin si Mandy?" Tanong ni Yumiko.

"Maybe?" Nagtawanan na kami.

"Ayos. Tigers nalang ang walang anak!" Sigaw ni Jerome.

"Diba may nabuntis ka? Tinatago mo lang?" Sabi ni Lyndon.

"Gago! Wag mo akong igaya sayo!" Sigaw ni Jerome.

"Simulan na ang party! Pero bago yan, may surprise kami syempre kay Baby Chy."

Humarap kaming lahat sa Tigers. At maya-maya..

O___O

Hahahaha. May mascott ni Jollibee galing sa loob at lumapit kay Chylee, sa akin.

Ibinaba ko si Chylee at hinayaang akayin sya ni Jollibee papuntang gitna.

"Sa Jollibee..bida ang saya!" Kantahan ng Tigers. Nakakatawa talaga sila.

At bigla silang nag-form ng line. Tabi-tabi sila at nakaharap samen.

OH MY! Hahaha. Sumasayaw sila ng "Crayon" na kinanta ni G-Dragon. Havey na havey ang step.

"Hanggang ngayon, wala pa rin silang talent sa pagsasayaw." Sabi ni Lance.

"Kelan ba sila nagka-talent? Tch." Sabi naman ni Kyle.

"Pambababae lang talent ng mga yan. Pagbigyan nyo na ngayon. Last na nila yan." Sabi naman ni Adrian.

Pareho talaga ng ugali. Magkakaibigan talaga.

"Nakakatuwa sila. Parang mga bakla. Hahaha!" Tawang-tawa si Janna.

"Hahahaha! Mukhang ewan mga tigers!" Sabi naman ni Yumiko.

Napatingin ako kay Chylee at Skyler, combo with Riana na nakikisayaw na rin. Nagising na pala si Riana. Haha. Nakakatuwa silang tingnan.

Ang sarap subaybayan ang paglaki nila.

"Baby ko!"

Napatingin ako kay Kyle. "Gummy bear?"

"I love you, together forever."

Yan ang asawa ko. Sweet! Nanay na ako pero kinikilig pa din ako. "I love you too gummy bear, together forever."

"Tara kainan na!" Sigaw ni Luke.

"Katakawan mo, Palermo!" Sigaw ni Lance.

"At least, di na ako nagpapa-cute kay Yumiko!" Katwiran ni Luke.

"Fvck you!"

Simula pa noon hanggang ngayon, nagbago man ang mga estado namin sa buhay, nagka-anak man na ang ilan samen, nanatili pa rin ang matatag na pagka-kaibigan.

Walang nagbago. Kung ano yung pagkakakilala ko sa kanila, hanggang ngayon, ganon pa rin sila.

Our friendship, our love for our family and our love for our partners will stay the same forever..

Nilapitan ako ni Kyle at niyakap. "I'm happy, with you."

Ngumiti ako at kinintalan sya ng halik sa labi. "I'm the happiest woman in the world, even if...I'm just a nobody. Before."

"A nobody who became my everything.."

I'm really blessed to meet Kyle, to be his slave, to be his girlfriend, to be his fiance, to be his wife and to be the mother of his children.

And I'm sure, we'll be together, forever..

**** THE END ****

HASHTAG #**MPMMNEnd**

A/N: MARAMING MARAMING SALAMAT SA LAHAT NG SUMUBAYBAY SA MPMMN TRILOGY, SA STORY NG KYSEA. MAHAL KO KAYONG LAHAT.

Special Chapter

Chelsea POV

"HAHAHAHAHA!"

"Waaa!"

"Yaaa! Ish-tapppp!"

Mataman akong nakatingin sa tatlong chikiting na naghahabulan. Mga bulol pa. Palibhasa three years old palang.

"AHHHHHHHHHH! Enzo, Kenzo, Renzo! Stop it!"

=___=

Hindi na nakatiis ang Ate nilang si Chylee na abala sa paggawa ng homework nya.

Who's that kids? Oh well, three years ago, nanganak lang naman ako ng triplets. Last na yun! Grabe ang hirap manganak ha? Tatlong lalaki yan. Geez. Dinaig ko pa ang baboy kung manganak. Tapos nagtataka na ako kasi una kambal tapos sunod triplet? Aba matinde ang genes ni Kyle.

And then, we found out na, sa great great grandmother pala ni Kyle, dun namana yung ganito. So ayun. Nagpatali na ako. Hindi ko na kayang manganak. Dalawang beses lang akong umire, lima agad ang anak namin. Jusko!

"Kids, stop na. Naaabala nyo na si Ate." Saway ko sa triplets.

Nagtakbuhan sila saken.

"Mommmmyyy!"

"Gayit na shi ate.."

"Shabi ko ish-tap na eh!"

Hahaha. Nakkatuwa ang triplets. Mga buyoy pa. Haha. I mean, bulol. Ang hirap mag-isip ng pangalan kaya, naisip nalang namin ay yung magkakatunog. Grabe naman kasi.

Si Enzo--may nunal sa bandang ilong. Maliit lang naman.

Si Kenzo--may nunal sa may sentido. Sa may tapat ng utak.

Then si Renzo--may nunal sa baba.

Ang hirap nila i-distinguished lalo na kung first time mo lang silang mami-meet. Yung Tigers nga hanggang ngayon nagkakamali pa din. Bukod kasi sa pareho sila ng skin color, pareho din ng buhok, at..hm, oh! Sa height lang sila medyo nagkaiba. May mas matangkad ng konti. May mas maliit.

Pero kami ni Kyle, never kaming nalito sa triplets. Syempre, parents eh. Saka kami ang nagpalaki eh.

Si Kyle? Ayun. Siya na ang nasa top one na may-ari ng largest company sa buong asia. Pero kahit ganon, nakakatuwa lang na hindi siya nawawalan ng time for us--his family.

"Tch. Let them play Chylee. They are kids. Ikaw nga na eleven years old na, gusto pang makipaglaro kay Prince Miko."

=___=

Ano? Walang papalag sa pinaka-kuya. Si skyler the great! Haha. Oh, I'm proud to say na na-accelerate sya. Hindi na siya nag-pre-school. Pa'no ba naman kasi marunong pa sya sa teacher niya. Kaya ayun six years old, elementary na agad sya. Si Chylee, hindi kaya mas ahead si Skyler. Matured na mag-isip kahit eleven years old lang.

"Yaaaa! Mom..si Skyler oh.." Nagngingitngit si Chylee. Totoo kasi. Nakikipaglaro pa yan kay Miko--anak nina Yumiko at Lance.

"Kuyyyyaaa!" Sigaw ni Enzo.

Sumunod si Kenzo. "Tsuruan moko magyaro ng eks..eks.."

"XBOX." Pagtatama ni Skyler saka bahagyang ginulo ang buhok ni Kenzo.

Mas close ang triplets kay Skyler. Palibahasa, boys eh. Nag-iisang prinsesa lang talaga namin si Chylee.

"Yeeeyyy! Acho nyaman. Kuyyaaa! Gushto ko shelpi!" Sabi naman ni Renzo.

Natatawa lang si Skyler habang inaatupag ang triplets. Si Renzo, shelpi---este selfie king na agad yan. Ke-bata-bata pa. Marunong na syang magpindot ng button ng camera sa iPad ni Skyler. He-he.

Si Chylee nakasimangot saken. "Baby dun ka nalang maggawa ng homework mo sa room mo." Utos ko.

"Yes mom." Sumunod naman agad sya.

Kasi kahit magsisigaw sya dyan. Hindi uubra ang mala-megaphone nyang boses sa triplets. Sobrang kulit kaya ng mga yan. At ang iingay din. Kaya nga tuwang-tuwa ang mga katulong dito sa bahay kasi buhay na buhay daw ang mansyon.

Nga pala, anniversary namin ni Kyle ngayon. Thirty one na ako pero wag ka! Kinikilig pa din ako na parang teenager. Si Kyle kasi eh, may ABS pa din--este ang sweet pa din.

"Kids!"

o

Speaking of the ABS--este Kyle, andyan na sya!

Sinalubong ko siya. Dinampian nya ako ng halik sa labi.

"Daadddyyyy!"

"Daddddddyy!"

"Daddddddyyy!"

Parang maliliit na daga ang triplets eh. Ang bibilis tumakbo eh. Hahaha. At dahil maliliit sila, naupo si Kyle sa baitang ng hagdan. Mula kasi sa main door papunta dito sa living room, may dalawang baitang ng hagdan na gawa lang din sa sahig na tiles.

"How's my boys?"

"Aym payn!"

"Nag-shelpi ako daddy!"

"Tinutyuruan acho ni kuya magyaro nyang eks..eks..bang."

O_O

XBang daw? Hahahaha. Baka magkaroon pa ng lahing gangster ang anak ko, jusko! "XBOX baby Kenzo. Not xbang.

Natawa lang din si Kyle habang ginugulo ang buhok ng triplets.

"Dad."

"How's your study Sky?"

Ngumiti si Sky. Minsan lang yan ngumiti. Masungit yan eh. Dami nga nyang fangirls sa school. Haha. "Still on top dad."

Naks. Anak ko yan eh. Mana yan sa katalinuhan ko.

"Great. What do you want?"

Kitams. Si Kyle lagi yang may reward sa anak nya kapag may achievements eh.

"Nothing dad. I have complete gadgets..and many more. Wala na po. Thanks dad." Sagot ni Skyler.

See? Super responsible na bata yang si Skyler talaga eh. Kabaliktaran ni Chylee. Haha.

"Where's Chylee?"

"Busy sa paggawa ng homework sa kwarto nya." Sagot ko.

"Sipag ng prinsesa natin ah." Sabi ni Kyle.

Sabay kaming napatingin sa triplets.

=_____=

Jusko! Hahahaha. Kaya pala tahimik. Ayun!

"FVCK!"

=_____=

"Pak! Hihihih."

"Pakpak! Hihihih."

"Pakk!"

Pano ba naman hindi mapapamura si Kyle? Yung file case na dala nya, ayan at nakabukas na. Yung mga papeles at kung anu-ano pang laman na papel nakakalat na. May gusot, may punit. Si Enzo, nginangatngat pa ang papel.

"Gummy bear."

"Sorry." Napakagat sa labi si Kyle. Hindi na sya makapagmura eh. Haha. "Ang papeles..aww!"

"Kids tama na yan! Bad yan." Tinulungan ko si Kyle na magpulot ng mga papel na nagkalat.

"Baby brothers, bawal likutin ang gamit ni Daddy. Okay? Bad yan." Ayan na. Si Skyler pinapangaralan nya lage ang triplets.

"Opo.."

"Shoyi daddy.."

"Syori.."

Ang ku-cute talaga ng mga anak ko. I habe five boys. Isang may ABS, isang may malaking utak at tatlong..makukulit. Haha.

"It's okay kids. Let's have dinner." Yaya ni Kyle saka tumayo na. "Skyler call Chylee."

"Yes dad."

"Mom..dyala!" Sabi ni Enzo.

Ayan binuhat ko sya.

"Dadddy! Dyala!" Sigaw naman ni Kenzo. Kaya dinala din sya ni Kyle.

Oh naku, Renzo wag kang magpapadala saken. Di ko kaya ang dalawa. Hahaha.

"Daddy! Dyala dyin!"

Natatawa lang kami ni Kyle dito sa tatlong bulilit na ito.

Kahit may trabaho si Kyle, at least every dinner, sabay sabay pa rin kami.

--

"Happy anniversary baby ko.."

Ayeee! Ako na kinikilig. Binati lang naman ako ng walang kupas sa ka-gwapuhan kong asawa. With matching kiss pa yan sa balikat ko.

Para nga akong na-kuryente eh. Haha. Naka-sleeveless kasi ako. Nandito kami sa kwarto namin at may hinandang wine si Kyle. Gabi namin 'to eh.

"Happy anniversary gummy bear! I love you forever.."

He kiss my lips. A kiss with full of love. Masaya ako na talagang nag-work-out yung relasyon at marriage namin. Isa si Kyle sa the best husband and father in the world. May isang salita talaga sya--na hindi nya ako iiwan, na mamahalin nya ako habang buhay.

Kung sabi ng iba, nakakasawa habang tumatagal ang relasyon? Mali sila. Kasi kami, sa bawat araw ay panibagong simula ang ginagawa namin. As long as nangingibabaw ang love and trust sa relasyon nyo, I'm sure hindi kayo aabot sa hiwalayan part.

"Baby ko.."

"Yes gummy bear.."

Ay nako! Nararamdaman ko. Gustong maka-score ni Kyle. Talaga naman. Basketball player is always a basketball player kahit pagdating sa asawa nila. Haha. Gusto lage maka-shoot eh.

Dinaan ko nalang sa halik. Hindi ko na sinagot si Kyle.

eeeccckkk

"Haapiii berdyey mommy, daddy!"

"Yehey! Hapi berdyey!"

"Ashan ang yobo?"

=_____=

Forever inlove kami ni Kyle. Pero forever bitin din kami. Hahaha.

"Kids! Hindi namin birthday ni mommy. It's our anniversary. So back to your rooms."

May sarili kasing room ang triplets eh. Double king size bed. Dapat kasi magkakatabi sila.

"Ay.."

"Mayi tayo.."

"Tyara! Tyuyog uyit."

Cutie patootie talaga ng mga anak namin.

"Goodnight kids. Mommy and daddy loves you."

"Ay yabyu tyu!"

"Gudnyayt!"

"Ayabyu!"

Nakasunod nalang ang tingin namin ni Kyle sa triplets na lumabas ng kwarto.

"Shall we continue?" Tanong ni Kyle.

"Sure. Pero pahawak pa rin ng ABS Gummy bear. Hahaha." Biro ko.

And there, we made love and prove to ourselves that even if years had passed, walang nagbago.

We still love each other, so much.

*

A/N : Bigla ko kasing na-miss ang kysea. Haha so ayan. Katuwaan lang. Special chapter. Baka may susunod pa. Diko alam. Haha. Tweet kayo! Hashtag **#MPMMNHappyFamily**

Special Chapter II

Chelsea POV

"Uwaaaaaaaa!"

Lumapit agad ako kay Enzo nang marinig ang pag-iyak nya.

Narito kami sa mansyon, with the Tigers.

"Why baby?"

"Shi...shi..shi Tyito Yuk ayaw acho pahiyamin ng shelpon nya. Uwaaaa!"

Ay nako. Ang anak ko. Ayaw daw pahiramin ni Luke ng cellphone. "Luke!" Sigaw ko.

"Uyy Chelsea! Bakit?"

"Ayaw mo daw pahiramin ng cellphone si Enzo. Bakit ba nya gusto yang phone mo?"

Napakamot sa ulo si Luke. "A-ano kasi, nakita nya yung games kaso yung wallpaper ko...ano eh--"

"Fvck you Palermo. Kalandian mo na naman ba ang wallpaper mo? Tch." Singit ni Kyle saka binuhat si Enzo.

Hahaha. Kaya ayaw ipahiram kasi bastos yung wallpaper. Pag kasi pinapahiram ng cellphone si Enzo, kung saan saan napipindot kaya minsan napupunta sa homescreen.

One time kasi nangyari yun. Nagulat nalang kami nang marinig si Enzo na..

"Mommy! Daddy! Kukuha acho ng dyamit. Lalagyan ko nyang dyamit ang shelpon ni Tityo Yuk kashi hubad eh."

Ganon. Abot ang murang natanggap ni Luke kay Kyle. Baliw kasi.

"Here's my phone baby. Ito nalang ang laruin mo, okay?"

Tumango naman si Enzo at tumahan na. Jusko!

Halos kumpleto kami dito. Meryenda kasi. Bonding ganon. Sina Yumiko at Lance, with their junakis tapos ang tigers. Sina Janna lang ang wala.

"Kashi ang gandya mo tyuyad nyi Titya Yumi.."

O_O

Napatingin ako sa nagsalita. Aba 'tong si Renzo na-porma na yata kay Reiko. Hahaha. Ang anak ko talaga.

"Skyler! Wag kang mag-emote dyan. Wala si crush. Dito ka tuturuan nalang kita assignments mo." Sabi ni Drei.

"Tch. I can do it on my own." Masungit na sabi ni Skyler. Abala kasi sa pagsusulat sa notebook nya.

"Mommmyyyy! Si Sky oh! Sinusulat sa notebook niya, skyler love rianna! Waaa! Crush si Rianna!"

=___=

Wala pa ring tatalo sa kadaldalan ni Chylee. Namula tuloy si Skyler.

"Hahahahaha! Huli!" Sigaw ni Oliver.

"Tch."

Ayun nag-walk-out na ang binata ko.

"Twinsis sinong nagluto nito? Ang sarap." Tanong ni Yumiko. Tinatanong nya yung sushi. Japanese yan kaya bet nya. Hahaha.

"Tch! Mas masarap pa saken wife?!" Singit naman ni Lance.

"Hahahahahahahaha!"

=_=

"Pati pagkain pinagseselosan? Aba matinde! Ilabas nga yang ABS na yan Lance!" Sigaw ni Jerome.

Mga baliw talaga.

"Hahahahahaha!"

"Mommmy! Gustyo ko yun!" Si Kenzo hinihila yung laylayan ng dress ko.

Tinuturo nya yung iniinom nila Ken na alak.

"Baby bawal kapa non. Pang-malaki lang yun."

"Ehhhh! Batyet shi tityo Kit umiinyon, di nyaman sya mayaki..uwaaa!"

O_O

"Hahahahahah! Kit minamaliit ka ni Kenzo! Hahahahah."

"Asdfghjkl. Pansin ko lagi tayong basag sa mga anak ni captain. Aba matinde ang lahi talaga." Sabi lang ni Kit na ikinatawa ng lahat.

"Nakakabingi ka!"

Huh? Napatingin ako sa nagsalita. Si Miko pala na palipat-lipat ng upuan. Si Chylee naman sunod ng sunod. Mga bata talaga.

"Magbagong buhay na kayo. Bat di pa kayo lumagay sa tahimik?" Tanong ni Kyle sa tigers.

cough cough

"Wag! Bata pa kami captain. Haha."

"Maaga pa para dyan!"

"Kailangan pa ako ng sandamakmak na chicks sa mundo!"

Kung anu-ano pang sinabi ng tigers. Mga playboy talaga.

"Baby ko.."

Tumingin ako kay Kyle. "Gummy bear?"

"I love you."

>,<

Boom kilig! Kyle yan eh.

"Wife!" Sigaw naman ni Lance.

"Hm? Hubby?" Sagot ni Yumiko.

"I love you."

Hahahaha. Nainggit yata si Lance.

"Tara uwui!"

"Jerome! I love you din!" Sabi ni Luke.

"Potek ka!" Sagot ni Jerome.

"Hahahahah!"

"Wala tayong ka-i love you-han eh." Sabi ni Drei.

"Sabi sa inyo, lumagay na kayo sa tahimik." Ulit ni Kyle na natatawa.

"AYOKO!" Sabay sabay na sagot ng Tigers.

Nagtawanan nalang kami at nagsaya. Inom dito, kain doon. Bonding all over the house.

*

A/N : Super lame nito. Haha. Wala lang, pampasaya lang. HASHTAG **#MPMMN3SpecialChapter**

Special Chapter III

Chelsea POV

"Palagi ka nalang busy. Wala ka ng oras para sa'men ng mga anak natin." Cold na sabi ko kay Kyle habang busy ako sa pag-aayos ng kama.

Kakagising lang namin at si Kyle, papasok sa kompanya.

"Pag-aawayan ba natin 'to?" Masungit na tanong niya.

"Hindi na talaga kita maintidihan eh. These fast few days, nag-iiba kana. You're being cold. You're not sweet anymore. Do you still love me, Kyle?"

Hindi sya tumingin saken. Abala sya sa attache case na dadalhin nya sa company. "Don't ask me that question. Fvck."

"Then the answer is no?" May hinanakit na tanong ko.

"I said don't ask me that question!"

"Sinisigawan mo na ako? Sabagay. Di mo na nga kase ako mahal. Ano? Sawa ka na sa'ken dahil lima na anak natin? Di na ba ako maganda para sayo? Di na ako attractive? Hindi na ba, ha? Kyle?"

"Just shut up. I don't want to talk about it. I'm going to company now."

"Aalis ka ha? Ganyan lang? Iiwas ka sa pag-uusap?" Nasasaktan na ako sa pinapakita at sinasabi nya.

"We're not talking. You're nagging! Shit!"

Naiiyak ako. "Tell me you still love me, Kyle.."

Umiling siya. "I don't know. I don't know anymore.."

"Sinong bago? Mas maganda ba sa'ken? Mas sexy? Mas.." Naiyak na'kong tuluyan.

"Fvck! Ayoko na!"

Tumigil ako sa pag-iyak saka huminga ng malalim. "Aish! Matatapos na eh! Ano ba 'yan, gummy bear!"

Niyakap ako ni Kyle. "Kahit acting lang, ang hirap baby ko. Fvck! I love you so much."

"I know gummy bear!"

"Mom, Dad.."

"Mom, di nyo na naman napigilan."

"Too sweet."

Komento ng triplets ko na nanonood samen. Ang isa ay taga-video, ang isa ay kumakain ng pakwan at ang isa ay picture ng picture.

"Fvck. Let's stop this. I can't baby ko."

Sumimangot ako. "Acting nga lang gummy bear eh! Papadala nga natin 'yung video sa tigers para magpuntahan silang lahat dito and there, reunion!" Sabi ko.

Naisipan kase namin na magrecord ng video na nag-aaway kami, tipong maghihiwalay na. Kapag ganito kase, alert ang tigers. Syempre pag napanood nila yun sa youtube, susugod sila dito sa mansyon.

Ako ang nakaisip nyan. Ehem! Matalino.

Actually, si Kyle ayaw talaga. Pinilit lang namin ng triplets eh. Nine years old na ngayon ang triplets. At ang Ate at Kuya nila nasa US nag-aaral. Nakakamiss din ang unica ija kong si Chylee at ang matalino kong anak na si Skyler.

"Baby ko!"

"Oh?"

"Natulala ka dyan? Fvck. Baka iniisip mong totoo 'to! No. Damn. Ikaw lang ang mahal ko. Wala akong iba. Hinding-hindi ako magsasawa sa'yo. Ikaw at ikaw lang. Okay?"

He-he. Ang asawa ko nag-litanya. Ang sweeeettt! "I know gummybear. Wag ka ngang paranoid. Acting lang naman 'to."

"Ah, shit!"

"Sige na, last nalang! Um-acting ka kase ng ayos!"

"Not again. Damn it."

Okay. Ayaw na talaga ng asawa ko. Hindi ko na 'yan mapipilit. Ay nako! Wala na. Hindi ko mabubuo ang tigers dito sa mansyon.

"Pero gummybear.."

Hinaplos ni Kyle ang pisngi ko. "Baby ko, may sari-sarili ng buhay ang tigers. I know ginagawa mo 'to para sa'ken. Para magka-bonding ulit kami ng mga kaibigan ko pero hindi na kami tulad dati. Na binata, na anytime na tawagan mo ay pupunta. They have their own families. And if you really want bonding? We can have a bonding, baby ko."

"Ayun!"

"Yes!"

"Selfie muna Dad and Mom!"

Makukulit ang triplets ko. Ngumiti ako kay Kyle. "Sweet mo."

"I am not. I'm hot, baby ko."

"I know. Wag ka nga! Inaakit mo lang ako eh."

"Wahhaah! My wife. I love you."

I kissed his lips. "I love you too, gummy bear!"

"PDA naman!"

"Huli-cam! Po-post ko sa FB 'to with caption, Mom flirts Dad."

"Fvck! Naka-on ang video. That moment.."

Mga comment ng triplets ko talaga, mamaya pipingutin ko isa isa ang mga 'yan. Haha! Mana sa aken.

"Boys! Get ready. Lalabas tayo." Anunsyo ni Kyle sa triplets.

"Kailangan ba talaga mag-ready pa 'pag lalabas ng pinto, Dad?"

Pffffttt. Pilosopo si Enzo.

"Enzo Shin-Woo." Kyle said in his warning tone.

Nag-peace sign si Enzo. "He-he! Dad naman. Bihis na po ako!" Kumaripas na ng takbo.

"Dad buy me new phone. The latest model of samsung. Mas mataas ang megapixel ng camera, Dad ha? Pang-selfie eh."

Si Renzo na selfie king.

"Yeah. Okay. Later, bibili tayo." Sagot ni Kyle.

Kahit kelan talaga nakaka-op ang mag-aamang 'to. Spoiled talaga!

"Yes! Thanks Dad!" Tumakbo na rin si Renzo sa kwarto nya.

"Dad.."

"Yes, Kenzo? What do you want?"

"Skype. Video chat with Ate Chylee and Kuya Sky."

Aww sweet Kenzo. "Later, Kenzo. Mag-skype tayo nina Ate. Okay? Go. Magbihis ka na."

"Yes, Mom! Dad."

Naiwan na kami ni Kyle dito sa kwarto namin.

"Ang bilis ng panahon." Sabi ko.

"Yeah."

"Ang lalaki na ng triplets. Tumatanda na tayo gummybear."

"Yes. But you're still the most beautiful woman for me." He winks at me then kiss my lips.

"Asus! Ako ba talaga? Ikaw gummybear. Ang gwapo mo pa din. Psh! Yung mga empleyado mo sa kompanya na mga babae! Aisshhh! Sasabunutan ko sila isa-isa eh! Pinagpapantasyahan ka nila."

He pinch my cheeks saka inilapit ang mukha nya sa mukha ko. "Pagpantasyahan man ako ng ilang babae. Iba pa rin ang katotohanang ikaw ang tanging pinagpapantasyahan ko."

Kyaaa! Kinikilig ako! "Gummy bear naman eh! Kinikilig ako!"

"Ahaha. Fvck. You're so cute. I love you baby ko. I love you forever."

"I love you too, gummybear. I love you every step of the way."

He kissed my lips again. "I'm thinking about having a new baby."

O_O

"Are you serious? Matanda na tayo gummybear!" Sabi ko. Di naman masyado. 30+ palang.

"Fvck! We're not that old, baby ko. Let's make a baby." He grins at me.

Tumayo na ako at lumayo kay Kyle. "Wag ka nga, gummybear! Ang lantod mo! Aish. Magbihis ka na!"

"Ahahah! Dito ka. Bat ka ba lumalayo sa'ken? I don't want you there. I want you here beside me para maramdaman mo kung sino ang patuloy na tinitibok ng puso ko."

>.<

KYAA! "Kyle naman eh!"

"Ahahah. Come here, baby ko. I want to make a new baby.."

"Yaaaaa! Magtigil ka gummy bear!"

Tumawa ng tumawa si Kyle. Nanti-trip na naman. Aish.

"Come on, let's go. Magshower na tayo, baby ko. Aalis pa tayo."

Nagpoker-face ako. "May masama kang balak." Kase baka, baka..waaaa!

"What? Masamang balak? Fvck baby ko. No. Maliligo lang tayo. Let's go."

Nag-pout ako. Saka lumapit sa kanya. Niyakap nya akong mahigpit. Niyakap ko din sya ng sobrang higpit.

"Baby ko.."

"Gummybear?"

"It feels so right when you hug me so tight."

Napangiti ako. Walang kasing-sweet si Kyle. Lagi nya akong napapakilig kahit tumatanda na kami.

"Can you feel it, baby ko?"

"Alin?" Tanong ko habang yakap pa din nya ako.

"That I love you not only for what you are, but for what I am when I am with you."

O. M. G. Pinakilig na naman ako ng asawa ko. "Gummy bear..so sweet." Sabi ko.

Then kumalas sya ng yakap at dinampian ako ng halik sa labi.

"Sweet. Just for you Mrs. Shin-Woo." He said then smirks at me.

Emeged! Isa na namang nakakakilig na araw mula sa aking gwapong asawa.

Wala eh. Kyle Shin-Woo 'yan eh.

*

Thanks for reading this SC! Hashtag **#MPMMN3SC**

Special Chapter IV - Part 1

Chelsea POV

Ilang minuto na akong umiiyak habang pinagmamasdan ang papel na nakapatong sa kama namin. Hindi ko inisip na dadating ang araw na'to.

Annulment papers..

Masaya naman kami eh. Almost perfect ang pamilya namin pero humantong sa ganito dahil sa hindi pagkakaunawaan.

door opens

"Napirmahan mo na ba?" Cold na tanong ni Kyle habang nagtatanggal ng necktie.

Huminga muna ako ng malalim bago nagsalita. "Kyle, gummy bear. Kailangan bang humantong sa ganito?" Umiiyak na tanong ko.

"Hindi mo na ako maintindihan 'diba? Lagi mo akong inaaway. You're being nagger kapag ginagabi ako ng uwi. Fvck! I'm busy at the company! Hindi naman 'yun para sa'ken kundi para sa pamilya natin! Kelan ka pa naging demanding ha?" Galit na sigaw nya.

Hindi ito maliit na away. Hindi..

"Kyle.."

"Mas mabuti pang gawin 'to. Nasasakal na ako, Chelsea. Pag-uuwi ko, sa halip na tanungin mo ako kung okay lang ako, kung kumusta ang company, iba ang tinatanong mo! Bakit ako ginabi? Sinong kasama ko? Sinong, fvck! Fvck!"

Lalo akong naiyak. Masama na ba 'yun ngayon? Di ko alam ang gagawin ko ngayon para mawala ang galit ni Kyle.

"Now, just sign that fvcking papers and I'll be free. Free from you, Chelsea."

"Kyle, isipin mo ang mga anak natin.."

"Sana inisip mo 'to bago ka naging ganyan! Fvck I can't take it anymore. Ayoko ng makasama ka pa. Mag-stay ka na sa isa sa hotel na pag-aari ng Shin-woo. Wag lang dito sa mansyon."

Pinapaalis na nya ako? Pinapaalis ako ni Kyle. "Ang mga bata.."

"Malalaki na sila. Maiintindihan nila na hinawalay na ang parents nila."

</3

Nawasak ang puso ko sa sinabi nya. Ganon lang kadali? "Kyle hindi.."

"Fvck! Sign that papers and get out of this room!" Sigaw nya.

Nasisindak ako. Natatakot ako. Si Kyle bihira lang syang magalit. Mabait sya, mapagmahal, perfect husband pero umabot na sya sa sukdulan nya. Hindi na nya ako kayang pakisamahan.

T_T

"Kyle mag-usap tayo ng maayos. Yung hindi ka sumisi--"

PAKK!

"I don't need your fvcking explanation. Tapos na. Huli na. Tama na 'to. Kailangan ko ng magpahinga. Umalis ka na."

Hawak ko ang pisngi ko na sinampal nya. Hindi ako makapaniwala na napagbuhatan nya ako ng kamay. Sa dami ng taon na nagsama kami, ngayon pa?

Lalo pa akong naiyak. "Gummy bear, I love you. Di na mauulit. Di na ako magde-demand. Di na ako magiging nagger.."

"It's late. So get out and try not to show your face to me again."

</3

Wala na. Wala na talaga. Ayaw na sa'ken ni Kyle. Ayaw na nya sa'ken.

Huminga ako ng malalim. "Kung yan ang gusto mo. Mukhang ayaw mo na talaga sa'ken. Sinaktan mo na ako emotionally, pati physical. Sawa ka na sa'ken.." Sabi ko at tinatagan ang sarili ko.

"Out."

Nakagat ko ang ibabang labi ko. Kinuha ko ang shoulder bag ko na nalapatong sa couch. Saka lumabas ng kwarto.

Bakit ngayon pa? Sawa na siya sa'ken. Ayaw na saken ni Kyle..pagkatapos ng ilang taon, natapos ang kasiyahan ko.

Sumakay ako ng kotse ko. Hindi ko magawang magpakita sa mga anak namin. Ayokong ma-apektuhan sila. Ayokong masaktan sila sa nangyari sa'men ni Kyle.

Habang nagmamaneho ay di ko mapigilang umiyak. Halos manlabo na ang mata ko sa dami ng iniiyak

ko. Masakit. Ang sakit sakit.

Dinala ako ng mga paa ko sa bar ni Ken. Lagi naman. Sagot sa pusong sugatan? Alak. Panandaliang pagkalimot.

Napansin ko ang pagkagulat sa mukha nina Ken at Lyndon nang makita nila akong papalapit sa kanila.

Malamang. Makita ba nila akong umiiyak pa rin habang papalapit sa kanila sa VIP table.

"Chelsea!"

"Chelsea anong nangyari? Si captain?"

Naupo ako. "Yung matapang na matapang na alak." Sabi ko. Hindi ko pinansin ang tanong ni Ken.

"Pero Chelsea malalagot ako kay captain. Bawal ka bigyan ng matapang na alak."

Bigla akong nabuhayan. "Sinabi nya yun? Tumawag sya?"

Naguluhan si Ken. "Hindi Chelsea. Matagal na 'yun. Nong pagkatapos ng kasal nyo pa. Si captain, sabi nya kapag pupunta ka dito mag-isa o kahit kasama ang mga kaibigan mong babae tulad ni Janna, wag na wag kang bibigyan ng matapang na alak. Ganun."

Namatay na naman ang puso ko. Akala ko ngayon lang sinabi ni Kyle. Akala ko alam nyang didiretso ako dito sa bar at ayaw nyang magpakalasing ako dahil nag-aalala sya saken. Akala ko..

Hindi na nga pala. Ayaw na nya nga sa'ken diba? Ayaw na ayaw na ayaw na.

"Ganon ba. Kalimutan mo na yon. Hindi na yun effective. Bigyan mo ako ng matapang na matapang na

alak." Matigas na sabi ko.

"Sorry Chelsea. Pero tatawag muna ako kay captain." Sabi ni Ken saka nag-dial sa phone nya.

"Hello! Captain. Ah, asawa mo kase nandito at gustong uminom ng matapang na matapang na alak."

Nanatili akong nakatungo pero nakikinig ako kay Ken.

"Sigurado ka captain? Pero..oh sige sige."

Tapos na yata ang tawag. Kinakabahan ako.

"Anong sabi ni captain?" Tanong ni Lyndon.

"Nakakapagtaka. Bigyan ko daw hangga't gusto ko. Wala daw syang pakialam kay Chelsea." Honest na sagot ni Ken.

"Ano?! Si captain ba talaga nakausap mo?" Hindi makapaniwalang tanong ni Lyndon.

Bago pa sumagot si Ken, sumingit na ako. "Yung order kong alak, Ken. Naghihintay ako." Umiiyak na sabi ko.

"O-oo, Chelsea. Sige."

Nang maka-alis si Ken ay naiwan kami ni Lyndon.

"Nag-away kayo ni captain? Pag-usapan nyo ng maayos. Hindi na kayo bata. May mga anak na kayo."

Tama naman si Lyndon. Pero anong magagawa ko kung pinaalis na ako ni Kyle sa buhay nya?

"Ayokong pag-usapan yan."

"Sorry, Chelsea." Sabi ni Lyndon.

Dumating na ang alak. Walang pag-aalinlangan ko iyong ininom. Wala ng pakialam pa saken si Kyle.

Malayang tumutulo ang luha ko habang umiinom ako. Unti-unti na akong nahihilo. Lasing na yata ako.

Pero may isang bote pa. Isa pa, masakit pa dito sa puso ko oh! Masakit pa! Tinungga ko na ang isang bote. Kasunod ng paglapag ko ng bote sa mesa ang pagbagsak ko.

--

Nagising ako sa sakit ng ulo ko. Ano ba 'yan. Ano bang nangyari? Ano bang ginawa ko?

"Best, gising ka na pala."

Napabangon ako. "Best? Janna.." Bakit nandito ako? Napatingin tuloy ako sa kabuuan ng kwarto. Hindi sa mansyon 'to.

"Alam ko ang nangyari. Sinabi ni Lyndon. At kagabi nung ihatid ka dito, umiiyak ka habang tulog. Salita ka ng salita about sa nangyari sa inyo ni Kyle. Alam mo best, di ko akalaing kung kelang tumanda na tayo saka kayo magkakaganon ni Kyle. Naiinis ako sa asawa mo! Lumuwag yata ang turnilyo sa utak."

So alam nya nga. Bumalik sa alaala ko ang lahat. Masakit pa din.

"Buti nalang dito ka hinatid ni Lyndon! Hay sabi nya tinawagan daw nya si Kyle kagabi para ipasundo ka,

pero ang tanga mong asawa, walang paki sayo! Nakakainis ha!"

Wala naman talagang paki na sa aken si Kyle. "Hayaan mo na Janna. Thank you sa pagpapatulog dito. Pasasalamatan ko din si Lyndon na dito nya ako hinatid. Nalasing ako kagabi."

"Dapat lang best! Pero hayaan? No way. Hindi ako papayag na ganunin ka ng asawa mo. Ang sama nya para gawin sa'yo to. Asawa ka nya pero wala syang pakialam? Pwes hinding hindi ko hahayaang makita ka nya, best."

"Anong ibig mong sabihin, Janna?"

"Dito ka muna sa mansyon namin. Hindi ka uuwi sa inyo, hindi ka magpapakita kay Kyle. Ewan ko lang kung hindi mabaliw yang asawa ko. Tingnan natin hanggang saan ang kaya nyan."

Napalunok ako. Galit talaga si Janna at pag ganito sya, gusto nyang nasusunod ang anumang sabihin nya.

"Janna.."

"Iyak ka lang best. Wag ka mahiya. Nandito lang ako para i-comfort ka."

door opens

"Maam! Si Sir Kyle po nagsisisigaw sa labas ng gate. Hinahanap po si Ma'am Chelsea!" Humihingal na sabi ng katulong nila Janna na kilala naman kami.

"Speaking of the devil. Nandito na agad para ano? Para saktan ka ulit? Akala ko ba wala syang paki sayo?"

Tumayo ako pero pinigilan ako ni Janna. "Dito kalang. Tawagan ko phone mo para marinig mo pag-uusapan namin ni Kyle sa labas. Jusko! Buti nalang nasa company na ang asawa ko. Bestfriend pa man din 'yang Kyle mo! Sakit sa ulo talaga."

Lumabas na si Janna sa kwarto at iniwan ako. Ni-lock pa ang pinto. Yung phone ko tumutunog. Hinanap ko at nakita ko ang shoulder bag ko na nasa side table. Kinuha ko phone ko.

Janna calling..

Sinagot ko 'yun at nakinig.

"Anong kailangan mo, Kyle?"

"Ang asawa ko! Si Chelsea. Nandito sya!"

"Oh, ano naman kung nandito?"

"Fvck, Janna! Iuuwi ko na ang asawa ko!"

"Pagkatapos mong ipagtabuyan at balewalain, pupunta ka dito para mag-eskandalo?"

"Fvcking shit! Ilabas mo ang asawa ko! Chelsea! Baby ko! Please lumabas ka dyan! Mag-usap tayo!"

"Kung hindi ka ba naman gago Kyle. Sinaktan mo ang bestfriend ko. Pinabayaan at ano pa? Pinalayas ba? Tapos pupunta ka dito para ano? Para iuwi siya? Magdusa ka!"

"Janna! Fvck! My wife!"

"Hinding-hindi ko ipapakita ang asawa mo sayo, Kyle. Nang magtanda ka! Psh."

"FVCK! JANNA! SHIT. CHELSEA! CHELSEA!"

Yun na ang huling narinig kong pag-uusap nila sa labas. Baka pumasok na sa loob si Janna.

Huminga ako ng malalim. Nasasaktan ako sa ginagawa ni Kyle. Pero may point si Janna. Pagkatapos nya akong balewalain? Tapos biglang mag-iiba ang ihip ng hangin at pupuntahan nya ako?

Well, I like Janna's idea. Hindi nya ako ipapakita kay Kyle. I think that would be better.

*

A/N : MPMMN special chapter. May part 2 'to guyth.

Special Chapter IV - Part 2

Chelsea POV

"Janna, sure ka ba na dito muna ako sa mansyon nyo?"

Ngumiti si Janna. "Oo naman best. Di ako papayag na saktan ka ng asawa mo. Pepektusan ko talaga yun eh. Aba! Akalain mong nasa labas pa. Hindi daw sya aalis dun hangga't di kita nilalabas."

Naaawa naman ako kay Kyle. Nasa labas sya. Mali sya, nasaktan nya ako pero madaling lumambot ang puso ko pagdating sa kanya.

"Beb!"

O___O

Hala andyan na si Adrian. Napatayo kami ni Janna nang dumating dito sa salas si Adrian--mukhang galit.

"What the hell are you doing Janna? Bakit nasa labas si Kyle?! Sabi ng katulong, bawal daw papasukin?!"

"Beb kase nag-away sila ni Best. Sinaktan nya si Best kaya di ako papayag na makita nya si Best."

Tumingin sa'ken si Adrian. "Chelsea, sa tingin mo tama 'to? Mag-usap kayong mag-asawa. Hindi ganito. Fvck! Papapasukin ko si Kyle."

"Wag beb! Bestfriend ko ang pinoprotektahan ko dito!" Sigaw ni Janna.

"Pwes bestfriend ko din ang hindi mo pinapapasok sa pamamahay natin."

Hala. Mag-aaway pa sila nang dahil sa'ken. Di ako mapakali tuloy.

"Adrian, sorry.."

"Mag-usap kayong mag-asawa." Cold na sabi nya.

"Panira ka talaga ng plan, beb! Aish." Pagmamaktol ni Janna.

Wala pang isang saglit at nakapasok na si Kyle. Galing sa pag-iyak ang mga mata nya at mabilis na tumakbo sa'ken para yakapin ako.

"Baby ko..fvck! Sorry. I love you.."

Naiyak ako. Ano bang nangyari sa'men? Bat kami humahantong sa ganito? Kung kelang lima na ang anak namin.

"Kyle sinaktan mo ang bestfriend ko!" Sigaw ni Janna. "Sa tingin mo tama yun ha?"

"Beb! Wag mong sigawan ang bestfriend ko!" Sigaw naman ni Adrian.

"Ano? Kakampihan mo yang Kyle na yan kahit sinaktan nya si Chelsea?!"

"Hindi sa ganon!"

Bumitaw ako kay Kyle. "Ayoko sayo..ayoko na.." Umiiyak na sabi ko.

He cupped my cheeks and kiss my lips. "No, baby ko. I love you. You love me. We are happy family. With a great big hug and a kiss from me to you. Won't you say you love me too?"

Napatigil ako sa pag-iyak. Parang kanta ni barney yun ah?

Nag-angat ako ng tingin kina Janna at Adrian at..

O_O

Naka-costume na sila ng Dora and boots. Teka? Bat ang gulo? Binalik ko tingin ko kay Kyle at OWMAYGAD! Nakacostume na sya ng barney!

"Kyle?! Barney? Anong nangyari?!"

"Ako na si Barney!" Sigaw ni Kyle.

Shit! What's happening. Si Kyle barney na? Bakla na sya? No I kennat!

"AHHHHHHHHHH!!!!!"

boogsh

"FVCK! Baby ko. Gising!"

Nagmulat ako ng mata ko. Nasa sahig ako, nakahiga at mukha ni Kyle ang bumungad sa'ken. Hindi na sya naka-barney costume.

"Kyle?"

"Fvck! Call me gummy bear. Nananaginip ka. And as you can see, nahulog ka na sa kama."

Panaginip? Saan nagsimula ang panaginip ko? So hindi totoo yung annulment? Yung sampal? Yung bar? Yung kay Janna? At yung barney?

"Kyle anong huli nating ginawa?" Tanong ko. Baka kase totoo yung unang part eh.

He grins at me. "You really wanna know, baby ko?"

O____O

"Bakit, gummy bear?"

"Fvck. The last thing we did is we made love last night. And ngayong umaga, sige. Isa pang round."

O____O

So.. "Walang annulment?"

"What the fvck are you saying baby ko? Annulment?"

"Pinapapirma mo ako ng annulment papers.."

"FVCK! Do you think magagawa ko 'yun, baby ko? Shit! Kahit kelan di ako hahawak ng annulment papers. Remember, we're together forever? I will love you for the rest of my life. And I won't leave you, never."

Gumaan bigla ang pakiramdam ko. So di nga totoo yung nangyari na sinampal pa nya ako. Panaginip

lang pala. Shit! Akala ko totoo.

"Baby ko, why?"

"Nanaginip lang pala ako." Sambit ko.

"Yes! Sa panaginip lang mangyayari 'yun baby ko. So don't worry, okay? I love you so much that I can stay with you forever."

"May forever ba, gummy bear?"

"It depends, baby ko. Wala kaseng forever, literally. Pero tayo, I know we're together forever, it means, kahit sa kabilang buhay, mananatili tayo sa isa't isa. Nasisiguro ko 'yun sayo baby ko." He said then kiss my lips.

"Gummy bear.." Napaka-sweet talaga ng asawa ko. At may paninindigan sya.

"Oh? Bat umiiyak ka? Fvck. Pinaiyak ba kita? Tell me, anong ginawa ko sa panaginip mo?"

Nag-pout ako. Pina-upo na kase ako ni Kyle sa lap nya. Para tuloy akong bata na kandong nya.

"Gummy bear. Sinampal mo ako sa panaginip ko tapos wala ka ng pakialam saken. Pinalayas mo din ako dito sa mansyon."

Nag-poker-face si Kyle. "Do you think, I can do that to you, baby ko? Damn it! Mas mauuna kong saktan ang sarili ko bago ikaw. Hinding hindi ko magagawa 'yun sa babaeng nagpapasaya at nagmamahal sa'ken. Sa babaeng kumukumpleto sa buhay ko."

Waaaa! Ang sweet ni Kyle. Shemay! After ng nakakagimbal na panaginip, heto at jusko! Ang daming puso.

"Kanina naiiyak ka then now, you're smiling. Baliw ka, baby ko."

"Baliw sa'yo, gummy bear." Nakangiting sabi ko.

"Gusto mo baliwin pa kita lalo?"

"Huh?"

"You know. Our favorite place--our bed. You were wild last night. Effective pala yung red bottle na binenta sa'ken ni Fancy Abellano."

O____O

"Ano? Red bottle? Binenta? Ni Fancy?"

Ngumisi si Kyle. "Lakas mag-sales talk ng batang yun. Binentahan nya ako ng red bottle, gamitin ko daw sayo para maging wild ka kapag nagme-make love tayo. Tested na daw 'yun ni Lance kaya tinanong ko si Lance, and there! May isang box palang stock si Lance. Nakumbinsi na akong bumili."

Namula yata ang buong mukha ko! Jusko! May red bottle na nag-e-exist pala at galing pa sa bubwit na si Fancy Abellano?

"Paanong.."

"Hinalo ko sa wine na pinainom ko sa'yo kagabi, baby ko. Fvck! Ang bilis ng effect. You seduced me. You even dance in front of me!"

O___O

"Ano?"

"Yes, baby ko. Sexy dance. And you're fvcking hot. Next time, bibili pa ako ng red bottle. Wahaha!"

Omg! Ako, nag-sexy dance? I kennat! Di ko ma-imagine? Anong klaseng red bottle ba yun?

"Magkano mo binibili kay bubwit 'yun?" Tanong ko.

"1.5 million, one botlle."

O_____O

"Anong sabi mo?! Million? Gumastos ka ng million para sa pulang bote na sinasabi mo? God! Kyle.."

"Why, baby ko? I have tons of money. Yung 1.5 million na 'yun, kinikita ko lang 'yun sa loob ng limang minuto. And besides, effective ang red bottle na 'yun. You made me come, five times baby ko."

"Five times?!"

"Yes. Nakakagulat 'diba, baby ko? Wahaha! I love you."

Nahihiya talaga ako! Shemmmssss! Ano ba yan! Lagot sa'ken si little devil. Pati ba naman asawa ko igagaya kay Abellano na pervert sa asawa nya! Aish. At jusko! Ang batang 'yun, ka-bata bata pa!

"I love you too gummy bear." Sagot ko pero deep inside, di pa ako maka-move-on sa red bottle na yun. Hindi ko matandaan ang ginawa namin kagabi!

"And, oh baby ko. Hehehehe."

"Anong tinatawa-tawa mo, gummy bear? Yang ganyang tawa mo, ibig sabihin may ginawa kang kalokohan eh."

"May video ako nung sexy dance mo last night. I'll watch it every night. Fvcking hot, baby ko."

>.<

"Waaa! Akina, gummy bearr! Burahin mo! Nakakahiyaaaaa!"

Tawa ng tawa si Kyle hanggang mapahiga siya sa kama at ako ay nasa ibabaw nya dahil nakaupo ako sa lap nya kanina.

"Baby ko. Kasiyahan ko 'yun! Minsan lang yun sa talambuhay ko na ang asawa ko ay nag-sexy dance sa harap ko! Tch."

"No! Akina. Burahin mo na!"

Hinila nya ako sa waist ko dahilan para mapadapa ako sa ibaba nya. Napalunok ako. Shemsss!

"Baby ko.." He said with his husky voice.

Naku po! Inaakit ako ng asawa ko. "G-gummy bear.."

"Mahal na mahal kita. Kulang ang salitang 'mahal' para ma-describe ko kung gaano kita ka-mahal, baby ko. Ikaw ang buhay ko. Ikaw ang lahat saken. Ayokong mawala ka saken. Lahat ng bagay, kaya kong

gawin para sayo."

"Gummy bear.." Malabo ngang mangyari yung napanaginipan ko. Masyado akong mahal ni Kyle.

May naalala nga pala ako. Gusto kong itanong sa kanya.

"Gummy bear, nagiging demanding na ba ako? Tulad ng pag oras na dapat ng uwi mo at wala kapa, tinatawagan kita para tanungin ka ba't di ka pa umuuwi."

He smiled at me. "Actually, gusto ko nga yun, baby ko. Sa ganoong paraan ko mas nararamdaman that you cares for me. That you're longing for me. That you want me to go home for you to see me, to talk with me. And I love those moves of you, Mrs. Shin-Woo. I love you. And as answer to your question, no. You're not demanding. You're just being concern and lovable wife."

Oh God! Speechless. I thought that dream is true. Akala ko nagbago na si Kyle but I was wrong.

Kyle will always be Kyle--my ideal husband. And an ideal man of everyone, agree with me?

"Gummy bear ko, I love you. I love you. Gumaan ang pakiramdam ko at mas ramdam na ramdam ko pa ang genuine love mo for me. I'm one hell of a lucky girl to have you."

"No, baby ko. I'm fvking lucky to have you here on my top. Wahaha!"

"Waaaa! Gummy bear!" Ang lantod ni Kyle!

"Wahahaha! Com'on baby ko. Let's stop the drama. Let's get it on, and start our sixth baby."

O____O

"Gummy bear!"

Sa isang iglap ay napagpalit nya ang posisyon namin. Siya na ang nasa ibabaw ko. At jusko! Ngumingisi ang asawa ko.

At kapag ngumingisi ang isang KYLE SHIN-WOO sa akin? Alam na!

*

A/N : Done. So ang nangyari sa part 1, ay full panaginip lang. Hahahaha! May forever. Di naman talaga ako bitter. Kunwari lang yun. Pano ako magiging bitter kung madami akong supply ng chocolates? Wahaha!

Kung wala mang forever talaga in real life, at least kahit sa mga fictional characters ko ay mag-exist ang TRUE LOVE and FOREVER.

Goodnews pala. Soon on tv5 ang MPMMN 2: Still in love so sana ay suportahan nyo like sa pagsupport nyo sa book 1. Love you all <3